


# MANWAL SA PAGSASANAY

## Batayang Pagsasanay sa NAKABATAY-SA-KARAPATANG MAKATAONG PAGTUGON

### MANWAL PARA SA TAGAPAGSANAY

CONSORTIUM ON HUMANITARIAN ACTION & PROTECTION
CDP CENTER FOR DISASTER PREPAREDNESS
PHILIPPINE PREPAREDNESS PARTNERSHIP
APP ASIAN PREPAREDNESS PARTNERSHIP
BILL & MELINDA GATES foundation
adpc

Manwal sa Pagsasanay
Batayang Pagsasanay sa
NAKABATAY-SA-KARAPATAN NA HUMANITARIAN RESPONSE

Manwal para sa mga Tagapagsanay

© ADPC 2019
Bangkok, Thailand

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa  app@adpc.net

Ang dokumentong ito ay nakabatay sa Four Humanitarian Principles, Nine Humanitarian Standards Christian Aid Rapid Response Team - Humanitarian Orientation for Partners' Empowerment (49CARRAT-HOPE), Manwal para sa mga Tagapagsanay na pinaunlad ng Christian Aid (CA). Ang mga pagbabago ay ginawa batay sa mga aral na natutunan sa panahon ng Consortium on Humanitarian Action and Protection (CHAP) mula sa mga aktibidad at pagsasanay na isinagawa sa lugar. Ang CHAP ay binubuo ng Buklod Tao, Inc. (Buklod Tao), Balay Rehabilitation Center (BALAY), Center for Disaster Preparedness (CDP), at Camarines Norte Provincial Disaster Risk Reduction at Management Office (PDRRMO).

Ang Pilipinas, bilang isa sa mga bansa sa daigdig na pinakamadalas na dumaranas ng disaster, ay napili bilang isa sa mga unang kasapi ng Asian Preparedness Partnership (APP). Ang inisyatiba ng APP ay suportado ng Asian Disaster Preparedness Center (ADPC). Sa pambansang antas, naging daan ang APP sa pagkakatatag ng Philippine Preparedness Partnership (PHILPREP), kung saan natitipon ang mga pangunahing humanitarian stakeholders tulad ng Center for Disaster Preparedness (CDP) na kumakatawan sa civil society at mga organisasyong humanitarian, ang Office of Civil Defense (OCD) para sa pamahalaan, at ang Philippine Disaster Resilience Foundation (PDRF) para sa pribadong sektor.

Ang Manwal para sa mga Tagapagsanay na ito ay higit pang pinaunlad ng CDP sa ilalim ng proyektong "Pagpapalakas ng Kapasidad sa Emergency Response ng Lokal na  Humanitarian Actors sa Asya" na pinondohan ng Bill and Melinda Gates Foundation (BMGF) sa pamamagitan ng ADPC at APP.

# NILALAMAN


| | | |
|---|---|---|
| *Acronyms* | | |
| *Pangkalahatang Pagtanaw* | | 1 |
| Modyul 0 | **PAGBUBUKAS NG TRAINING WORKSHOP** | **5** |
| **1** | **KONTEKSTO AT OVERVIEW NG MAKATAONG PAGTUGON** | **7** |
| Modyul 1 | **PANGKAGIPITANG TUGON SA KONTEKSTO NG PAGBABAWAS SA RISGO NG DISASTER AT PAMAMAHALA** | **8** |
| *Sesyon 1.1* | Mga Susing Terminolohiya, Konsepto, at mga Patakaran sa Makataong Pagtugon | 9 |
| *Sesyon 1.2* | Paglulugar ng Makataong Pagtugon sa Balangkas ng DRRM | 32 |
| *Sesyon 1.3* | Makataong Pagtugon Gamit ang Pamamaraang CBDRRM | 39 |
| **2** | **PANGKAGIPITANG PAGTUGON** | **42** |
| Modyul 2 | **PAGTATASA SA PANGKAGIPITANG PAGTUGON** | **43** |
| *Sesyon 2.1* | Simulation | 44 |
| *Sesyon 2.2* | Input-Pagbubuod | 47 |
| Modyul 3 | **PAGPOPROGRAMA NG PANGKAGIPITANG PAGTUGON** | **54** |
| *Sesyon 3.1* | Pangunguna ng Proteksyon, Gender, at Ingklusyon sa Pagpoprograma ng Makataong Pagtugon | 55 |
| *Sesyon 3.2* | Pagpoprograma ng mga Batayang Serbisyo: Pagkain, Non-food Items (NFIs), WASH, at Tirahan | 58 |

| | | |
|---|---|---|
| *Sesyon 3.3* | Pagporograma ng mga Espesyal na mga Serbisyong Teknikal: Suportang Psychosocial, Prosesong Pangkapayapaan | 67 |
| Modyul 4 | **OPERASYON SA PAMAMAHALA NG PANGKAGIPITANG PAGTUGON** | **75** |
| *Sesyon 4.1* | Pagpili ng Beneficiary | 76 |
| *Sesyon 4.2* | Pamamahala sa Pagtugong Pangkagipitan | 81 |

| | | |
|---|---|---|
| **3** | **HUMANITARIAN RESOURCES** | **91** |
| Modyul 5 | **MAPAGKUKUNAN NG MGA TAO** | **92** |
| *Sesyon 5.1* | Prinsipyo ng Pangangalaga sa Tungkulin | 93 |
| *Sesyon 5.2* | Pangangalaga sa Sarili at sa Pangkat | 98 |
| Modyul 6 | **RE-ENTRY PLANNING** | **103** |

| | | |
|---|---|---|
| **4** | **PAGSASANAY NG MGA TAGAPAGSANAY** | **106** |
| Modyul 7 | **PRACTICUM** | **107** |
| *Sesyon 7.1* | Adult Learning | 108 |
| *Sesyon 7.2* | Practicum | 114 |

| | |
|---|---|
| *ANNEX* | 120 |

# ACRONYMS

| | |
|---|---|
| **49 CARRAT-HOPE** | Four Humanitarian Principles, Nine Humanitarian Standards Christian Aid Rapid Response Team – Humanitarian Orientation for Partners' Empowerment |
| **ALNAP** | Active Learning Network for Accountability and Performance in Humanitarian Action |
| **Balay** | Balay Rehabilitation Center |
| **Buklod** | Buklod Tao, Inc. |
| **CA** | Christian Aid |
| **CARRAT** | Christian Aid Rapid Response and Assessment Team |
| **CBDRRM** | Community-Based Disaster Risk Reduction and Management |
| **CDP** | Center for Disaster Preparedness |
| **CEDAW** | Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women |
| **CHAP** | Consortium on Humanitarian Action and Protection |
| **CHP** | Core Humanitarian Principles |
| **CHS** | Core Humanitarian Standards |
| **CRC** | Convention on the Rights of the Child |
| **CRM** | Complaints and Response Mechanism |
| **CSO** | Civil Society Organization |
| **DRRM** | Disaster Risk Reduction and Management |
| **EWS** | Early Warning System |

| | |
|---|---|
| **HOPE** | Humanitarian Orientation on Partner Empowerment |
| **ICRC** | International Committee of the Red Cross |
| **IDP** | Internally Displaced Person/s |
| **IFRC** | International Federation of Red Cross and Red Crescent Societies |
| **IHL** | International Humanitarian Law |
| **INGO** | International Non-Governmental Organization |
| **IRR** | Implementing Rules and Regulations |
| **LDRRMC** | Local Disaster Risk Reduction and Management Council |
| **LGUs** | Local Government Units |
| **MIRA** | Multi-Cluster Initial and Rapid Assessment |
| **MISP** | Minimum Initial Service Package |
| **NDCC** | National Disaster Coordinating Council |
| **NDRP** | National Disaster Response Plan |
| **NDRRMC** | National Disaster Risk Reduction and Management Council |
| **NFI** | Non-Food Items |
| **NGO** | Non-Governmental Organization |
| **PDNA** | Post Disaster Needs Assessment |
| **PDRA** | Pre-Disaster Risk Assessment |
| **PDRRMO** | Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office |
| **PO** | People's Organization |
| **PVCA** | Participatory Vulnerability and Capacity |

| | |
|---|---|
| **RA** | Republic Act |
| **RBA** | Rights-Based Approach |
| **RBHR** | Rights-Based Humanitarian Response |
| **RDANA** | Rapid Damage Assessment and Needs Analysis |
| **RH** | Reproductive Health |
| **SFDRR** | Sendai Framework for Disaster Risk Reduction |
| **SSS** | Social Security System |
| **UNPID** | United Nations Guiding Principles on Internal Displacement |
| **UNISDR** | United Nations International Strategy for Disaster Reduction |
| **WASH** | Water, Sanitation, and Hygiene |



# PANGKALAHATANG PAGTANAW

Ang Consortium on Humanitarian Action and Protection (CHAP) ay binuo nuong 2016 para ang mga kasapi nito ay kolektibong makapagbahagi at mainstitusyonalisa ang mabubuting praktika sa nakabatay-sa-karapatang makataong pagtugon sa kani-kanilang mga lugar. Isa sa sa susing interbensyon ng CHAP ay ang probisyon ng Basic Training on Rights-Based Humanitarian Response (RBHR) sa mga manggagawa at boluntir na tutugon sa mga yunit ng mga lokal na pamahalaan (LGUs), non-government organizations (NGOs), at people's organizations (POs).

# ADHIKAIN AT MGA LAYUNIN NG PAGSASANAY

Ang Pagsasanay para sa Rights-Based Humanitarian Response (RBHR) ay Ang manwal na ito ay nakadisenyo para gabayan ang mga kalahok sa RBHR, gayundin ang mga nakapagtapos na ng pagsasanay na nagnanais na maisalin ang kanilang mga natutunan sa iba, kasama ang mga nasa adbokasiya, at mga kasapi ng local disaster risk reduction and management council (LDRRMC), at mga boluntir sa kanilang lokalidad.

1. Ilarawan ang pangkagipitang pagtugon sa konteksto ng mga karapatang pantao at sa balangkas ng pagpapaliit ng risgo sa disaster at pamamahala (DRRM);

2. Ipaliwanag ang proseso ng pangkagipitang pagtatasa, pagpoprograma ng makataong pagtugon, at pamamahala sa pangkagipitang tugon na konsistent sa mga prinsipyo at pamantayang humanitarian at RBA; at

3. Talakayin kung paanong ang mga manggagawang humanitarian ay mapakikilos, maaalagaan, at masusustina para sa makataong pagtugon.

Ang manwal na ito ay nakadisenyo para gabayan ang mga kalahok sa RBHR, gayundin ang mga nakapagtapos na ng pagsasanay na nagnanais na maisalin ang kanilang mga natutunan sa iba, kasama ang mga nasa adbokasiya, at mga kasapi ng local disaster risk reduction and management council (LDRRMC), at mga boluntir sa kanilang lokalidad.

# TAGAMASID NG PAGSASANAY

Ang pangunahing mga tagamasid sa manwal na ito ay ang mga *stakeholders* na nasa makataong pagtugon, tulad ng mga kasapi ng barangay, pambayan, o panlalawigang konseho ng DRRM, CSOs, pribadong sektor, at mga boluntir sa komunidad/lokalidad.

Kung ang mga kalahok ay nakapagsanay na sa CBDRRM, maaaring hindi na nila kailanganing kumunsumo ng malaking oras sa sesyon sa CBDRRM na nasa Modyul 1. Ang maikling repaso sa *approach* ay makasasapat na. Gayunpaman, maaaring kailanganin pa ring tukuyin ang krusyal na papel ng CBDRRM *approach* sa mga prosesong tinalakay sa ilalim ng Modyuls 2 hanggang 4 (Pagtatasang Pangkagipitan, Pagpoprogramang Pangkagipitan, at Operasyon ng Pamamahala sa Pagtugong Pangkagipitan).

# NILALAMAN NG PAGSASANAY AT PROSESO

Ang manwal ay binubuo ng tatlong mayor na bahagi at limang modyuls.

### UNANG BAHAGI: Ang Konteksto ng Pagtugong Pangkagipitan

Inilalatag sa bahaging ito ang batayan para sa sistematikong makataong pagtugon na tumatalima sa mga prinsipyo sa Pilipinas at sa buong mundo. Kasabay nito, inilulugar nito ang papel ng pangkagipitang tugon sa balangkas ng DRRM. Binubuo ito ng modyul sa Pagtugong Pangkagipitan sa Konteksto ng Pagpapaliit ng Risgo at Pamamahala sa Disaster (Module 1). Ang modyul ay may tatlong sesyon na nakatuon sa pagkagipitang tugon sa tanglaw ng (1) mga susing katawagan at patakarang *humanitarian*; (2) ang Balangkas ng DRRM; at (3) Pangkomunidad na Pagpapaliit ng Risgo at Pamamahala sa Disaster (CBDRRM).

### IKA-2 BAHAGI: Pagtugong Pangkagipitan at Maagang Rekoberi

Ang bahaging ito ng pagsasanay ay para makapagbigay ng balangkas sa pagdidisenyo at pagpapatupad ng mga mekanismo at interbensyon sa pangkagipitang pagtugon. Binubuo ito ng tatlong modyuls. Ang modyul sa Pagtatasang Pangkagipitan (Modyul 2) ay nagdidiin sa kahalagahan ng pangangalap at pag-aanalisa ng mga mahahalagang datos sa disaster para mataya ang mga kinakailangang pagtugon sa mga apektadong populasyon. Sinusundan ito ng modyul sa Pagpoprogramang Humanitarian (Modyul 3). Binibigyan nito ang mga kalahok ng mga kasangkapan at opsyon na gagabay sa kanila sa pagdidisenyo ng mga hakbang sa pangkagipitang tugon. Ang mga disenyong ito ay magsisilbing batayan sa isusumiteng mga panukalang proyekto sa mga *donor agencies*. Mula sa nakuhang kaalaman sa Modyul 3, ang modyul sa Pamamahala sa Makataong Pagtugon (Modyul 4) ay nagbibigay naman ng mga praktikal na gabay sa pamamahala sa mga operasyon ng pagtugon.

## IKA- 3 BAHAGI:  Rekursong Humanitarian

Ang mayor na seksyon sa Pagsasanay sa RBHR ay nakatuon sa mga rekursong humanitarian (Modyul 5). Nag-iisa ang modyul sa bahaging ito. Ang ika-3 Bahagi ay nagbibigay kaalaman kung paano mapangangalagaan at masusustini ang rekursong tao para sa makataong pagtugon.

Ang proseso ng pagsasanay ay nilagom sa Figure 1.

Ang pagsasanay sa bawat araw ay binubuksan sa pamamagitan ng mga paunang aktibidad para maitakda ang tema ng araw. Ang mga aktibidad ay mga ritwal at pampasigla, repaso sa mga naging matingkad na aral sa katatapos na pagsasanay (maliban sa Unang Araw), at magbibigay ng pasilip sa mangyayari sa sesyon ng araw na nakasalang. Ang huling sesyong pagsasanay ay nakalaan sa pagsasagawa ng mga kalahok ng re-entry planning kung saan ibabalangkas ng mga kalahok ang kanilang mga natutunan at ilalapat nila sa kani-kanilang mga LGUs/erya.

Ang nilalaman ng mga modyuls ay ayon sa nakabatay-sa-mga-karapatang (rights-based) approach (RBA). Kaugnay ng proseso, halos lahat ng modyul ay nang-eengganyo ng paglahok (participatory methods) at group work para mapagaan ang pagkatuto, tulad ng:

- Pangkatang ehersisyo para maipakilala sa mga kalahok ang mga sesyon/konsepto at magamit ang RBA, mga prinsipyo at pamantayang humanitarian, gayundin, ang mga kasangkapan sa pangkagipitang pagtugon at pamamahala;

- Plenaryo para sa bahaginan ng mga indibidwal sa mga insights at resulta ng mga pangkatang ehersisyo; at

- Maikling input ng tagapagpadaloy at tagapagsalita para magkapantay-pantay sa pag-unawa sa mga konsepto at makapagbahagi ng mga mabubuting praktika.

May apat na araw na nakalaan para sa Pagsasanay sa RBHR. Ganunpaman, maaari namang gumawa ang tagapagsanay ng iskedyul, nilalaman, at proseso na nakatugma sa pangangailangan ng mga kalahok. Isang hamon ang pagtitimpla ng oras dahil halos lahat ng mga modyul ay nangangailangan ng pangkatang ehersisyo. Kaya pinakamainam na gumawa ng mga handouts para mabawasan ang oras sa inputs, at magsilbi ring sanggunian ng mga kalahok sakali mang maubos ang oras para sa talakayan sa panahon ng mga sesyon.

## Sertipikasyon ng Kurso

Ang Center for Disaster Preparedness ay nagbibigay ng mga 'certificates' sa mga lumahok, ito ay katibayan na sila ay nakadalo sa lahat ng araw ng pagsasanay, lumahok sa lahat ng palihan (workshops), nakakumpleto ng pre/ post-test, nakapirma sa evaluation form, nakalahok sa pagbubuo ng action plan/re- entry plan, at nakibahagi sa mga praktikal na demonstrasyon para sa Pagsasanay ng mga Tagapagsanay.



**Figure 1. Batayang Pagsasanay sa Rights-Based Humanitarian Response**

## INTRODUCTION AND PRELIMINARIES

## CONTEXT AND OVERVIEW OF HUMANITARIAN RESPONSE

Emergency response in the context of disaster risk reduction and management

## EMERGENCY RESPONSE

Emergency response assessment
Emergency response programming
Emergency response management operations

## HUMANITARIAN RESOURCES

Human resources

## ACTION PLANNING

# Modyul 0

# PAGBUBUKAS NG PALIHAN SA PAGSASANAY (TRAINING WORKSHOP)

## Layunin sa Pag-aaral

Sa dulo ng sesyon, makapaglilinaw na ang mga kalahok ng batayan, layunin, saligang laman, at iskedyul ng Batayang Pagsasanay Hinggil sa Nakabatay-sa-Karapatang Makataong Pagtugon.

## Sulyap sa Sesyon

| Oras | Paksa | Pamamaraan |
|---|---|---|
| 30 min | Aktibidad 1: Pagpapakilala ng mga Kalahok | Pambungad na Laro Indibidwal na Pagpapakilala |
| 15 min | Aktibidad 2: Pagtatakda ng mga Inaasahan | Indibidwal na Reflection |
| 15 min | Aktibidad 3: Buod ng Pagsasanay | Talakayang Plenaryo |

**Duration**

60 min

**Materials**

- Metacards
- Markers
- Manila papers
- Masking Tape
- Laptop
- LCD Projector

**Preparation**

Ihanda ang 4 na metacards tatakan ng: 1) Ano ang Gusto kong Matutunan, 2) Ano ang Makapipigil sa Pagkatuto, 3) Ano ang Makatutulong sa Pagkatuto, at 4) Ekspektasyon mula sa Tagapagpadaloy, ayon sa pagkakasunud-sunod. Gagamitin ito sa ehersisyo tungkol sa "Pagtatakda ng Inaasahan".

Ihanda ang PowerPoint presentation para sa overview pagsasanay.



# Proseso

### Pagpapakilala sa mga Kalahok


- Sabihan ang mga kalahok na ipakilala ang sarili at organisasyong kinapapalooban. Bago ang pagpapakilanlanan, iminumungkahing magsagawa muna ng mga (sensitibo sa kultura na) laro at aktibidad para mapanatag ang mga kalahok.

### Pagtatakda ng mga Ekspektasyon

- Ipasulat sa mga kalahok ang mga inaasahan nila sa metacards na may color codes:
- Rosas na metacard: Ano ang inaasam nilang matutunan sa pagsasanay
- Asul na metacard: Ano ang maaaring makahadlang sa pagkatuto
- Dilaw na metacard: Ano ang makapagpapadali ng pag-aaral
- Berdeng metacard: Ano ang inaasahan nila sa mga tagapagpadaloy
- Ipapaskil ng mga kalahok ang kanilang mga sagot sa puting pisara sa harapan. Pagsasama-samahin ang magkakatulad na ideya.
- Lagumin ang mga ekspektasyong nakapaskil at iugnay ito sa mga layunin ng pagsasanay, daloy, at mga adyasments na maaaring gawin ng mga tagapagsanay/secretariat para makamit ang mga ekspektasyon.

### Masaklaw na Tanaw sa Pagsasanay

- Talakayin ang rationale, layunin, pagpili ng mga kalahok, nilalaman, at proseso ng pagsasanay.
- Himukin ang mga kalahok na magtanong o at humingi ng paglilinaw sa nilalaman at proseso ng pagsasanay.
- Arawang feedback (bull's eye, social media icons), ebalwasyon sa kurso, pagbibigay ng mga certificates



1

Unang Bahagi

# KONTEKSTO AT OVERVIEW NG MAKATAONG PAGTUGON

# Modyul 1

## ANG PAGTUGONG PANGKAGIPITAN (EMERGENCY RESPONSE) SA KONTEKSTO NG PAGBABAWAS NG RISGO AT PAMAMAHALA SA DISASTER (DRRM)

### Sesyon

**Sesyon 1.1**

Mga Susing Katawagan, Konsepto at Patakaran sa Makataong Pagtugon

**Sesyon 1.2**

Paglulugar ng Makataong Pagtugon sa Balangkas ng DRRM

**Sesyon 1.3**

Makataong Pagtugon Gamit ang CBDRRM Approach

Sesyon 1.1

# MGA SUSING KATAWAGAN, KONSEPTO, AT PATAKARAN SA MAKATAONG PAGTUGON

## Layunin ng Pag-aaral

Sa dulo ng sesyon, magagawa na ng mga kalahok na:

- Ipaliwanag ang kahulugan ng mga katawagan at konsepto ng nakabatay-sa-karapatan na makataong pagtugon; at
- Talakayin ang mga prinsipyong makatao at buod ng mga pamantayang makatao.

## Sulyap sa Sesyon

| Oras | Paksa | Pamamaraan |
|---|---|---|
| 30 min | Mga Isyu at Usapin sa Karapatang Pantao sa Panahon ng Disaster | Role Playing |
| 30 min | Mga Susing Katawagan at Konsepto sa Makataong Pagtugon | Talakayang Interaktib |
| 15 min | Mga Ligal na Instrumento at mga Susing Patakaran sa Pangangalaga ng mga Karapatang Pantao | Talakayan sa Input |
| 45 min | Prinsipyong Makatao at Buod ng mga Pamantayang Makatao | Talakayang Plenaryo |

**Duration**

120 min

**Materials**

Metacards
Markers
Manila papers
Masking Tape
Laptop
LCD Projector

**Preparation**

Ihanda ang PowerPoint presentation sa mga Susing Katawagan at Konsepto sa Makataong Pagtugon at mga Susing mga Patakaran sa Proteksyon ng mga Karapatang Pantao.

# Proseso

### Mga Isyu at Usapin sa mga Karapatang Pantao sa Panahon ng Disaster

**30 min**

- Hatiin ang mga kalahok sa tatlong grupo. Sabihan ang lahat ng grupo na ilarawan ang mga isyu at usapin sa karapatang pantao na nakita o narinig nila sa mga sumusunod na kalagayan:
    - Group 1: Kapag may Disaster at Pagpapalikas (Displacement)
    - Group 2: Kapag may Makataong Pagtugon sa Evacuation Center
    - Group 3: Sa Panahon ng Resettlement, Pagbalik, at Integrasyon
- Bigyan ang bawat grupo ng tig-3 minuto para maghanda at tig-2 minuto para ilatag ang kalagayan sa grupo.
- Pagkatapos ng bawat presentasyon, itanong ang mga sumusunod:
    - Ano ang mga isyu at paglabag sa mga karapatang pantao ang mga naihapag?
    - Bakit nangyayari ito?
    - Paano ito mapakikitunguhan?
- Patingkarin ang mga karaniwang paglabag at mga posibleng gawing hakbang.

### Mga Susing Katawagan at Konsepto sa Makataong Pagtugon

**30 min**

- Ilinaw at talakayin ang mga sumusunod na katawagan. Gumamit ng mga halimbawa at larawan.
    - **Makatao (Humanitarian) at Pakikipagkapwa** – Idiin na ang pagiging makatao ay likas sa ating kultura at makikita ito sa konsepto natin ng "kapwa" o ang pananalamin ng sarili sa pamamagitan ng iba.
    - **Karapatang Pantao** – Unibersal na legal na mga karapatan o mga garantiya na nagpoprotekta sa mga indibidwal at grupo laban sa aksyon at hindi pag-aksyon (omission) na nakapipigil sa pundamental na mga kalayaan, karapatan, at dignidad ng tao.
    - **Pagpapalikas** – Pagpapalikas/pag-aalis mula sa isang lugar tungo sa ibang lugar.
    - **Internally Displaced Persons (IDPs)** – Mga tao o grupo ng mga tao na napwersa o naobligang lumikas o umalis ng kanilang tahanan o tirahan, sa partikular ay, dahil sa, o para maiwasan ang, armadong labanan, kalagayan ng isang pangkalahatang karahasan, mga paglabag sa karapatang pantao, o likas/ gawa-ng tao na mga disaster, at yaong hindi pa tumatawid sa mga kinikilalang hangganan sa daigdig.
    - **Nakabatay-sa-karapatan na Pamamaraan o Rights-Based Approach (RBA)** – Isang approach na nakabatay sa pamantayan ng karapatang pantao sa daigdig at nakatutok sa pagpapatupad ng pagtataguyod at pagpoprotekta nito.
    - **Proteksyong Makatao** – Pagsisikap na protektahan ang pundamental na kagalingan ng mga indibidwal.



- **Aksyon/Tugong Makatao** – Naglalayong sumagip ng buhay, mapagaan ang mga pagdurusa at mapanatili ang dignidad ng tao sa panahon at pagkatapos ng mga krisis na likha ng tao, at disaster na bunga ng mga likas na bantang panganib, gayundin para mapigilan at mapalakas ang kahandaan sa sandaling ang mga ito ay maganap.
- **Batay-sa-karapatan na Makataong Pagtugon** – Inilalagay nito ang proteksyon at realisasyon ng mga karapatang pantao sa sentro ng pandaigdigang pagtulong, tinitiyak na ang mga plano, mga patakaran, at mga proseso ng pandaigdigang tulong ay nakakawing sa sistema ng mga karapatan at mga katumbas na mga obligasyon na itinindig ng pandaigdigang mga batas.

**Nota:** Banggitin din ang mga pangunahing disaster sa kasaysayan ng Pilipinas (Yolanda, Sendong, Ondoy, Lindol sa Bohol, Pagsabog ng Pinatubo, Tsunami sa Moro, 2008-Armadong Labanan sa ARMM, Pagkubkob sa Zamboanga, 2017 Gyera sa Marawi, atbp.) kung saan ang mga karapatang pantao ay nalabag o kung saan ang mga bumabalikat-ng-tungkulin ay nabigong protektahan ang mga apektado. Pinakamainam na banggitin ang mga disaster na naganap sa rehiyon kung saan ginaganap ang pagsasanay.




### Mga Ligal na Instrumento at mga susing Patakaran sa Makataong Pagpoprotekta ng mga Karapatan 15 min

- Idiin na ang proteksyon sa mga karapatang pantao ay nakasulat sa mga pandaigdigang patakaran na pinagtibay ng Pilipinas at nasa atin ding sariling Konstitusyon.
- Maigsing talakayin ang mga katangian na pumapaksa sa mga usaping naihapag sa role playing (hindi na kailangang magdetalye sa mga susing probisyon):
  - Pandaigdigang Batas Humanitarian (IHL)
  - Unibersal na Deklarasyon ng Karapatang Pantao
  - 1987 Konstitusyon ng Pilipinas
  - Mga Prinsipyong Gabay ng Nagkakaisang mga Bansa sa Internal Displacement (UNGPID)
  - Pandaigdigang Kasunduan sa mga Karapatang Sibil at Pulitikal

- Pandaigdigang Kasunduan sa Pangkabuhayan, Panlipunan, at Kultural na mga Karapatan
- Kumbensyon sa mga Karapatan ng Bata
- Kumbensyon sa Pagpawi ng Lahat ng Anyo ng Diskriminasyon sa Kababaihan
- Protokol II o Kumbensyon sa Geneva para sa Karagdagang Protokol nuong 12 Aug 1949, tungkol ito sa Proteksyon ng mga Biktima ng Non-International na Armadong Tunggalian
- Kumbensyon Laban sa Tortyur

## Mga Ligal na Instrumento at mga susing Patakaran sa Makataong Pagpoprotekta ng mga Karapatan 15 min

- Talakayin ang kasaysayan ng gawaing makatao. Ilatag ang mga pandaigdigang kaganapan na nakaimpluwensya sa gawain at mga prinsipyong makatao.
- Ang ebolusyon ng gawaing makatao ang naghapag ng konsepto ng makataong imperative o ang pagresolba sa pagdurusa ng tao saanman ito matagpuan, nang may partikular na atensyon sa pinakabulnerableng populasyon tulad ng mga bata, kababaihan, mga nataboy sa kanilang tirahan, at mga matatanda. Ang dignidad at mga karapatan ng lahat ng nangangailangan ng makataong pagtulong ay dapat na igalang at protektahan. Ang makataong imperative ay nagpapahiwatig ng karapatan na tumanggap ng makataong tulong at karapatang isulong ito. May mga pagkakataon na ang makataong access sa populasyong sibilyan ay itinatanggi ng mga nasa kapangyarihan dahil sa pulitikal at panseguridad na kadahilanan. Kailangang igiit ng mga makataong mga ahensya na magkaroon ng at magtuluy-tuloy ang access na ito sa lahat ng bulnerableng populasyon at makipagnegosasyon sa lahat ng partidong sangkot para magarantyahan ang access na ito.
    - Ang Pandaigdigang Batas Humanitarian at ang Deklarasyon ng Karapatang Pantao ay nagsisilbing pundasyon ng mga balangkas at pamantayan sa humanitarian response. Ang pagsasagawa ng humanitarian response ay maraming mga kahirapan (dilemmas). Ang mga pasya at hakbang ay hindi dapat magbubunga ng masama, nilayon man o hindi, sa mga apektadong komunidad.
    - Ang mga prinsipyong makatao (humanitarian) at ang mga karapatang pantao na (nakabatay-sa-karapatan na pamamaraan) ay dapat na laging gabay sa pagsasagawa ng makataong pagtugon. Ang apat na prinsipyong makatao ay:
        - **Pagiging Makatao (Humanity):** Kailangang resolbahin ang anumang pagdurusa ng tao saanman ito matagpuan. Ang layunin ng aksyong makatao ay para pangalagaan ang buhay at kalusugan at tiyakin na may paggalang sa tao. Ang bawat indibidwal ay may likas na dignidad, ito ang dahilan kung bakit tinitiyak ang pagbibigay tulong sa tao.
        - **Walang Pinapanigan (Neutrality):** Ang mga manggagawang makatao ay walang kinakampihan sa pagitan ng naglalabanan o hindi sumasangkot sa mga kontrobersyal na pulitikal, panlahi,





    pangrelihiyon, o idiolohikal na usapin. Ang pagiging tagos (transparent) at bukas ang pinakamahalaga para mapanatili ang neutralidad. Ang neutralidad sa isang organisasyong gumagamit ng nakabatay-sa-karapatang pamamaraan, ay hindi dapat na maging balakid sa pagharap sa mga isyu ng mga paglabag sa karapatang pantao. Ang neutralidad ay hindi nangangahulugan ng pagkunsinti sa kawalan-ng-pananagutan (impunity) o pagpipikit-mata sa malalalang paglabag sa karapatang pantao. Hindi nito inaalis ang pangangailangang umaksyon, sa pamamagitan man ito ng estratehikong adbokasya, simpleng presensya, protestang pulitikal/diplomatiko (demarche), lokal na negosasyon, at iba pa.

  - **Walang Kinikilingan (Impartiality):** Isinasagawa ang aksyong makatao dahil kailangan, at wala nang iba, inuuna ang pinakakagyat na mga kaso ng paghihirap (distress), at hindi namimili ng nasyonalidad, lahi, gender, relihiyon, uri, at opinyong pulitikal. Mga elemento: Walang diskriminasyon, Proportionalidad, Walang suhetibong pagtatangi.
  - **Kalayaan (Independence):** Ang aksyong makatao ay dapat na malaya sa pulitikal, ekonomiko, military, o iba pang mga layunin na maaaring tinatanganan ng mga aktor sa mga lugar na pinaglulunsaran ng aksyong makatao.

- Magpatuloy sa pagtalakay ng mga Core Humanitarian Standards (CHS).
- Bilinan ang mga kalahok na manatili sa kani-kanilang mga grupo. Ipamahagi ang papel na naglalaman ng siyam na komitment sa bawat grupo. Itoka ang tig-tatlong komitment sa bawat grupo. Atasan silang talakayin kung anong mga aktibidad ang maaaring gawin kaugnay ng mga nakahanay na mga prinsipyo. Sabihan sila na i-cluster nila ang kanilang mga tugon ayon sa bawat yugto ng pamamahala: Pagtatasa ng Pangangailangan at Pagsusuri, Pagpaplano, Mobilisasyon ng Rekurso, Pagpapatupad at Pagtugaygay, Pag-opereyt ng Pagrepaso-ng-Kasamahan (Peer Review) at Ebalwasyon.
- Idiin na ang CHS ang gumagabay sa kanilang mga hakbang, interbensyon, at pang-organisasyong sistema sa pagtugon sa mga pagkagipitan (emergencies). Tinitiyak ng CHS na ang mga komunidad ang sentro ng mga pagsisikap sa makataong pagtugon.
- Paalalahanan ang mga kalahok na ang proteksyon ay tungkol sa kaligtasan, dignidad, at karapatan ng mga tao sa mga apektadong komunidad o armadong labanan.

### Transisyon sa Sesyon 2

Ipaliwanag na ang pagsasanay ay magtutuon sa pagtataguyod at proteksyon ng karapatang pantao (lalo na ng IDPs) at sa mga probisyon sa mga kasunod na mga patakaran, prinsipyo, at pamantayan sa panahon ng pagtugon sa disaster. Gayunman, magagawa lamang ito kung naipwesto na ang epektibong mekanismo sa prebensyon, mitigasyon at kahandaan. Ang susunod na sesyon ay nakalugar sa nakabatay-sa-karapatan na makataong pagtugon sa konteksto ng DRRM sa Pilipinas.

# Mga Susing Katawagan at Konsepto sa Humanitarian Response

- Ang karapatang pantao ang unibersal na ligal na garantiya na nagpoprotekta sa mg indibidwal at grupo laban sa mga aksyon at at-hindi-pag-aksyon (omission) na nakasasagabal sa mga pundamental na kalayaan, karapatan, at dignidad ng tao. Ang batas sa karapatang pantao ay umuobliga sa pamahalaan, sa pangunahin, at sa iba pang bumabalikat-ng-tungkulin (duty-bearers) na gumawa ng mga tiyak na mga bagay, gayundin, pumipigil sa kanila na gumawa ng iba namang mga bagay (UNHCR, 2006).
- Mahalaga, ang karapatang pantao ay:
    - Unibersal—karapatan ng lahat ng tao mula nang isilang
    - Nakatutok sa likas na dignidad at pantay na pagpapahalaga sa lahat ng tao
    - Pantay, hindi napaghihiwa-hiwalay, at interdependent
    - Hindi maaaring tanggihan o tanggalin
    - Nagpapataw ng obligasyon na gawin at huwag gawin, sa partikular -- ng estado at mga tagapagpatupad ng estado
    - Ginagarantiyahan sa daigdig
    - May ligal na proteksyon
    - Pinuprotektahan ang mga indibidwal at, sa isang antas, ang mga grupo

### Mga Katangian ng Karapatang Pantao

- Rurok ng kolektibong mga pananaw, pagpapahalaga, at prinsipyo nang bawa't isa
- Sa lahat ng aspeto ng lipunan, ang karapatang pantao (rekisitos para mabuhay ng may dignidad) ay pundamental
- Mga larangang panlipunan na nangangailangan ng Mabuting Paggugubyerno
    - Pulitika
    - Sining
    - Palakasan
    - Negosyo
    - Pamumulis
    - Operasyong militar
    - Pagsasabatas (lokal at pambansa) / pagbubuo ng mga batas at patakaran
    - Pamamahala ng mga paaralan
    - Sistema ng pagbibigay hustisya
    - Buhay pamilya
    - Sektor pangkalusugan/panggagamot
    - Proteksyong panlipunan

- Dahil ang paggugubyerno ang sumasaklaw sa pag-regulate sa lahat ng larangang panlipunan, ang buong paggalang, pangangalaga, at pagsasakatuparan ng karapatang pantao ay nakasalig sa mabuting pamamahala. Ang mabuting paggugubyerno ang katuparan ng mga rekisitos ng buhay na may dignidad.
- Mabuting Paggugubyerno = Nagagampanan ng estado ang lahat ng mga tungkulin nito sa lahat ng mga humahawak-ng-karapatan (claim holders) ng patas at makatarungan.
- Ang mga nanunungkulan sa pamahalaan ang mga pangunahing bumabalikat-ng-tungkulin (duty bearers).

- Mga Susing Karapatang Pulitikal at Sibil (Kalayaan na Hindi Matakot)
    - Karapatang mabuhay
    - Karapatan sa patas at walang kinikilingang paglilitis
    - Walang diskriminasyon
    - Pagkilala bilang tao at pagiging magkakapantay sa mata ng batas
    - Kalayaan sa tortyur
    - Karapatan sa privacy
    - Kalayaan sa pagkaalipin at pwersahang paggawa
    - Karapatang maging malaya
    - Kalayaang mamahayag
    - Kalayaang maging ligtas ng tao
    - Kalayaang magtipon
    - Karapatan sa makataong pagtrato sa mga napagkaitan ng kalayaan
    - Kalayaan na hindi mapiit dahil sa pagkakautang
    - Mga karapatan ng mga bata
    - Karapatan na makalahok sa pamahalaan
    - Mga karapatan ng kababaihan
    - Mga karapatan ng mga taong may kapansanan

- Mga halimbawa ng mga Ekonomiko at Kultural na mga Karapatan (Kalayaan sa Naisin)
    - Karapatan sa trabaho
    - Makatarungan at paborableng kalagayan sa paggawa
    - Karapatan sa pag-uunyon
    - Karapatan sa panlipunang seguridad
    - Pangangalaga ng pamilya
    - Karapatan sa pagkain
    - Karapatan sa kalusugan
    - Karapatan sa edukasyon
    - Karapatan na makalahok sa pangkultural na buhay
    - Naipagwawalang bahala natin na ang pamahalaan, sa pamamagitan ng mga batas at positibong hakbang, ang gumagarantya at tumutupad ng karapatang pantao.

## Mga Karapatan at Kalayaan

- Para ang isang tao ay magkaroon ng kalayaan na gamitin at tamasahin ang karapatan, kailangan muna itong galangin, protektahan, at tuparin.

## Mga mayor na partido na kasama sa realisasyon at katuparan ng karapatang pantao

- Humahawak-ng-Karapatan (Rights/Claim Holders)- Karaniwang mamamayan at indibidwal
- Bumabalikat-ng-tungkulin (Duty Bearers)- estado at lahat ng bumubuo ng makinarya ng Estado
    - **Ehekutibo**- Pambansa at lokal na mga pinuno ng pamahalaan, iba't ibang departamento at ahensya ng pamahalaan
    - **Lehislatura**- Mga Kinatawan ng Senado at Konggreso
    - **Hudikatura at mga Institusyon sa Hustisyang Kriminal** – Mga hukuman, kulungan, bilangguan, at mga ahensya sa pagpapatupad ng batas tulad ng Pambansang Kapulisan ng Pilipinas (PNP)
    - **Military**- Lahat ng sangay ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas (AFP)



| Rights Holders | Duty Bearers |
|---|---|
| RESPONSIBILIDAD | OBLIGASYON SA HR |
| Gamitin | Gumalang |
| Ipagtanggol | Protektahan |
| Igalang | Tuparin |

**Figure 2. Kalikasan at Komitment ng Lahat ng Partido sa Karapatang Pantao**

### Bumabalikat-ng-Tungkulin (Duty Bearers)

- Estado – Pangunahing Bumabalikat-ng-Tungkulin (Duty Bearer)
- Mga magulang at nakatatanda, simbahan, military, *civil society*, komunidad, paaralan, NGOs at INGOs, iba pang *stakeholders*

### Tungkulin at Obligasyon sa Karapatang Pantao ng Estado

| | |
|---|---|
| Duty to respect (always) | obligation to not actively violate right |
| Tungkulin sa pagpoprotekta Duty to protect (sa kalagayang ang Estado ay may kaalaman at kapasidad) | obligasyon na magsagawa ng mga hakbang na nagpoprotekta (legal/ operational) para sa mamamayang may banta sa kanilang pagtamasa ng kanilang karapatan mula sa third parties or partikular na mga kundisyon |
| Tungkulin sa pagpoprotekta Duty to protect (sa kalagayang ang Estado ay may kaalaman at kapasidad) | obligasyon na magsagawa ng mga hakbang na nagpoprotekta (legal/ operational) para sa mamamayang may banta sa kanilang pagtamasa ng kanilang karapatan mula sa third parties or partikular na mga kundisyon |
| Tungkulin na di mag-discriminate | obligasyon na di-maglagay sa disadvantage ng mga tao o mamayan ayon sa mga kadahilanang nakaugnay sa kanilang gender, religion, ethnic origin, etc. |



### Rationale Para sa Karapatang Pantao Kaugnay ng Disasters

- Dahil ang disasters at mga kagipitan (emergencies) ay umeepekto sa mga tao
- Dahil ang mga apektado ng disaster ay nananatiling naninirahan at mamamayan ng kanilang mga bansa/komunidad, na may katulad na mga karapatan tulad ng iba na hindi naapektuhan, na may partikular na ibang mga pangangailangan
- Dahil ang mga aktibidad na makatao (humanitarian) at para sa rekoberi ay hindi nangyayari sa ligal na kawalan

### Balangkas na Nakabatay sa Karapatan

- Ang karapatang pantao ay nagbibigay ng:
- Balangkas para suriin ang bulnerabilidad ng mga taong apektado ng disaster, na maaaring may partikular na pangangailangan
- Mga pamantayan sa walang-diskriminasyon na makataong pagtulong
- Balangkas para sa angkop na makataong pagtulong (humanitarian assistance)
- Ang walang-diskriminasyon na makataong pagtulong ay nangangahulugan na nakalapat ito sa partikular na pangangailangan ng mga tao o mga komunidad. Hindi naman ito nangangahulugan na ang lahat ay may pare-parehong pangangailangan.
- Ang angkop na makataong pagtulong ay nangangahulugan na (i) magagamit (ii) abot-kamay; (iii) katanggap-tanggap at (iv) madaling ibagay.
- Ang nakabatay-sa-karapatan na humanitarian approach,
- Sa halip na mga istruktura at mandato, ang tao ang nasa sentro ng anumang makataong pagtulong
- Nakakatulong sa pagtukoy ng mga mahahalagang pangangailangan
- Inuobliga ang mga nasa otoridad at mga makataong actors na kilanlin na ang mga nakikinabang ay may mga karapatan na kinakailangang konsultahin at aktibong maging bahagi ng mga desisyon na may kinalaman sa kanila, at hindi simpleng instrumento para sa kawanggawa
- Kinikilala kung sino ang mga humahawak-ng-karapatan (rights holders) at ang mga bumabalikat-ng-tungkulin (duty bearers)
- Mga katangian ng responsibilidad

### Proteksyong Makatao

- Naglalayon na kumprehensibong igalang ang lahat ng karapatan ng tao
- Nakaayon sa anyo at esensya ng naaangkop na mga legal na instrumento
- **Proteksyon**
    - Sinusuri ang mga pangangailangan ng mga apektadong tao (i) kaugnay ng kanilang bulnerabilidad, (ii) sistematiko at may partikular na konteksto, (iii) sa tanglaw ng mga magagamit na mga pamantayan sa karapatang pantao
    - Ipinanunukala:
    - Mga hakbang para sa pagsasaayos ng kapaligiran na lilikha/magpapatibay sa pagpapahalaga na kumpletong igalang ang mga karapatan ng mga indibidwal;
    - Maaagap na hakbang kaugnay ng mga nagaganap na mga paglabag; at

- Mga hakbang para ayusin at ibalik ang may-dignidad na kalagayan sa buhay sa pamamagitan ng rehabilitasyon, pagbabalik (restitution), at pagbabayad-pinsala.

- **Proteksyon sa panahon ng mga disaster**
    - Ang mga karapatan ay nakagrupo sa apat, kung saan ang unang dalawa ay karaniwang kaugnay ng pagtugon sa yugto ng pangkagipitan, at ang gabay ay ibinibigay para:
    - Pangalagaan ang buhay, dignidad, at pisikal na kaligtasan
    - Pangalagaan ang mga batayang pangangailangan
    - Pangalagaan ang iba pang pangkabuhayan, panlipunan at pangkulturang mga karapatan
    - Pangalagaan ang iba pang karapatang pulitikal at sibil

- **Proteksyon: Pagtukoy ng mga bulnerabilidad**





**Figure 3. Pagtukoy ng Bulnerabilidad**

- **Proteksyon: Pagpapaunlad ng mga estratehiya**
    - Protekyon ay binubuo ng mga estratehiya para:
        - Maagang matukoy ang mga bulnerabilidad
        - Kumilos kasama ang mga bulnerableng mga tao (participatory assessment)
        - Mabawasan ang kanilang bulnerabilidad sa pamamagitan ng pag-impluwensya sa:
            - Mga salik sa panahon (mga pagkakataon na pinakamataas ang risgo)
            - Mga lugar (kung saan ang risgo ay pinakamataas)
            - Mga aktor
                - pinagmumulan ng panganib
                - pinagmumulan ng proteksyon



- **Tipikal na mga hamon para sa proteksyon sa mga disaster**
    - Proteksyon ng buhay at integridad -- pisikal/sikolohikal
    - Proteksyon ng integridad/dignidad
    - Akses sa tubig, sanitasyon, pagkain, at tirahan
    - Diskriminasyon sa akses sa tulong (kababaihan, katutubo, nakatatanda, at may kapansanan, atbp.)
    - Pagsasamantala sa kababaihan at bata kapag ang displacement ay naging pangmatagalan o kapag nabigo ang unang rekoberi o hindi ito naipatupad
    - Akses sa mga personal na dokumentong pagkikilanlan
    - Kalayaan sa pagkilos at karapatang pumili ng lugar-tirahan (pwersahang relokasyon)

- **Tipikal na mga hamon sa proteksyon: mga halimbawa**





| OBLIGASYON | KARAPATAN SA PAGKAIN | KARAPATANG MABUHAY |
|---|---|---|
| Tungkulin na gumalang | Walang harang sa akses sa naririyang pagkain/ hindi dapat gamitin ang pagkain bilang paraan ng pamimilit o pananakot | Huwag pumatay |
| Tungkulin na mangalaga | Protektahan ang mga walang asawa na maharangan ang akses sa suportang pagkain | Sistema ng babala/paglilikas |
| Tungkulin sa pagtupad | Pamamahagi ng pagkain | Mga hakbang para mabawasan ang panganib |





**Figure 4. Paninindigang Humanitarian**

## Internally Displaced Persons (IDPs)

- Ano ang *internal displacement*?
    - Hindi sinasadyang paggalaw (*involuntary movement*)
        - Elemento ng pamimilit
        - Ang paggalaw ay sa loob ng pambansang hangganan
        - Dahil sa armadong labanan, pangkalahatang karahasan, paglabag sa karapatang pantao, disaster na likas at likhang-tao
- Sino ang mga IDPs?
    - "IDPs ay mga tao o grupo na pwersahan o obligadong lumikas o umalis ng kanilang mga tahanan o lugar tirahan, sa partikular, bunga ng, o upang makaiwas sa epekto ng armadong labanan, mga kalagayan ng pangkalahatang karahasan, mga paglabag sa karapatang pantao, o mga disaster na likas o likhang-tao, at yaong mga hindi pa tumawid sa mga kinikilalang hangganan ng mga bansa."
      - Introduksyon sa Mga Prinsipyong Gabay sa Internal Displacement ng UN

# Mga Ligal na Instrumento at Susing Patakaran sa Pangangalaga sa Karapatang Pantao

## Ang Balangkas Sendai para sa Disaster Risk Reduction

- Tumatalima sa Balangkas Hyogo para sa Pagkilos (HFA) 2005-2015: Pagbubuo ng Katatagan sa Disaster (Disaster Resilience) ng mga Bansa at Komunidad.
- Ang layunin ng Balangkas para sa Disaster Risk Reduction (SFDRR) ay upang mabawasan ang nangingibabaw na mga panganib sa disaster sa nakaraan at sa kasalukuyan sa pamamagitan ng "whole-of-society approach."
- Magbigay ng diin sa kahalagahan ng "whole-of-society approach" kung saan kinikilala ang papel ng bawat kasapi ng komunidad.
- Sumasaklaw sa malawak na saklaw ng mga bantang panganib: maliitan at malakihan, madalas at madalang, mabagal na paglitaw at biglaang paglitaw.
- Ang SFDRR ay magsisilbing roadmap ng bawat bansa, lalo na sa mga hazard prone na mga bansa tulad ng Pilipinas.


**Figure 5. Balangkas Sendai sa Pagbabawas ng Panganib (SFDRR) 2015-2030 Apat na Prioridad na Hakbang**

1. Pag-unawa sa risgo ng kalamidad
2. Pagpapatatag ng pamamahala ng risgo ng kalamidad upang mapamahalaan ang risgo ng kalamidad
3. Pamumuhunan sa pagbabawas ng risgo ng kalamidad para sa katatagan
4. Pagpapahusay ng paghahanda sa kalamidad upang epektibong makatugon at upang "makapagbuong muli ng mabuti" sa pagbawi, rehabilitasyon at muling pagtatayo

**Figure 6. Kilalanin ang mga Katangian ng  Republic Act 10121**


| PD 1566 | RA 10121 |
|---|---|
| Tutok sa pagtugon sa disaster | Kumprehensibong plano para i-mitigate ang risgo sa disaster |

**Figure 7. Balangkas para sa Pambansang Disaster Risk Reduction at Pamamahala ng Pilipinas**



| RA 10121 | CBDRRM related Content |
|---|---|
| Sec. 2-d | "Adopt a disaster risk reduction and management approach that is holistic, comprehensive, integrated, and proactive in lessening the socioeconomic and environmental impacts of disasters including climate change, and promote involvement and participation of all sectors and all stakeholders concerned, at all levels, **especially the local community**." |
| Sec 12 c-10 | Training and orienting **the community people** in CBDRRM |
| Sec 12 c-9 | Do community risk assessment **with the people** |
| Sec 12 c-11 | Do **community risk reduction planning** |
| Sec 12 c-13-16 | Strengthen the **local DRR organization (Barangay DRRM Committee)** |


**Figure 8. Istrukturang Pang-organisasyon ng Pambansang Disaster Risk Reduction at Konseho sa Pamamahala**



### Konseho ng Pagpapaunlad sa Barangay

- Nangunguna sa pagpaplano
- Pinamumunuan ng Kapitan ng Barangay
- Mga Kasapi:
    - Konseho ng Barangay
    - NGOs at POs na nasa barangay, hindi kukulangin sa ¼ ng mga kasapi (2 - 3 katao)
    - Kinatawan ng Konggresman

**Figure 9. Pang-organisasyong Istruktura ng Komite sa Disaster Risk Reduction at Pamamahala sa Barangay**




### Disaster Response

- Paano nagtutulungan ang mga DRRMCs sa panahon ng disaster?
    - BDC – kung isang barangay lamang ang apektado;
    - Panglungsod/ Munisipal DRRMC – kung dalawa o higit na barangay ang apektado;
    - Panlalawigang DRRMC – kung dalawa o higit pang bayan/lungsod ang apektado;
    - Pangrehiyong DRRMC – kung dalawa o higit pang lalawigan ang apektado;
    - Pambansang DRRMC – kung dalawa o higit pang rehiyon ang apektado;
- Maaari bang magdeklara ang barangay ng *State of Calamity* sa kanilang lugar?
    - NDCC Memo Order No. 04, S-1998 Mga Patakarang Inamyendahan, Mga Pamamaran at *Criteria* sa Pagdedeklara ng Lugar ng Kalamidad

- Paano idinedeklara ang *State of Calamity* sa barangay?
    - Sa loob ng 24 na oras, ang BDC/BDRRMC ay dapat na makapagmiting at magrekomenda sa Konseho ng Barangay na magdeklara ng State of Calamity.
    - Batay sa rekomendasyon ng BDC/BDRRMC, ang Konseho ng Barangay ay dapat na magdeklara ng *State of Calamity*.
- Batayan sa Pagdedeklara ng *State of Calamity*
    - Kahit dalawa lamang sa mga kundisyon ang makikita sa mga apektadong erya:
        - 20% ng populasyon ang apektado at nangangailangan ng tulong, o 20% ng kabahayan ang nasira.
        - 40% ng pinagkukunan ng kita ay nawasak.
        - Ang mga pangunahing kalsada ay matinding napinsala at hindi madadaanan.
        - Malawak na pagkawasak at pagkawala ng mga isda, tanim, hayup, at iba pang produktong agrikultural.
        - Nawasak ang mga linya ng kuryente, sistema ng tubig, transportasyon, komunikasyon, atbp.
        - Paglitaw ng epidemya.
- Mga Pangremedyong Hakbang (Sec. 17)
    - Pagtatakda ng price ceiling
    - Pagbabantay, pagkontrol, o pagbabawal sa overpricing, pagpapatong ng sobra-sobrang tubo, at pag-iimbak (hoarding)
    - Pagpoprograma ng pondo para sa konstruksyon at pagkukumpuni ng mas ligtas na mga pampublikong pasilidad at imprastruktura.
    - Pagpapautang ng walang tubo mula sa pamahalaan at mga institusyon sa pagpapautang.
- Mga pinagbabawal na Batas at Parusa sa Ilalim ng RA 10121
    - Pagpapabaya sa tungkulin na nagbunga ng matinding pinsala, pagbubuwis ng buhay, at wala sa lugar na paggamit ng pondo
    - Pagbabawal ng pagpapasok at pamamahagi ng *relief goods*, angkop na teknolohiya, mga materyales, mga eksperto, at disaster teams sa mga apektadong lugar.
    - Pamimili at pagbebenta, at pangunguha ng *relief goods*, materyales, at iba pang produktong para sa gamit ng mga apektadong populasyon at/o mga kaukulang ahensya.
    - Maling pagpapakilala sa pinanggalingan ng mga *relief goods*, kagamitan, at iba pang produkto sa pamamagitan ng:
        - Pagtatanggal o pagpapalit ng tatak
        - Pagre-*repack* para lagyan ng bagong tatak
        - Pagsisinungaling sa pinanggalingan ng *relief goods*
    - Pagpapalit ng relief goods, kagamitan at iba pang produkto.
    - Hindi otorisadong pangangalap ng donasyon gamit ang pangalan ng ibang mga grupo.
    - Paggamit ng maling datos para makakuha ng suporta o donasyon.

        - Pakikialam (*tampering*) at pagnanakaw ng hazard monitoring equipment.


- Ano ang mga posibleng parusa sa mga pagsuway?
    - Parusang nagkakahalaga ng P50,000.00 – P500,000.00
    - 6 na buwan hanggang 1 taong pagkakulong
    - Kumpiskasyon ng mga kagamitan at mga aparato
        - **Opisyal Publiko** – maaaring permanenteng matanggal sa katungkulang publiko. Ito ay karagdagan sa posibilidad na parusa, pagkakulong, at kumpiskasyon.
        - **Korporasyon at iba pang grupo** – ang parusa ay ipapataw sa mga pinuno. Maaari silang matanggalan ng lisensya o akreditasyon at/o mapawalang bisa ito.
        - **Dayuhan** – maaaring maipatapon makaraang masintensyahan.
- Ang pagtugon sa disaster ay pangunahing responsibilidad ng pamahalaan. Ang mga makataong ahensya ay tutulong kung hindi kaya ng pamahalaan na ibigay ang mga pangangailangan ng mga apektadong indibidwal at komunidad.

## Iba pang Batas /Patakaran/Panuntunan tungkol sa DRRM

- Plano sa Pambansang Pagtugon sa Disaster




**Figure 10. Pang-organisasyong Istruktura ng National Disaster Response Cluster**



### RA 7581: Ang Batas sa Presyo



- Ang batas na nagbibigay proteksyon sa mamimili sa pamamagitan ng pag-iistabilisa ng presyo ng batayang pangangailangan at pangunahing bilihin, at sa pamamagitan ng pagtatakda ng mga hakbang laban sa di-makatarungang pagtataas ng presyo sa panahon ng kagipitan at kahalintulad na kalagayan.

### RA 10821: Batas sa *Emergency Relief* at Proteksyon ng mga Bata

- Ang Department of Social Welfare and Development ay magbubuo ng Kumprehensibong Programang Pangkagipitan sa mga Bata, na tinitiyak ang pagpapatupad ng mga pamantayang makatao at kagalingan at pangangalaga ng mga bata.
- Prioridad:



    - Pagtitiyak na may mga pansamantalang tirahan para sa mga naulila at nahiwalay na mga bata
    - Kagyat na probisyon ng mga batayang pangangailangan at serbisyo ng mga bata
    - Pagpapalakas ng mekanismo na magtitiyak ng kaligtasan ng mga apektadong bata
    - Probisyon sa kalusugan, medikal at nutrisyunal na serbisyo
    - Planong hakbang para sa pagbabalik ng mga serbisyo sa edukasyon ng mga bata
    - Pagkakaroon ng mga ispasyo para sa mga bata
    - Adbokasiya para sa karapatan ng mga bata

### Magna Carta ng Kababaihan (RA 9710) at 2012 Batas sa Kalusugang Reproduktibo (RA 10354)



- Pamamahagi ng pakete ng "Minimum na Inisyal na Serbisyong Reproduktibo" (MISP) o mga pangunahing hakbang na dapat magawa sa panahon ng kagipitan dulot ng armadong labanan o likas-na-disaster, kasama ang pagtatayo at pamamahala ng mga refugee camps
- Napapanahon at angkop na klase at dami ng mga ibibigay na relief sa mga operasyong relief tulad ng pagkain, tubig, sanitary packs, suportang sikolohikal, kabuhayan, edukasyon, at kumprehensibong serbisyo kasama na ang pagpapalakas ng MISP para sa kalusugang reproduktibo

### 2012 Batas sa Kalusugang Reproduktibo (RA 10354)

- Dapat tiyakin ng LGU at DOH ang pamamahagi ng MISP para sa kalusugang reproduktibo, kasama ang pamamahagi ng health care kits para sa mga bagong panganak na ina at sanggol sa panahon ng kalamidad.

### Magna Carta ng mga Taong may Kapansanan (RA 9442)

- Kilala rin sa tawag na Inamyendahang Magna Carta para sa mga Taong may Kapansanan, at Para sa Iba pang Gamit--Pagbibigay ng Karagdagang Pribilehiyo at Insentiba at Prohibisyon sa Berbal, Non-berbal na Pangungutya at Paninirang-puri sa mga Taong Maykapansanan.



### IDP Bill (Hindi inaprubahan ng Pangulo)

- Batas sa Karapatan ng Internally Displaced Persons (IDPs)
- Batas na nangangalaga sa karapatan ng mga bakwit at pagpaparusa sa mga akto ng arbitrayong internal na pagbabakwit

### Ano ang Pandaigdigang mga Batas Humanitarian (IHL)?

- Ang IHL ay koleksyon ng mga batas na sa kadahilanang makatao ay naglalayong malimitahan ang epekto ng mga armadong labanan. Pinangangalagaan nito ang mga taong hindi kalahok sa mga bakbakan at nililimitahan ang mga paraan ng pakikidigma. Ang IHL ay kilala rin bilang batas sa digma o batas sa armadong labanan.

- **IHL: MGA SALIGANG BATAS SA PANGANGALAGA SA POPULASYONG SIBILYAN**
    - Pagbabawal sa pag-atake sa sibilyan at sa mga ari-ariang sibilyan at kaugnay ng walang patumanggang pag-atake;
    - Pagbabawal na gutumin ang mga sibilyan bilang pamamaraan ng pakikidigma at kaugnay ng pagwasak sa mga bagay na mahalaga sa kanilang kaligtasan;
    - Ang pagbabawal sa mga ganting-aksyon sa sibilyan at ari-ariang sibilyan;
    - Ang pagbabawal na gamitin ang sibilyan bilang panaggalang o “human shields”;
    - Ang pagbabawal sa kolektibong pagpaparusa, na sa praktika ay kadalasang nangangahulugan ng pagwasak sa mga tahanan, na nagbubunga ng displacement;
    - Ang obligasyon ng lahat ng Estado at lahat ng mga partido sa labanan ay tiyakin na tuluy-tuloy na dadaloy ang suplay ng relief at ang probisyon-sa-suporta na kailangan para sa kaligtasan ng sibilyan.

- **Ang Treaty System ng UN HR**
    - Pandaigdigang Kasunduan sa Karapatang Sibil at Pulitikal (1966) - Unang Opsyonal na Protokol (indibidwal na reklamo) – Ika-2 Opsyonal na Protokol (pag-aalis ng parusang kamatayan)

- Pandaigdigang Kasunduan sa Ekonomiko, Sosyal, at Kultural na mga Karapatan (1966)
- Pandaigdigang Kasunduan sa Pagpawi ng Lahat ng Anyo ng Diskriminasyong Panlahi (1965)
- Pandaigdigang Kumbensyon sa Pagpawi ng Lahat ng Anyo ng Diskriminasyon sa Kababaihan (1979) – Opsyonal na Protokol (pagpayag sa mga petisyon at pagtatanong)
- Pandaigdigang Kumbensyon Laban sa Tortyur at Iba pang Kalupitan, Hindi Makatao at Mapagmaliit na Pagtrato at Pagpaparusa (1984) – Opsyonal na Protokol (Pagbubuo ng sistema ng regular na pagdalaw sa mga lugar piitan)
- Pandaigdigang Kumbensyon sa Karapatan ng mga Bata (1989) – Unang Opsyonal na Protokol (paglahok ng mga bata sa armadong labanan) – Ika-2 Opsyonal na Protokol (pagbebenta ng mga bata, prostitusyon sa mga bata, at pornograpiya ng mga bata)
- Pandaigdigang Kumbensyon sa Proteksyon ng mga Karapatan ng Lahat ng Migranteng Manggagawa at Myembro ng Kanilang mga Pamilya (1990)
- Pandaigdigang Kumbensyon Laban sa Pwersahang Pagkawala
- Pandaigdigang Kumbensyon sa mga Karapatan ng mga Taong may Kapansanan

- **Mga Halimbawa ng mga Karapatan na Makikita sa mga Pambansang Batas**
    - 1987 Saligang Batas ng Pilipinas
    - Batas Paggawa ng Pilipinas
    - RA 6657: Kumprehensibong Batas sa Repormang Agraryo, 1988
    - RA 7279: Kaunlarang Urban at Batas Pabahay, 1992
    - RA 9710: Magna Carta ng Kababaihan, 2009
    - RA 9344: Juvenile Justice and Welfare Act of 2006
    - RA 9745: Batas Laban sa Tortyur, 2009
    - RA 9851: Pandaigdigang Batas Humanitarian (IHL)
    - RA 9502: Batas sa Unibersal na Mura, Abot-kaya at De-kalidad na Gamot 2008
- **Ispesyal na Proteksyon ng Internally Displaced Persons (IDPs)**

  "Pag-unawa sa mga Batayang Karapatang Pantao ng IDPs"
    - Nuong 2013, ang Pilipinas ang may 'pinakamalaking bilang ng bagong displacement sa daigdig', may 7 milyong IDPs
    - Ang United Nations Guiding Principles on Internal Displacement (UNGPID)
        - Binalangkas ng isang team ng internasyunal na eksperto ng UN
        - Isinumite sa UNHCR nuong ika-54 na sesyon 1998
        - Pinakakumprehensibong legal na proteksyon para sa IDPs
        - Layon na maging gabay na pandaigdigang pamantayan sa mga gobyerno, gayundin sa mga pandaigdigang ahensyang makatao at pag-unlad sa pagbibigay alalay at proteksyon sa IDPs
- **Pagkakahati ng mga Prinsipyo ng UNGPID**
    - Proteksyon mula sa *displacement*
    - Proteksyon sa panahon ng *displacement*
    - Mga prinsipyo kaugnay ng makataong pagtulong
    - Mga prinsipyo kaugnay ng pagbalik, *resettlement*, at reintegrasyon

- **Pinakamahahalagang Nilalaman ng Panukalang Batas sa dalawang Kamara (Vetoed)**
    - Paglilinaw sa mga karapatan ng IDPs at pagbabawal sa arbitraryong paglilikas ng mga tao
    - Pagtukoy ng malinaw na ahensya na haharap sa mga pangangailangan ng IDPs
    - Probisyon sa pagbubuo ng "*One-stop-shop*" para sa pangangailangan ng IDPs
    - Probisyon kaugnay ng bayad-pinsala para sa mga nawalan ng mga mahal-sa-buhay at pag-aari, gayundin ang probisyon para sa suportang pinansyal
    - Katumbas na mga parusa para sa mga lumabag sa mga karapatan ng IDPs

- **Mga Batayang Karapatang Pantao ng IDPs**
    - Ang IDPs, tulad ng bawat Filipino ay may kaparehong mga karapatan at kalayaan sa ilalim ng batas na umiiral sa daigdag at sa Pilipinas;
    - Ang IDPs ay may karapatan na hindi ma-discriminate sa pagtamasa ng anumang karapatan sa batayan ng pagiging taong napaalis sa sariling lugar;
    - Ang IDPs ay may karapatan na mapangalagaan laban sa arbitrayong pagpagpapaalis sa sariling tahanan o lugar-tirahan;
    - Ang IDPs ay may karapatan na mapangalagaan laban sa paglipol, pagpaslang, arbitraryong pagpatay, pwersahang pagkawala, kasama na ang pagdukot, at iligal na pagkapiit;
    - Ang IDPs ay may karapatan na mapangalagaan laban sa panggagahasa, pagtanggal ng bahagi ng katawan (mutilation), tortyur, malupit, hindi makatao o nagpapababa-ng-pagkataong pakikitungo o parusa, at iba pang kapangahasan sa personal na dignidad tulad ng mga akto ng tiyak na karahasan, pwersahang prostitusyon, at anumang anyo ng malaswang atake;
    - Ang IDPs ay may karapatan na pangalagaan laban sa pang-aalipin o anumang kasalukuyang anyo ng pang-aalipin tulad ng pagbebenta para ipakasal, sekswal na pagsasamantala, at pwersahang pagtatrabaho ng mga bata;
    - Ang IDPs ay may karapatan na hindi ikulong o ipiit sa kampo;
    - Ang IDPs ay may karapatan na protektahan laban sa anyo ng karahasan na naglalayaong magpalaganap ng lagim (terror);
    - Ang IDPs ay may karapatan na mapangalagaan laban sa discriminatory na pagkahuli o pagkapiit dahil sa displacement;
    - Ang IDPs ay may karapatan na mapangalagaan laban sa pwersahang rekrutment sa sandatahang pwersa o grupo dahil sa displacement;
    - Ang IDPs ay may karapatan sa malayang pagkilos at kung saanman titira;
    - Ang IDPs ay may karapatan na gumalaw ng malaya sa loob at labas ng mga kampo o settlements;
    - Ang IDPs ay may karapatang humanap ng kaligtasan sa ibang bahagi ng bansa;
    - Ang IDPs ay may karapatang umalis ng bansa;

- Ang IDPs ay may karapatang humingi ng asylum sa ibang bansa;
- Ang IDPs ay may karapatan na mapangalagaan laban sa pwersahang pagbabalik sa, o pagtira sa, anumang lugar na masasapanganib ang kanilang buhay, kalayaan at/o kalusugan;
- Ang IDPs ay may karapatan na malaman ang naging kapalaran at kung nasaan ang IDPs na naiulat na nawawala, at ang pakikipagtulungan ng mga internasyunal na organsasyong may kinalaman sa mga ganitong panganib;
- Ang IDPs na nakukumpromiso ang personal na kalayaan dahil sa paghihigpit sa internasyunal o pagkapiit sa mga kampo ay may karapatan na makasama ang kapamilya;
- Ang IDPs ay may karapatan para sa ligtas na paraan para makakuha ng kinakailangang pagkain at inuming tubig, tirahan at pabahay, angkop na mga damit, at esensya na serbisyong medical at sanitasyon;
- Ang IDPs ay may karapatang tumanggap ng alagang medikal sa pinakamaagang kakayanin, nang walang diskriminasyon ng iba maliban sa pagpapauna sa mga kagyatang medikal na isyu.
- Ang IDPs ay may karapatan na maprotektahan laban sa pandarambong, tuwiran at walang patumanggang atake o iba pang anyo ng karahasan, na ginagamit para ikubli ang mga layunin at operasyong militar, maging puntirya ng pagganti, o pagwasak o pag-angkin bilang anyo ng kolektibong kaparusahan.
- Ang IDPs ay may karapatan sa malayang pag-iisip, kunsensya, relihiyon o paniniwala, at upinyon at pagpapahayag;
- Ang IDPs ay may karapatan na maghanap ng trabaho at lumahok sa mga ekonomikong aktibidad;
- Ang IDPs ay may karapatan na malayang makipag-ugnayan at lumahok ng pantay sa mga gawain sa komunidad;
- Ang IDPs ay may karaptaang bumoto o lumahok sa mga pampubliko at pampamahalaang gawain, kasama na ang access at paraan para magawa ito;
- Ang IDPs ay may karapatang kusang bumalik, sa ligtas at may dignidad, na kani-kanyang mga tahanan at lugar tirahan;
- Ang IDPs ay may karapatan na buung-buong lumahok sa pagpaplano at pamamahala ng pagbalik, paninirahan at reintegrasyon; at
- Ang mga lumikas na mga bata ay may karapatan na tumanggap ng libre (walang bayad) at obligadong (compulsory) pag-aaral sa primaryang edukasyon.

- **Rekomendasyon mula sa IDPs**
  - Wakasan na ang digma.
  - Palakasin ang sistema ng impormasyon sa pamamagitan ng pinaunlad na pagtugaygay sa mga naiulat na mga kaso ng karahasan laban sa mga “nakaligtas” o mga ahensyang gumagampan dito.
  - Buuin ang malilinaw na depinisyon ng mga patakaran tungkol sa Karapatan at Proteksyon ng IDPs.
  - Bumuo ng plano para sa pamahalaan kaugnay ng pagbalik at rehabilitasyon ng IDPs.

Sesyon 1.2

# PALULUGAR NG MAKATAONG PAGTUGON SA BALANGKAS NG DRRM

## Layunin ng Pag-aaral

Sa dulo ng sesyon, magagawa na ng mga kalahok na:

- Ilugar ang makataong pagtugon sa balangkas ng DRRM

## Sulyap sa Sesyon

| Oras | Paksa | Pamamaraan |
|---|---|---|
| 60 min | Ang Balangkas ng DRRM | |
| 40 min | | DRRM Stations |
| 20 min | | Talakayang Plenaryo |
| 60 min | Mga Lokal na Patakaran na Nakasuporta sa Nakabatay sa Karapatan na DRRM, at Makataong Pagtugon | |
| 20 min | | Interaktib na Talakayan |
| 40 min | | Talakayang Plenaryo |

**Duration**

120 min

**Materials**

Apat na istasyon na may mga mesa at silya
"Passports"
Stamp

Refreshments/Mini-Tokens
Laptop
LCD Projector

**Preparation**

Ihanda ang PowerPoint presentations

# Proseso

## Ang Balangkas ng DRRM
**60 min**

### DRRM Stations - 40 min

- Hatiin ang mga kalahok sa apat na grupo. Atasan ang mga grupo na ilatag ang mga isyu sa karapatang pantao at DRRM Stations.
- Ipaliwanag sa mga kalahok ang nilalaman ng "passport," o katulad na passport document sa bawat kalahok para makapasok sila sa DRRM stations o mga lugar-kapehan.
- Repasuhin ng mabilis ang apat na thematic areas ng DRRM. Ipakita ang ugnayan ng apat na tema sa DRRM sa konteksto ng bago, habang may, at pagkatapos ng disaster at gawaing makatao.
- Turuan sila na:
    - Ipaliwanag na ang apat na istasyon (lugar-kapehan) ay kumakatawan sa bawat tema sa DRRM:
        - Café Sandigan (1): Pagpigil sa at Pagpapagaan ng Disaster
        - Café Puro Kahandaan (2): Kahandaan sa Disaster
        - Café Kopiko (3): Pagtugon sa Disaster
        - Café P and R (4): Pagbawi at Rehabilitasyon
    - Ang mga grupo ay magpapalitan sa paglibot sa mga kapehan ng maksimum na tig-10 minuto sa bawat ikot (total na 4 ikot). Makabubuting ang bawat grupo ay binubuo ng magkakaibang katangian ng mga kalahok para mas maging mabunga ang pagbabahaginan ng karanasan at insights. Ipepresenta ng mga kalahok ang kanilang passport sa tuwing papasok sila sa kapehan. Ang mga passport ay ibibigay ng mga facilitators sa simula ng sesyon.
    - Isang facilitator ang itatalaga sa bawat lugar-kapehan para pamunuan at isulat ang mga matitingkad na punto sa talakayan ng mga kalahok sa bawat ikot nila. Gagabayan ito ng mga sumusunod na hakbang:
        - Maikling balikan kasama ng mga kalahok, ang mga isyu, hamon, at aral na natutunan sa nakaraang sesyon (role playing).
        - Magbigay ng panahon para makita ng mga kalahok ang mga halimbawang aktibidad at programang nakapaskil sa mga kapehan at yaong ipinakita sa mga passports. Maliban sa mga halimbawa, eengganyuhin ang mga kalahok na ibahagi ang mga nagawa na nila sa kanilang mga lugar (nang nakaayon sa mga partikular na mga tema).
        - Makaraan ay tanungin ang mga kalahok "Ano ang 3 nangungunang programa at aktibidad sa bawat thematic area ang makakatulong sa kanila para mapaghusay ang makataong pagtugon?
    - Pagkatapos ikutin bawat lugar-kapehan, ang facilitators ay maglalagay ng tatak sa bawat passport ng mga kalahok bilang patunay na napuntahan na nila ang partikular na lugar-kapehan. Tatanggap ang mga kalahok ng mini-token o refreshments sa bawat ikot.

### Presentasyon sa Plenaryo
**20 min**

- Pagkatapos ng ehersisyo, lalagumin at ibabahagi ng tagapagpadaloy (facilitator) ng bawat kapehan ang resulta ng talakayan sa plenaryo.
- Patingkarin ang mga mahahalagang puntong iniulat ng mga tagapagpadaloy.
- Tapusin sa pamamagitan ng pagdidiin sa mga sumusunod:
    - Bawat thematic area ng DRRM (Pagpigil at Pagpapagaan, Kahandaan, Pagtugon, at Rekoberi at Rehabilitasyon) ay mahalaga sa pagpapaunlad ng makataong pagtugon. Ang pagsasalu-salubong ng mga thematic areas ay mahalaga para mabuo ang katatagan (resilience).
    - Ang katatagan ay "ang kakayahan ng sambahayan, pamayanan, at pamahalaan na mag-absorb at makabawi mula sa mga pagyanig (shocks), habang positibong nakaakma at tinatransporma ang mga istruktura at paraan ng pamumuhay sa harap ng pangmatagalang tensyon (stresses), pagbabago, at kawalang kasiguruhan" (Organization for Economic Co-operation and Development). Ang katatagan ay makikita hindi lamang kung paano ang tao ay bumabata at bumabawi mula sa epekto ng kalamidad. Ang ultimong sukatan ng katatagan ay ang kakayahang umakma o mag-adapt at baguhin ang mga sistema at istruktura upang ang mga negatibong epekto ng disaster ay mapaliit o tuluyan ng mawala.
    - Ang mga karanasan at aral na natutunan sa gawaing makatao ay nagsisilbing tuntungan upang mapaunlad at mapagbuti pa ang mekanismo ng DRRM para matiyak ang mas mahusay na pagtugon sa pagdating ng panibagong kalamidad.
    - Tuluy-tuloy ang interbensyon sa ilalim ng apat na thematic areas. Tumatakbo sila ng magkakahilera at magkakasabay kaysa magkakasunod, "lumalapad at kumikipot" batay sa kahingian (Expand-Contract Model). Halimbawa, ang relief at pagtugon ay "lumalapad" pagkatapos ng disaster. Pero "kumikipot" ito kalaunan habang ang rekoberi at rehabilitasyon naman ay "lumalapad". Ang paglapad at pagkipot ng mga thematic areas ay nag-iiba-iba depende sa laki at lawak ng naganap na bantang panganib at bulnerabilidad ng mga nanganganib na.

### Mga Lokal na Patakaran na Nakasuporta sa Nakabatay-sa-Karapatang DRRM at Makataong Pagtugon **60 min**

- **Ang sikreto sa epektibong proteksyon ng karapatang pantao sa panahon ng pagtugon ay epektibong prebensyon, mitigasyon, at mekanismo sa kahandaan, gayundin ang paglalapat ng mga natutunang aral mula sa mga nakaraang karanasan sa pagtugon, rehabilitasyon, at rekoberi sa disaster.** Kinilala ito ng gubyerno at ininstitusyonalisa sa pamamagitan ng Philippine Disaster Risk Reduction and Management Act of 2010 o Republic Act 10121. Ito ay nakalatag sa mga sumusunod na susing probisyon:
    - Balangkas
    - Pang-organisasyong Istruktura at mga May Susing Papel/Stakeholders
    - Paglalaan ng Badyet /Funding

- Idiin ang mga sumusunod:
- Idinidiin ng RA 10121 na ang disaster ay resulta hindi lamang ng mga bantang panganib, kundi may iba pang mga susing salik na pinagmumulan ng risgo tulad ng bulnerabilidad, kapasidad, at pagkalantad (exposure). Dahil dito, ang batas ay tumutok hindi lamang sa pagtugon sa disaster kundi maging sa pagpigil at pagpapapagaan, kahandaan, at rehabilitasyon at rekoberi. Ang susi ay mabawasan ang mga risgo-sa-disaster sa pamamagitan ng pakikitungo sa pagkalantad at bulnerabilidad ng mga komunidad sa mga bantang panganib at pag-aangat ng kanilang kapasidad na maghanda, tumugon, at bumawi mula sa bantang panganib at disaster. Ang mga karapatang pantao ay maitataguyod nang mas maayos kung ang mga mekanismo sa proteksyon ay nakalugar na sa apat na thematic areas ng DRRM.
    - Pinagagana ang balangkas na ito sa pamamagitan ng istrukturang pang-organisasyon, mula pambansa hanggang mga lokal na antas, tinitiyak na may mga yunit ng pamahalaan na nakatutok sa bawat thematic area. Higit pa, tinitiyak ng istruktura na ang pambansang pamahalaan, mga lokal na pamahalaan, civil society organizations (CSOs), at mga komunidad ay nagtutulungan para mabawasan ang mga risgo at maprotektahan ang karapatang pantao bago, habang, at pagkatapos ng disaster.
    - Tinitiyak din ng batas na may pondo para suportahan ang balangkas ng DRRM. Kapag may sapat na pondo, gumagaan ang pagtitiyak sa proteksyon ng mga saligang karapatang pantao ng mga survivors, lalo na habang nasa gitna ng kalamidad.
    - Ang batas ay nakaugnay din sa Sendai Framework for Disaster Risk Reduction (SFDRR) 2015-2030, isang pandaigdigang balangkas na nagtakda ng apat pangunahing aksyon para makamit ang isang ligtas at matatag na mundo sa susunod na 15 taon. Ang apat na pangunahing prioridad ay ang: (1) pag-unawa sa panganib na hatid ng disaster; (2) palakasin ang pamumuno sa panganib na hatid ng disaster para mapamahalaan ang risgo sa disaster; (3) mamuhunan sa pagbabawas ng risgo sa disaster para sa katatagan; at (4) palakasin ang kahandaan sa disaster para epektibong makatugon at mag-"build back better" sa rekoberi, rehabilitasyon, at rekonstruksyon. Pinagtibay ito nuong March 18, 2015, sa ikatlong United Nations (UN) World Conference sa Sendai, Japan.

- Maliban sa RA 10121, may mga lokal na patakaran din na nagtitiyak ng proteksyon ng mga karapatang pantao sa panahon ng *emergency response*.
- Baybayin ang mga patakaran at maikling talakayin ang mga katangian na nakatutok sa proteksyon ng mga karapatang pantao sa panahon ng *emergencies*:
    - National Disaster Response Plan
    - Batas Republika 7581
    - Batas Republika 10821
    - Batas Republika 9710
    - Batas sa Pangkalusugang Reprodukson 2012



- Idiin na ang lahat ng tinalakay na mga lokal na batas ay nakatutulong para tiyakin ang pangangalaga sa mga karapatang pantao sa panahon ng emergencies. Kasama ng panadaigdigang patakaran at prinsipyo, ang mga lokal na batas na ito ang gagabay sa lahat ng manggagawa sa makataong pagtugon sa kanilang pagsisikap na mapakitunguhan ang mga pangangailangan ng mga disaster survivors.

## Transisyon sa Sesyon 3

- May pamamaraan para tiyakin ng mga primary responders na kasapi mismo ng komunidad na naitataguyod ang karapatang pantao kapag may disaster. Ito ay Community-Based Disaster Risk Reduction and Management (CBDRRM) Approach.
- Ang susunod na sesyon ay nagbibigay ng overview sa mga paraan kung paano magagarantyahan ang proteksyong makatao sa pamamagitan ng CBDRRM.

# Humanitarian Response sa Balangkas ng DRRM

**Figure 11. Four Pillars of Disaster Risk Reduction and Management (DRRM)**





**Figure 12. Activities under Emergency Response**





**Figure 13. Humanitarian Response Gamit ang Balangkas ng Community-Based Disaster Risk Reduction and Management (CBDRRM)**




**Figure 14. Community-Based Disaster Risk Reduction and Management (CBDRRM) Process**






**Figure 15. Upscaling Humanitarian Action**



**Sesyon 1.3**

# MAKATAONG PAGTUGON GAMIT ANG PAMAMARAAN NG CBDRRM

## Layunin ng Pag-aaral

Sa dulo ng sesyon, magagawa na ng mga kalahok na:

- Ipaliwanag kung paano ang CBDRRM Aproach ay makapagpapadali sa pagsasagawa ng nakabatay-sa-karapatang makataong pagtugon.

## Sulyap sa Sesyon

| Oras | Paksa | Pamamaraan |
|---|---|---|
| 30 min | Ang Karanasan ng Buklod Tao | Input at Film-Showing |
| 30 min | Ang CBDRRM Approach | Talakayang Plenaryo |

**Duration**

60 min

**Materials**

Bukluran Video
Laptop
LCD Projector
Speakers

**Preparation**

Ihanda ang mga tagapagsalita mula sa labas.
Ihanda ang Buklod Tao Video.
Ihanda ang PowerPoint presentation ng CBDRRM Approach.

# Proseso

## Ang Karanasan ng Buklod Tao

**30 min**

- Magbigay ng maikling deskripsyon sa Buklod Tao
    - Katangian ng organisasyon at kasapian: Ang Buklod Tao ay people's organization (PO) sa Banaba, San Mateo, Rizal na gumagamit ng CBDRRM mula pa maagang 1990's. Binubuo ito ng mga kasapi sa komunidad, mula sa pinakabulnerableng sektor sa barangay.
    - Magbigay ng maigsing kasaysayan kung paano nabuo ang Buklod Tao.
    - Talakayin ang mga panganib ng kalamidad sa Banaba (Ipaliwanag ang mapa ng Banaba na nagpapakita ng matinding pagkakalantad at bulnerabilidad ng mga lugar dito).
- Film Showing: BUKLURAN, Ang Dokumentaryo ng Proyektong Disaster Risk Reduction ng Banaba (15 Minutes)
- Ipakita sa mga kalahok kung paano makikita sa pelikula ang pagtataguyod ng karapatang pantao ng Buklod Tao sa pamamagitan ng CBDRRM *approach*. Ipinakita rin kung paano ang PO ay epektibong nakatugon at nakabawi mula sa Bagyong Ondoy nuong 2009 sa pamamagitan ng CBDRRM *approach*.

## Ang *CBDRRM Approach*

**30 min**

**Input-Talakayan**

- Tanungin ang mga kalahok kung ano ang natutunan nila sa pinanood na palabas.
- Sumahin ang mga sagot sa mga tanong. Isara ang talakayan sa pamamagitan ng kongklusyon na kayang lutasin ng mga tao sa komunidad ang kanilang sariling suliranin. Kaya nilang protektahan ang kanilang mga karapatan sa panahon ng disaster. –Ito ang tuntungan ng CBDRRM approach. Ito ay proseso ng disaster risk reduction at pamamahala na ang mismong mga komunidad na nasa panganib ang aktibong tumutukoy, nagsusuri, nakikitungo, sumusubaybay at nagtataya ng risgo upang mabawasan ang kanilang bulnerabilidad at maiangat ang kapasidad. –Ang mga taong sangkot mismo ang nasa gitna ng pagbubuo ng pasya at pagpapatupad ng mga aktibidad para sa disaster risk reduction at pamamahala.
- Kaya, ang mga komunidad ay mas nagiging organisado, at sistematiko sa lahat ng apat na thematic areas ng Disaster Risk Reduction at Pamamahala, lalo na sa panahon ng pagtugon sa disaster.
- Magbigay ng mga halimbawa kung paano ang Buklod Tao ay nakapagtaguyod ng karapatang pantao sa pamamagitan ng approach na ito. Ang CBDRRM ay nakatono sa Rights-Based Approach (RBA) na:
    - Tumutukoy na ang katuparan ng karapatang pantao ang ultimong layunin ng pag-unlad;
    - Kilanlin na ang tao ang susi sa sarili nyang pag-unlad, at hindi pasibong nakaabang at tumatanggap lamang ng mga produkto at serbisyo;
    - Kilanlin na ang paglahok ay kapwa paraan at layunin;

- Pagsikapan na magpatupad ng mga estratehiyang nakapagbibigay-kapangyarihan;
- Subaybayan at tasahin ang mga resulta at proseso;
- Magtuon sa mga nasa laylayan at ipinwerang mga grupo;
- Tiyakin na ang proseso sa pagpapaunlad ay inaako ng lokalidad;
- Pagsikapan na mabawasan ang mga agwat at bigyan ng kapagyarihan ang mga napag-iiwanan;
- Gamitin ang pagsusuri sa kalagayan para tukuyin ang kagyat, pundamental at ugat ng mga suliranin sa pag-unlad;
- Isali ang lahat ng sangkot/*stakeholders*, kasama na ang kapasidad ng estado na pangunahing may tungkulin (*duty- bearer*) at ang papel ng mga wala sa gubyerno (*non-state actors*), sa pagsusuri; at
- Paunlarin at ipagpatuloy ang estratehikong pagtutulungan (*partnerships*).

### Aktibidad/Proseso

- Idiin na ang proseso ng CBDRRM at RBA ay makatutulong sa mga komunidad na paunlarin ang angkop na mga mekanismo sa makataong pagtugon at kolektibong tumugon kapag dumating ang mga disaster -- (ibigay na halimbawa ang karanasan ng Buklod Tao).

## Transisyon sa Modyul 2

- Magbigay ng maikling repaso ng mga aral mula sa Modyul 1. Idiin na ang mga sesyon sa ilalim ng modyul (Sabayang Pag-unawa sa mga Susing Termino at mga Patakaran, Paglulugar ng Makataong Pagtugon sa Balangkas ng DRRM, at CBDRRM) ay nagsisikap na makapagbigay ng rationale para sa isang sistematikong makataong pagtugon na nagtataguyod sa mga prinsipyo at pamantayang makatao, gayundin mapagtibay ang papel ng pangkagipitang tugon sa balangkas ng DRRM at CBDRRM. Ang mga susunod na modyul ay pangunahing magpopokus sa kung paano ipatutupad ang RBA at CBDRRM sa panahon ng pangkagipitang tugon.

## Pinagsanggunian ng Modyul


ALNAP Guide on Protection for Humanitarian Agencies

Center for Disaster Preparedness. (No date). Module on RA 10121. Unpublished. DRRNet Philippines. (2011). Primer on RA 10121. Quezon City: DRRNet Philippines. Republic Act 7581, --Cong, S. No. --/H.No. --- (1992) (enacted).


Republic Act 9710, 14th Cong, S. No. 2396/H. No. 4273 (2008) (enacted). Republic Act 10121, 14th Cong, S. No. 3086/H. No. 6985 (2010) (enacted). Republic Act 10821, 16th Cong, S. No. 3034/H. No. 5285 (2015) (enacted). United Nations Guiding Principles on Internal Displacement

UN HRBA Portal. (No Date). The Human Rights Based Approach to Development Cooperation: Towards a Common Understanding Among UN Agencies. Accessed from: http://hrbaportal. org/the-human-rights-based-approach-to-development-cooperation-towards-a-common- understanding-among-un-agencies

United Nations Population Fund Portal. (No Date). The human rights -based approach. Accessed from: http://www.unfpa.org/human-rights-based-approach


Victoria, L & Luneta, M. (No date). Kahandaan, Katatagan at Kaunlaran ng Komunidad (2nd Ed.). Quezon City: Center for Disaster Preparedness.

Babasahin at biswal na inihanda ng Center for Disaster Preparedness



# 2
## Ikalawang Bahagi

# PANGKAGIPITANG TUGON



# Modyul 2

## PAGTATASA SA TUGONG PANGKAGIPITAN (EMERGENCY RESPONSE ASSESSMENT)

### Sesyon

Sesyon 2.1

Simulation

Sesyon 2.2

Input-Sintesis

Sesyon 2.1

# SIMULATION

## Layunin ng Pag-aaral

Sa dulo ng sesyon, magagawa na ng mga kalahok na:

- Ipaliwanag kung paano ang CBDRRM Aproach ay makapagpapadali sa pagsasagawa ng nakabatay-sa-karapatang makataong pagtugon.

## Sulyap sa Sesyon

| Oras | Paksa | Pamamaraan |
|---|---|---|
| 90 min | Pagtatasa sa Pangangailangan sa Panahon ng Kagipitan | |
| 15 min | | Mga Instruksyon sa Plenaryo |
| 45 min | | Simulation Activity |
| 15 min | | Konsolidasyon ng mga Datos |
| 15 min | | Talakayang Plenaryo |

**Duration**

90 min

**Materials**

Mga aktor at props para sa simulation
Metacards
Markers
Laptop
LCD Projector
Notebooks
Pens
Flipcharts
Masking Tape

# Proseso

- Aktibidad Paghahanda
- Magtayo ng tatlong istasyon (na magkakahiwalay o malalayo sa isa't isa) at bigyan ang mga aktor ng *scenario* na isasadula nila. Kailangang tukuyin ng mga kalahok ang mga kailangan ng mga apektado ng malaking kalamidad sa bawat *scenario*.

## Pagtatasa ng Pangangailangan sa Panahon ng Kagipitan (Emergencies) 30 min

### Instruksyon sa Plenaryo - 15 min

- Ipaliwanag na ang *simulated* na pagtatasang pangkagipitan ay isasagawa. Sa *simulation*, kailangang tukuyin ng mga kalahok ang kanilang indibidwal na papel at magtulungan bilang *team*. Bibigyan sila ng mga kasangkapan para sa partikular na pagtatasang pangkagipitan na isasagawa. Itanong din nang maaga kung ang mga kasangkapan sa pagtatasa ng CSO ay magagamit sa ehersisyo, para magamit sa pangangalap ng datos at sa pagpapaliwanag ng pinakamahusay na posibleng hakbang (o mga hakbang).
- Hatiin ang mga kalahok sa mga *team* sa pagtatasa. Ibigay ang *handout* ng *general scenario* at *assessment tool* sa mga kalahok. Bigyan ang bawat *team* ng limang minuto para repasuhin ang *handout* at *tool*, magplano at magtokahan ng kani-kanyang papel. Magtalaga ng *observer* mula sa bawat *team*.

### Simulation Activity - 45 min

- Mag-signal sa pagsisimula ng *simulation activity*.
- Pupunta ang bawat *team* sa mga istasyon at susubukan ang kanilang kasanayan sa pagtatasa. Sampung minuto ang nakalaan sa pagtigil ng bawat *team* sa bawat istasyon. Sa bawat istasyon ay may mga umaakto/gumaganap na iba't ibang *stakeholders* (hal., mga biktima ng disaster sa iba't ibang sektor, mga opisyal ng barangay, pambayan at panglungsod). Maaaring baguhin ng mga gumaganap ang kanilang aktitud sa pakikitungo sa *assessment teams* (hal., atubili/ayaw makipagtulungan na respondent, sobrang sigasig/oportunistang pulitiko, mga 'biktima' na may *trauma*).
- Mag-signal na tapos na ang *simulation activity* at simula na ng *team consolidation*.

### Pagsisinop ng Datos - 15 min

- Bawat *team* ay muling magtitipon para konsolidahin ang mga lumitaw sa nakalap na datos at suriin ito.

### Pagsisinop ng Datos - 15 min

- Ihapag ang mga sumusunod na katanungan:
    - Ano ang inyong napalitaw? Ano ang mga pangangailangan ng mga apektado?
    - Ano ang mga salik na nagpabilis/nakapagpadali ng pangangalap?
    - Ano ang mga salik na nakapipigil sa pangangalap ng datos?
    - Ano ang masasabi ninyo sa kasangkapan na ginamit sa pagtatasa? Ano ang madaling gamitin? Ano ang mga kakapusan?



- Ano ang mga posibleng ipinalya sa pagkilala sa mga karapatang pantao at dignidad ng mga apektado sa panahong tinatasa ang kanilang pangangailangan?
- Paano matutukoy ang mga pangangailangan ng mga apektado kasabay na naitataguyod ang kanilang dignidad?

Sesyon 2.2

# INPUT-SINTESIS

## Layunin ng Pag-aaral

Sa dulo ng sesyon, magagawa na ng mga kalahok na:

- Maipaliwanag kung paanong ang CBDRRM *approach* ay makapagpapabilis ng nakabatay-sa-karapatan na makataong tugon.

## Sulyap sa Sesyon

| Oras | Paksa | Pamamaraan |
|---|---|---|
| 60 min | Pangangailangan ng Datos at Kasangkapan sa Pagtatasa | Interaktib na Talakayan |

**Duration**

60 min

**Materials**

Laptop
LCD Projector

## Proseso

### Pangangailangan ng Datos at Kasangkapan sa Pagtatasa

**60 min**

- Talakayin ang laman ng power point presentation sa Pangangailangan ng Datos at Kasangkapan sa Pagtatasa. Ang tagapagpadaloy ay:
    - Magbabahagi ng personal na karanasan sa pagtatasang pangkagipitan.
    - Tatalakayin ang kahalagahan ng pagtitiyak na ang pagtatasang pangkagipitan ay nakabatay sa karapatan.
    - Ipaliliwanag ang kahalagahan ng pagtatasang pangkagipitan.
    - Tatalakayin ang iba't ibang klase ng pagtatasa sa DRR sa mga komunidad: Pagtatasa ng Panganib sa Komunidad, Pagtatasa ng Panganib Bago ang Sakuna (Pre-Disaster), RDANA, at PDNA.
    - Para sa pagtatasang pangkagipitan, talakayin ang kasalukuyang kasangkapang ginamit ng mga kalahok, MIRA, at RDANA.

    - Tutukan ang RDANA bilang pagtatasa sa panahon ng pangkagipitang tugon.
    - Talakayin kung ano ang mga dapat tasahin sa panahon ng kagipitan.
    - Talakayin ang mga sumusunod na susing katanungan:
        - Kailan ito maisasagawa?
        - Ano ang proseso sa pagsasagawa ng RDANA?
        - Sino ang gagawa nito?
        - Ano ang mga kasamang tungkulin sa pagsasagawa ng RDANA?
    - Talakayin ang mga prinsipyong etikal.
- Laging bumalik sa karanasan sa *simulation exercise* at mga nalinawan sa talakayan. Higit pa, himukin ang mga kalahok na magbahagi ng kanilang aktwal na karanasan sa pagsasagawa ng pagtatasa sa disaster.

## Transisyon sa Modyul 3

- Talakayin ang nilalaman ng *power point presentation* sa Pangangailangan ng Datos at Kasangkapan sa Pagtatasa. Laging balikan ang mga karanasan sa *simulation exercise* at mga nalinawan sa talakayan. Maliban dito, himukin ang mga kalahok na magbahagi ng kanilang karanasan.
- Idiin na ang mga datos na nakalap sa panahon ng pangkagipitang pagtatasa (*emergency assessment*) ay esensyal sa pagpoprograma at pagpaplano ng angkop na pagtugon sa apektadong populasyon. Ang susunod na modyul ay magpopokus kung paano ito gagawin.


## Pinagsangguniang Modyul

Christian Aid & Center for Disaster Preparedness. (2017). 49CARRAT-HOPE (Four Humanitarian Principles, Nine Humanitarian Standards Christian Aid Rapid Response Team Humanitarian Orientation for Partners' Empowerment) Training Manual. Unpublished.



# Input-Sintesis ng Emergency Assessment

**Figure 16. Mabilisang Pagtatasa ng Pinsala at Pagsusuri sa Pangangailangan (RDANA) sa Pangkagipitang Tugon**




### Ang Kahalagahan ng Pagtatasa


- Para mailarawan ang epekto ng disaster kaugnay ng:
  - Saklaw at lala
  - Pinakaapektadong mga lugar
  - Epekto sa mga bulnerableng sektor

### Iba't-ibang Tipo

- PDNA
  - Ginagawa ito para matukoy kung gaano kalala ang pinsalang hatid ng kalamidad sa mga apektadong komunidad, kasama ang iba't ibang sektor; pangisdaan, pagsasaka at iba pa sa mas detalyadong paraan.
  - Ang resulta ng pagsusuri sa mga nakalap na datos ay gagamitin para tukuyin ang pangmatagalang pangangailangan at makatulong sa pagbawi ng mga apektadong komunidad.
- MEKANISMO NG RDANA
  - Ginagawa ito para tasahin ang pinsala, pangangailangan at bulnerabilidad, at mga kapasidad.

## Kailan ito Ginagawa?

### Figure 17. Antas ng Pagtatasa Bago, Sa Panahon, at Pagkatapos ng mga Disaster




Source: ASEAN-ERAT guideline


## Antas ng pagtatasa

| | Phase - 0 | Phase - 1 | Phase - 2 | Phase - 3 | Phase - 4 |
|---|---|---|---|---|---|
| Goal | Preparedness | Saving Lives | Sustaining lives, protecting livelihoods | Restoring livelihoods & re-establishing essential services | |
| Indicative Timing (days) | Before disaster occurs | 1 - 3 / 1 - 7 | 4 - 10 / 15 | 11 / 16 - 30 / 45 | 31 / 46+ |
| Purpose | • Establish procedures and responsibilities for assessments<br>• Prepare tools | • Estimate scale, severity and impact of the disaster<br>• Locate affected populations to gather information for initial response decisions<br>• Plan for next assessment phase | • Planning of humanitarian response<br>• Define focus for follow-on Assessments | • Detailed situation and trend analysis<br>• Detailed planning for humanitarian relief and early recovery | • Programming for recovery |
| Methodologies | • Contingency planning process<br>• Humanitarian preparedness<br>• Trainings on Sphere Standards, etc. | • Mainly quick field visits (sea/land) or flyovers for preliminary information<br>• Satellite imagery | • Joint assessments<br>• Community level discussions<br>• Key informants<br>• Purposive sampling | • Joint multi-sectoral assessments<br>• Community and/or household survey | • In-depth sectoral assessments |

**Figure 18. Proseso ng Mabilisang Pagtatasa ng Pinsala at Pagsusuri ng mga Pangangailangan (RDANA)**




**Figure 19. Mga Elemento ng Field Response Plan**



### Ano ang mga Kailangan?

- Koordinasyon
- Bakit ito kailangan?
    - Sa pamamagitan ng koordinasyon sa panahon ng mga pagtatasa, ang mga orgnisasyon ay:
        - May isang bisyon sa pangagailangan ng komunidad.
        - May pag-unawa at prayoridad sa mga pangangailangan.
        - May malawak na naaabot.
        - Epektibong nagagamit ang mga rekurso.
        - May matatag na tuntungan ang mga pagpapaplano.
        - Nababawasan ang pagod-sa-pagtatasa sa hanay ng mga apektadong komunidad.
- Kasangkapan sa Pagtatasa
    - Multi-Cluster Initial Rapid Aassessment (MIRA)
    - RDANA form NDRRMC - 2014
    - RDANA Initial Report – Phase I
- Mga Personal na Pangangailangan





**Figure 20. Paghahanda para maging 'Mission Ready'**

- Passport (balido pa sa loob ng 6 na buwan)
- Visa
- Travel Attestation (SASOP Form 5)
- Rekord ng Bakuna/Immunization
- Preskripsyon para sa salamin sa mata /contact lenses
- Lokal na pera (currency)
- Credit Card(s)
- Name Card
- Gamit sa Pagsulat
- Standard Operating Procedure for Regional Standby Arrangements and Coordination of Joint Disaster Relief and Emergency Response Operations (SASOP)
- Panuntunan sa Pagtatasa
- Mapa

- Handa sa Misyon
    - Naihanda ang Pamilya
    - Nalutas na ang mga sensitibong bagay bago ang misyon
    - Kaalaman sa kaayusan ng pamamahala sa disaster
    - Kamalayan sa kultura at mga gawi sa apektadong bansa

## Mga Batayang Etikal na Prinsipyo

- MAALAM NA PAGSANG-AYON (INFORMED CONSENT)

  Kapag nagsasagawa ng pagtatasa, may karapatang mamili ang mga kalahok (kasama ang mga bata at matatanda) kung sila ba ay lalahok o hindi sa pagtatasa. Ang maalam na pagsang-ayon ay ginagamit para ipaliwanag sa mga potensyal na kalahok ang gagawing pagtatasa –kasama ang mga risgo sa paglahok, paano gagamitin ang mga impormasyon, at ano ang inaasahan sa kanila—sa lenggwaheng angkop sa antas ng pag-unawa nila dahil maaaring makaapekto ito sa kanilang kagustuhang lumahok.

- PROTEKSYON SA KAPAHAMAKAN

  Sa pagsasagawa ng pagtatasa, may karapatan ang mga kalahok na maprotektahan sa pisikal at sikolohikal na panganib na maaari nilang danasin sa panahon ng pagtatasa.

- PRIVACY

  May karapatan ang mga kalahok na hindi sabihin ang tunay nilang identidad sa ginagawang pagsisiyasat at pagtatasa. Ang karapatang ito ng mga kalahok ay sumasaklaw hanggang sa mga nakasulat na ulat at impormal na talakayan tungkol sa resulta ng pagsisiyasat.

- KAALAMAN SA RESULTA

  May karapatan ang mga kalahok na malaman ang resulta ng pagtatasa sa lenggwaheng abot sa antas ng pag-unawa nila.

- IMPORTANTENG PUNTONG DAPAT TANDAAN!
    - Sa pangangalap ng datos, tanging ang mga impormasyong kinakailangan sa itinakdang layunin ng pagtatasa ang dapat na tipunin.
    - Kailangang maagap na makuha ang mga kinakailangang impormasyon sa unang punta pa lamang dahil maaaring hindi na makabalik sa lugar.
    - Ang epektibong disaster response plan ay nakabatay sa resulta ng pagtatasa, at napakahalaga sa apektadong komunidad.

# Modyul 3

## PAGPOPROGRAMA NG PANGKAGIPITANG TUGON (EMERGENCY RESPONSE)

### Sesyon

**Sesyon 3.1**

Pangunguna (Mainstreaming) ng Proteksyon, Gender, Inclusivity, at Adbokasiya sa Pagpoprograma ng Makataong Tugon

**Sesyon 3.2**

Pagpoprograma ng Batayang Serbisyo: Pagkain, Non-Food Items, WASH, at Tirahan

**Sesyon 3.3**

Pagpoprograma ng Ispesyal na Teknikal na Serbisyo: Suportang Psychosocial, Prosesong Pangkapayapaan

**Sesyon 3.1**

# PANGUNGUNA (MAINSTREAMING) NG PROTEKSYON, GENDER, AT INGKLUSYON SA PAGPOPROGRAMA NG HUMANITARIAN RESPONSE

## Layunin ng Pag-aaral

Sa dulo ng sesyon, magagawa na ng mga kalahok na:

- Kilalanin na ang mga bulnerableng sektor ay napag-iiwanan sa mga aktibidad ng komunidad; at
- Talakayin ang mga mekanismo na magtitiyak na ang nagtatawirang usapin sa pangkagipitang tugon ay mahaharap sa yugto ng bago ang disaster (*pre-disaster*) (pag-iwas o prebensyon, pagpapapagaan o mitigasyon, at kahandaan).

## Sulyap sa Sesyon

| Oras | Paksa | Pamamaraan |
|---|---|---|
| 60 min | Proteksyon, Gender, Ingkusyon, at Adbokasiya sa Humanitarian Response | |
| 30 min | | Ehersisyo: Power Walk |
| 30 min | | Interaktib na Talakayan |

**Duration**

60 min

**Materials**

Metacards
Markers
Masking Tape

# Proseso

### Proteksyon, Gender, at Ingklusyon sa Makataong Tugon
**60 min**

**Ehersisyo: Power Walk - 30 min**

- Bigyan ang bawat kalahok ng karakter na gagampanan (nakasulat sa metacard). Sabihan sila na ilihim ang karakter nila hanggang matapos ang ehersisyo. Ipaalam sa kanila na ang mga aktibidad na babanggitin sa sesyon ay mga aktibidad ng komunidad.
- Sa bawat aktibidad, pagpapasyahan ng mga kalahok kung ang kanilang karakter ay makakalahok o hindi. Kung maaaring sumali ang kanilang karakter, maaari silang humakbang pasulong. Kung sa kanilang tingin ay hind maaaring sumali ang karakter nila, hindi sila titinag sa kinalalagyan nila.
- Pagkatapos ng ehersisyo, sabihan ang mga kalahok na idikit ang metacard ng kanilang karakter sa kanilang dibdib. Sabihan sila na umikot at obserbahan ang mga karakter na humakbang pasulong at yaong mga hindi gumalaw sa kinalalagyan. Tanungin sila sa kanilang pananaw at insights.
- Idiin na tulad sa ginawang ehersisyo, ang mga nasa bulnerableng sektor ay karaniwang napag-iiwanan o hindi naisasali sa mga aktibidad sa komunidad. Sa kabilang banda, yaong nasa kapangyarihan at mapera ay laging kalahok sa halos lahat ng aktibidad. Ang pagiging ingklusibo ay nagtitiyak na ang lahat, lalo na ang mga bulnarableng sektor ay makalalahok sa mga aktibidad ng komunidad at mga pagsisikap na makatao.

**Interaktib na Talakayan - 30 min**

- Idikit ng pahalang sa board ang mga sumusunod: proteksyon, gender, at ingklusyon. Sabihan ang mga kalahok na ibahagi ang kanilang pagkakaunawa sa mga salita/termino. Magbigay ng karagdagang input o magtuwid ng mga miskonsepsyon kung kinakailangan.
- Pagkatapos, sabihan ang mga kalahok na idikit ang metacard ng kanilang karakter (sa Power Walk) sa ilalim ng mga termino o konsepto na nagiging pangunahing usapin ng kanilang karakter/role (hal. Ang usapin ba ng kanilang karakter ay nasa ilalim ng proteksyon, gender, o ingkusyon?).
- Sabihan ang 3-5 na kalahok na ipaliwanag ang usapin na pinili nila para sa kanilang karakter. Tanungin sila kung bakit ang mga usaping iyon ay mahalaga sa makataong tugon. Paalalahanan sila na ang kanilang karakter ay maaaring mapaloob sa higit na isang kategorya.
- Iugnay ang kanilang mga tugon sa mga pangangailangan na itaguyod ang dignidad at mga karapatang pantao sa panahon ng pangkagipitang tugon. Idiin na ang mga mekanismo na magtitiyak na ang magkakaugnay na usapin sa panahon ng pangkagipitang tugon ay ginagawa na bago pa ang sakuna o pre-disaster phase (prebensyon, mitigasyon, at kahandaan). Higit pa, ang mga katanungan na nakapokus sa mga usaping ito (hal., pangangalap ng gender, edad, datos tungkol sa mga taong may kapansanan, atbp.) ay dapat isinama na sa pagtatasa pa lamang ng mga pangangaailangan.



- Paalalahanan ang mga kalahok na isaisip ang magkakaugnay na usapin sa proteksyon, gender, ingklusyon, at adbokasiya sa pagpoprograma ng mga serbisyo sa makataong tugon na tatalakayin sa susunod na sesyon. Paalalahanan sila na tiyakin na ang mga serbisyong ito ay gender sensitive, ingklusibo, at nangangalaga sa mga karapatang pantao.

Sesyon 3.2

# PAGPOPROGRAMA NG MGA BATAYANG SERBISYO: PAGKAIN, NON-FOOD ITEMS (NFIS), WASH, AT TIRAHAN

## Layunin ng Pag-aaral

Sa dulo ng sesyon, magagawa na ng mga kalahok na:

- Makilala ang iba't ibang tipo ng pangkagipitang tugon, ang mga kaugnay na prinsipyo at pamantayan ng bawat isa, at ang pinanggalingan ng mga karagdagang impormasyon sa iba't ibang tipo ng pangkagipitang tugon;
- Tukuyin kung anong mga yunit sa lokal na konseho ng DRRM /organisasyon ang responsable sa makataong tugon at alamin ang mga tungkulin at responsibilidad ng bawat yunit; at
- Ipaliwanag ang proseso ng pagpoprograma sa pagkain, NFIs, WASH, at tirahan.

## Sulyap sa Sesyon

| Oras | Paksa | Pamamaraan |
|---|---|---|
| 10 min | Lokal Istruktura para sa Emergency Response | Talakayang Plenaryo |
| 110 min | The Sphere Project | |
| 50 min | | Interaktib na Talakayan |
| 60 min | | Pangkatang Ehersisyo: Paggamit ng Sphere Standards |

Duration

120 min

Materials

Metacards
Markers
Manila papers
Masking Tape

Copies of the Sphere Handbook
Laptop
LCD Projector

# Proseso

### Lokal na Istruktura para sa Emergency Response

**10 min**

- Sabihan ang mga kalahok na iguhit ang istruktura ng kanilang lokal DRRM. Tanungin sila kung anong sub-komite at sub-yunit ang namamahala sa makataong tugon. Tanungin sila kung anong komite/yunit sa istruktura ng lokal na DRRM ang nakatoka sa pagpoprograma at pagbibigay ng pagkain, NFIs, WASH, at tirahan kapag may disaster.
- Ipaliwanag na ang pagbubuo at pagpapatatag ng istruktura ng lokal na DRRM ay esensyal sa epektibong pagtugon. Mayroong mga sub-komite at mga taong nakatalaga para pamunuan ang gawain, tiyakin ang sistematikong pagtugon, at pangangalaga sa karapatang pantao.
- Tanungin kung paanong ang mga komite/yunit na ito ay nakikipag-ugnayan sa nakatataas na LGU/s at National Disaster Response Structure/Cluster.
- Ipaliwanag na ang Sesyon 2 ay nakatutok para tiyakin na ang mga karapatang pantao ay napanghahawakan kapag nagpoprograma, nagbibigay ng pagkain, NFIs, WASH, at tirahan kapag may mga sakuna.

### Ang Sphere Project

**60 min**

#### Interaktib na Talakayan - 50 min

- Ipakilala ang Sphere Project.
- Ang Sphere Project ay sinimulan nuong 1997 ng mga humanitarian non-governmental organizations (NGOs) at ng International Red Cross at Red Crescent Movement. Layunin nila na maiangat ang kalidad ng kanilang mga hakbang sa panahon ng pagtugon nila sa disaster. Ibinatay nila ang pilosopiya ng Sphere sa dalawang saligang paniniwala: una, na ang mga apektado ng disaster o labanan ay may karapatang mabuhay ng may dignidad at, kung gayon, ay may karapatan para sa tulong; at pangalawa, dapat gawin ang lahat ng posibleng hakbang para maibsan ang pagdurusa mula sa disaster o labanan. Ang teknikal na bahagi ng Sphere Standards ay nagsisilbing gabay sa pagdidisenyo ng interbensyon sa Seguridad sa Pagkain, WASH, Tirahan at Non-Food Items, at Hakbang Pangkalusugan.
- Ipamahagi ang kopya ng Sphere Handbook sa lahat ng kalahok. Pabalikin ang mga kalahok sa kung saang grupo sila nakabilang sa panahon ng simulation (pagtatasa ng pangangailangan). Italaga ang bawat grupo sa iba't ibang teknikal na tsapter:
    - Group 1: Pagkain at NFIs
    - Group 2: WASH at Evacuation Site
    - Group 3: Tirahan
- Sabihan ang bawat grupo na basahin at talakayin ang mga pamantayan na itinakda ng Sphere Project na nakatutok sa batayang serbisyong naka toka sa kanila. Bigyan ang mga grupo ng 15 minuto para kumpletuhin ang tungkuling ito.

- Pagkatapos ng talakayan ng mga grupo, mag plenaryo para magbahaginan ng mga ideya at itanong ang mga sumusunod:
    - Ang mga pamantayan ba ay maaaring ilapat sa inyong konteksto? Bakit, o bakit hindi?
- Idiin na ang mga pamantayan ng Sphere ay naglalayong tiyakin na ang mga batayang serbisyo na ibinibigay sa mga nakaligtas sa disaster ay nagtataguyod ng dignidad at mga karapatang pantao. Gayunman, kinikilala rin na ang probisyon ng mga serbisyo ay nakabatay sa konteksto at kalagayan ng mga lugar. Kung ang mga pamantayan ay hindi maipatutupad, dapat tiyakin ng mga kasapi ng LDRRMC na ang dignidad at mga karapatang pantao ay maitataguyod. Makatutulong ang pamamaraan ng CBDRRM habang ang mga tao mismo ang magtatakda ng mga mekanismo at pamantayan sa pagkain, NFIs, WASH, at tirahan, batay sa kanilang kultura, konteksto at pandama sa kung ano ang patas.
    - Idiin ang pangangailangan na matiyak ang tungkol sa proteksyon, gender, ingklusyon, at ang adbokasiya ay ipinauuna sa mga ganitong mekanismo.

### Pangkatang Ehersisyo: Paglalapat ng SPHERE Standards

**60 min**

- Sabihan ang bawat grupo na balikan ang mga datos na nakalap sa panahon ng simulation (pagtatasa ng pangangailangan). Sabihan sila na mahalagang tukuyin ang mga naaangkop na pagkain at NFIs (Group 1); WASH facilities (Group 2) na kinakailangan sa evacuation area at/o apektadong komunidad, gayundin ang pagkakalatag ng evacuation site; at pagkakalatag ng tirahan o floor plan at nilalaman ng shelter tool kit (Group 3).
- Paalalahanan ang mga grupo na ilapat ang pamantayan ng Sphere at/o magbigay ng serbisyo batay sa konteksto at kultura. Paalalahanan din sila na tiyakin na napakikitunguhan ang tungkol sa proteksyon, gender, ingklusyon, at naisusulong ang adbokasiya. Bigyan ang bawat grupo ng 10 minuto para sa ehersisyo.
- Bigyan ang bawat grupo ng limang minuto para iulat ang kanilang nagawa. Himukin ang ibang grupo na magbahagi ng kanilang komentaryo at pagtingin.

### Transisyon sa Sesyon 3

- Lagumin ang mga mahahalagang mensahe mula sa sesyon. Sumahin ang mga pangunahing mensahe. Idiin na ang mga datos na natipon sa panahon ng pagtatasa sa pangangailangan ang magiging batayan sa pagpoprograma sa response interventions. Ang pagpoprograma sa mga batayang serbisyo (pagkain, NFIs, WASH, tirahan, evacuation site) para sa apektadong populasyon ay naitataguyod ang dignidad ng tao. Ang pagsunod sa mga pamantayan na itinakda ng Sphere Project ay nakakatulong ng malaki, gayundin ang kolektibong pagpapaunlad ng mga mekanismo at pamantayan sa pamamagitan ng CBDRRM. Ang mga usapin sa proteksyon, gender, ingklusibidad, at adbokasiya ay dapat ding mapakitunguhan sa pagpoprograma ng makataong tugon.
- Makaraang matalakay kung paano nagpoprograma ng batayang serbisyong nakabatay sa karapatan, ipaliwanag na ang susunod na sesyon ay tututok sa pagpoprograma ng ispesyal na teknikal na serbisyo na nakatuntong din sa karapatan.

# Ang Sphere Project

**Figure 21. Tatlong Pundasyon at Apat na Prinsipyo sa The Sphere Project**




### Mga Pundasyon

Batas sa Pagiging Makatao
*'...lahat ng mga tao na apektado ng krisis ay may karapatan na tumanggap ng tulong at proteksyon'*

Mga Prinsipyo sa Proteksyon
*'...praktikal na pagsasalin ng mga ligal na prinsipyo at karapatan ... na gumagabay sa lahat ng makataong tugon*

Buod ng mga Pamantayang Makatao (Humanitarian)
*'...esensya na mga proseso at pang-organisasyong responsibilidad para magkaroon ng kalidad at pananagutan'*

### Mga Prinsipyo

Suplay ng tubig, Pagtataguyod ng Sanitasyon kalinisan
*'Ang bawat isa ay may karapatan sa tubig at kalinisan'*

Seguridad sa Pagkain at Nutrisyon
*'Ang bawat isa ay 'may karapatang maging Malaya sa gutom at magkaroon ng sapat na pagkain'*

Tirahan at Paninirahan
*'Ang bawat isa ay may karapatan sa sapat na pabahay'*

Kalusugan
*'Ang bawat isa ay ay may karapatan sa napapanahon at angkop na pangangalagang pangkalusugan'*

## Ang Ubod na mga Pamantayan (Core Standards)

- Ang Core Standards ay unang itinakdang minimum na pamantayan at gumagabay sa iba pa. Inililinaw nito ang mga proseso at pakikitungo (approaches) na ginagawa sa panahon ng makataong tugon ay pundamental para maging epektibo ang pagtugon.
- Ang pagtutok sa kapasidad at aktibong partisipasyon ng mga apektado ng disaster o labanan, ang kumprehensibong pagsusuri at pag-unawa sa pangangailangan at konteksto, epektibong koordinasyon ng mga ahensya, ang komitment na patuloy na paghusayin ang paggampan, at ang mga may angkop na kasanayan at sinusuportahang mga aid workers ay mahalaga lahat upang makamit ang mga pamantayang teknikal.

**Figure 22. Core Humanitarian Standard**




- Tinitipon at pinag-uugnay ng Sphere ang mahuhusay na karanasan sa mga nagsasalu-salubong na mga tema sa ibaba:
  - HIV/AIDS
  - Matatanda
  - Mga may kapansanan (PWD)
  - Kalikasan at Kultura
  - Proteksyon
  - Gender
  - Mga bata
  - DRR

### Paano gamitin ang Sphere Handbook

- Buod at Minimum na mga Pamantayan

  Ang mga ito ay **kalitatibo** at may **kalikasang unibersal** at tumutukoy sa minimong antas na kailangang abutin ng makataong tugon sa apat na teknikal na larangan.
- Susing Indicators

  Ang mga ito ay mga '**senyales**' na nagpapakita kung nakakamit ba ang mga pamantayan.

  Sa pamamagitan nito nasusukat at nako-*communicate* ang mga resulta ng mga susing aksyon/hakbang.

  Mahigpit itong nakaugnay sa pagkakamit ng minimong mga pamantayan.
- Susing Hakbang
- Tala-Gabay:
  - Pinatitingkad ang mga *context-specific points* sa pagpapatupad ng minimong mga pamantayan, susing aksyon at *indicators* (hal. umiiral na pambansang pamantayan);
  - Makagagabay sa pagharap sa mga praktikal na kahirapan o panukat (*benchmarks*) at makapagpapayo sa mga pangunahing usapin o nagsasalu-salubong na mga tema; at
  - Kasama ang mga kritikal na usapin kaugnay ng mga pamantayan, aksyon o *indicators* at naglalarawan ng mga mahihirap na kalagayan (*dilemmas*), kontrobersya at agwat sa mga kasalukuyang kaalaman.

# Iba't Ibang Tipo ng Relief

- Pagkain at NFIs
- Pansamantalang tirahan
- Agarang konstruksyon ng mga pinakamahalagang pasilidad (hal., kuryente, tubig, komunikasyon, kalsada, abp.)
- Kagyatang medical na serbisyo (gaya ng first aid, tubig, sanitasyon, atbp.).
- Psychological first aid

### Mga minimong pamantayan sa pagkakaroon ng Tubig, Pagtataguyod ng Sanitasyon at Kalinisan (WASH)

Mga Erya ng Susing Pamantayan

- Suplay ng Tubig
- Pagtataguyod ng kalinisan
- Pamamahala ng solid waste
- Tapunan ng dumi/tae (excreta)
- Vector control (pagmumulan ng sakit)
- Kanal (drainage)

- Pagpaplano sa Pagtugon sa Tubig at Sanitasyon sa panahon ng Emergencies
- Gaano karaming tubig ang iniimon ng mga tao sa bawat araw?
- Gaano karaming tubig ang kailangan ng mga tao sa bawat araw?
- Gaano kalayo ang lalakarin para makakuha ng tubig?
- Ano ang dapat na kalidad ng tubig?
- Gaano kalapit ang mga kubeta sa mga bahay?
- Gaano kalayo dapat ang kampo sa itlugan ng lamok?
- Gaano dapat kalaki ang lalagyan ng basura ng bawa't pamilya?

**Suplay ng Tubig**



- 15L/tao/araw (3L ng inuming tubig /tao/araw)
- 500m layo mula sa pinakamalapit na kuhanan ng tubig
- 1 kuhanan ng tubig sa bawat 250 tao
- 1 hugasan sa bawat 100 tao
- 2 lalagyan ng 10-20L bawat sambahayan (household)
- tinitiyak ang regular maintenance ng lahat ng inilagay na sistema at pasilidad, kung saan ang lahat ng gumagamit ay sangkot

**Pagtataguyod ng Sanitasyon at Kalinisan**

- 1 kubeta sa bawat 20 tao (o 50 kung emergencies)
- Kubeta ay kulang 50m mula sa mga bahayan
- Kasama ang komunidad sa pagdidisenyo at pagtukoy ng lugar na paglalagyan ng mga kubeta
- Ang mga hugasan ng kamay ay nasa lugar na malapit sa mga kubeta
- Ikonsidera ang gender sa pagtatayo ng kubeta
- Ang mga babae, lalaki at bata ay may mga gamit panlinis (hygiene) at titiyakin na nagagamit ito ng maayos

**Pagtataguyod ng Sanitasyon at Kalinisan**



- Batayang Gamit na Panglinis
    - 1 250g sabong pampaligo/tao/buwan
    - 1 200g sabong panlaba /tao/buwan
    - sanitary napkins/tao
- Karagdagang gamit batay sa kultural na gawi
    - 75ml/100g toothpaste
    - 1 toothbrush
    - 250ml shampoo, atbp.

**Pagtatapon ng Dumi/Tae**

- Ang mga kubeta ay may 30m layo mula sa pinagkukunan ng tubig (*groundwater*); 1.5m ang taas sa *water table*
- Ang populasyon ay dapat na kuntento sa isinagawang konsultasyon at sa mga kubetang itinatayo

**Vector Control**

- Alam lahat ng nanganganib na populasyon kung paano kumakalat at nakahahawa at gumagawa sila ng mga kaukulang hakbang para protektahan ang mga sarili
- Iwasan ng mga tao ang malantad sa mga lamok lalo sa oras ng katindihan ng kanilang pangingitlog
- Kakaunti na ang mga taong naaapektuhan mula sa *vector-related* na sakit
- Protektado ang mga tauhan na nagsasagawa ng chemical vector control measures
- Sumusunod sa mga internasyunal na pamantayan at kairalan mula sa World Health Organization (WHO) sa pamimili, pag-iimbak at pagbibyahe ng mga kemikal para sa *vector control measures*

### Pamamahala ng Solid Waste



- Ang lahat ng sambahayan ay mayroong lalagyan ng basura na tinatanggalan ng laman ng dalawang beses sa isang linggo
- Ang komunal na basurahan ay may layong 100m sa lahat ng sambahayan
- Dapat may isang 100L na lalagyan ng basura sa bawat sampung pamilya
- 1 tao = 1L ng lalagyan ng basura /araw, na 25-35% ay organiko

## Minimum na Pamantayan sa Seguridad sa Pagkain at Nutrisyon

- Calories: 2,100 kcals bawat araw (ito ay panimulang plano lamang, babaguhin batay sa masusing pagsusuri sa demograpiya ng populasyon)
- Binubuo ito ng: 10% – 12% total na enerhiya mula sa protina at 17% total na enerhiya mula sa taba
- Ang standard food relief package ay naglalaman ng:
  - 400 gramo ng bigas/nakatatanda/araw
  - 200 gramo ng bigas/batang 12 taon-pababa/araw
  - 3 lata ng de-latang pagkain sa bawat anim-na-kataong pamilya
  - Iba't ibang klaseng tuyong isda, gulay, beans at mga pagkaing makukuha sa lokalidad ay maaaring pamalit sa mga nakalatang pagkain kung ipinahihintulot ng kalagayan





### Non-Food Items (NFIs) (Mga Pangangailangan sa Bahay)

- Lalagyan ng tubig: 2 tig-10-20 litrong lalagyan na pang-igib at 1 20 litrong lalagyan na imbakan
- Gamit sa Pagkain

  1 kalderong may takip
  1 planggana
  1 kutsilyong pangkusina
  2 sandok na kahoy
  1 kutsara/tao
  1 plato/tao
  1 mug/tao



## Minimum na mga Pamantayan sa Pangkalusugang Hakbang



- **Health Excess Mortality**
  - CMR: 1 sa bawat 10,000 bawat araw CMR
  - U5CMR: 2 bawat 10,000 bawat araw na mababa sa 5 CMR
    - Saklaw ng pagbabakuna sa tigdas: 95% ng lahat ng bata na 6 buwan – 12 taon
    - Kailangang mabakunahan laban sa tigdas: 140% ng target na grupo (15% waste at 25% stockpile)
- **Medical Staff**
  - 1 nag-iikot sa bawat 500 – 1,000 populasyon
  - 1 superbisor sa bawat 10 medikal istap na mag-iikot
  - 1 senior supervisor
  - 1 malapit na pangkalusugang pasilidad sa bawat 10,000 populasyon
  - 1 sentral na pangkalusugang pasilidad sa bawat 50,000 populasyon

## Minimum na mga Pamantayan sa Pangkalusugang Hakbang

- **Pagpaplano sa Camp Site**
  - Gross area: 4.5 square meters bawat tao (kasama na ang lahat ng gamit maliban sa hardin o pagtatanim)
  - Dimension/distance: Maksimum distansya sa pagitan ng tirahan at kubeta ay 50 metro
  - Firebreaks: 2 metrong pagitan ng bawat bahay, 6 metrong pagitan ng bawat kulumpon ng bahay, 15 metro sa pagitan ng mga bloke ng mga kulumpon
  - Ang distansya sa pagitan ng balon at kubeta: ang mga kubeta ay mas malayo ng 30 metro mula sa balon o ground water sources at 1.5 metrong lampas sa water table
  - Maksimum na distansya mula saanmang bahay at kuhanan ng tubig ay 500 metro
  - Elevation/kanal: 3 metrong lampas sa water table
  - Sukat ng tirahan: 3.5 – 4.5 sqm ang saklaw bawat tao
  - Plastic sheeting para sa pansamantalang silungan: 4 metro x 6 metro sheet sa bawat sambahay na may 5 tao



Sesyon 3.3

# PAGPOPROGRAMA NG ISPESYAL NA TEKNIKAL NA SERBISYO: SUPORTANG PSYCHOSOCIAL, PROSESONG PANGKAPAYAPAAN

## Layunin ng Pag-aaral

Sa dulo ng sesyon, magagawa na ng mga kalahok na:

- Maipaliwanag ang iba't ibang konsiderasyon sa pagpoprograma ng ispesyal na teknikal na serbisyo, suportang psychosocial, at prosesong pangkapayapaan;
- Tukuyin ang kapasidad at mga kakulangan ng mga umiiral na organisasyon sa mga partikular na pangkagipitang tugon; at
- Gamitin ang lahat ng pagkakataon para magtipon ng mga kaalaman gamit ang mga sekundaryong pinanggalingan.

## Sulyap sa Sesyon

| Oras | Paksa | Pamamaraan |
|---|---|---|
| 90 min | Suportang Psychosocial | |
| 30 min | | Dyads |
| 60 min | | Input-Talakayan |
| 30 min | Prosesong Pangkapayapaan | Patingkarin ang mga punto sa talakayan at mga susing mensahe |

**Duration**

120 min

**Materials**

Bond paper sheets
Pencils
Crayons
Soft Music

Laptop
LCD Projector
Speakers

**Preparation**

Ihanda ang powerpoint presentations para sa PSS at Peacebuilding

# Proseso

## Suportang Psychosocial

**90 min**

**Presentasyon ng Video at Pagbabahaginan sa Plenaryo: Ang Karanasan sa Yolanda - 30 min**

- Papanuorin ang mga kalahok ng *video* ng Bagyong Yolanda.
- Pagkatapos panuorin ang *video*, tanungin ang mga kalahok:
  - Ano ang naramdaman mo habang pinanunuod ang pelikula?
  - Ano ang naramdaman ng Kapitan ng Barangay nang interbyuhin siya kagyat makalipas ang bagyong Yolanda?
  - Ano ang maaaring ginawa para mapangibabawan niya ang sakit at kawalan?
- Magbahagi ang mga kalahok ng kanilang *insights* at mga iniisip.

## Input-Talakayan

**60 min**

- Talakayin ang kahulugan ng 'psychosocial'. Iugnay ang mga *insights* mula sa nakaraang aktibidad tungkol sa kahulugan at magpakita ng mga biswal na halimbawa.
- Talakayin ang mga tipo, prinsipyo, at pagpoprograma ng Psychological First Aid. Tanungin ang mga kalahok kung may mga taong nangangailangan ng nakapokus o ispesyalisadong *psychosocial services* sa panahon na nagtatasa ng pangangailangan (*simulation*).
- Himukin ang mga kalahok na ipaliwanag nila ang katangian at pag-uugali ng mga tao. Iugnay ang kanilang mga sagot sa pagpoprograma ng *psychosocial first aid*.
- Lagumin ang mga susing punto at ang kahalagahan ng pagpoprograma sa *psychosocial interventions* upang maprotektahan ang kagalingan ng mga *survivors* ng disaster.
- Ipakilala ang susunod na sesyon (*peacebuilding*) at idiin na ang prosesong pangkapayapaan (at pagkakamit ng kapayapaan) ay esensyal sa pagtataguyod ng kagalingan ng bawat isa.

## Ang Prosesong Pangkapayapaan

**30 min**

- Upang mahimok sa talakayan, tanungin ang mga kalahok ng:
  - Kung ang relief services ay naibibigay sa mga lugar na may gyera o armadong labanan, ano ang implikasyon nito kaugnay ng:
    - Probisyon sa relief goods: Ang mga apektadong komunidad bang sumisimpatya sa armadong grupo (non-state) na kasama sa gyera o armadong labanan ay bibigyan ng tulong at relief goods?
    - Transportasyon o pagbibyahe ng relief goods: Papayagan mo bang mag-escort ang military o gamitin ang kanilang mga sasakyan sa paghahatid ng relief goods sa mga komunidad na apektado ng armadong labanan?

- Koordinasyon: Makikipagtulungan (coordinate) ka ba sa militar o sa mga armadong grupo (non-state) sa pamamahagi ng relief goods sa mga apektadong komunidad? Ano ang magiging adyenda sa mga ganitong koordinasyon?

- Magtuloy na talakayin ang kompleksidad ng armadong labanan kaugnay ng pagbibigay ng makataong tugon at pagpoprograma nito. Tumutok sa partikular na dynamics ng tunggalian (power relations sa pagitan ng nagtutunggaliang partido, saklaw ng impluwensya nila sa komunidad, LGUs at iba pang sangkot o stakeholders) kung saan ang pagsasanay ay ginagawa at tinatalakay kung paanong ang dynamics na ito ay makaiimpluwensya sa makataong tugon at pagpoprograma.
- Idiin ang kahalagahan ng pagbubuo ng scenario sa mga komunidad kung kailan ang pagpaplano at pagdidisenyo ng mga hakbang (measures) sa paghahanda, prebensyon, at mitigasyon.
- Talakayin kung paano nagpoprograma ng prosesong pangkapayapaan sa mga lugar
- na may armadong labanan o digma.
- Nota: Laging magbigay ng update sa kalagayang panseguridad at kapayapaan at mga pagsisikap sa peace building sa rehiyon kung saan ginagawa ang pagsasanay.

## Transisyon sa Modyul 4

- Lagumin ang mga susing aral mula sa modyul (Pagpoprograma ng Pangkagipitang Tugon) sa pamamagitan ng pagrepaso sa tatlong sesyon:
- Pagpoprograma sa Saligang Serbisyo (Pagkain, NFIs, WASH, Tirahan), Mainstreaming Protection, Gender, Ingklusyon, at Adbokasiya sa Pagpoprograma ng Makataong Tugon, at Pagpoprograma ng Serbisyong Ispesyal Teknikal (Psychosocial Support at Peace Building). Ang pagpoprogramang gagawin ay dapat na resulta ng sistematikong pagtatasa ng pangangailangan (na tinalakay sa Modyul 2). Kapag nagpoprograma ng mga serbisyong ito, ang karapatan at dignidad ng mga apektado ang pangunahing nasa isip ng mga tumutugon (responders).
- Kapag naiprograma na ang mga serbisyo sa pagtugon, ang susunod na modyul ay magtutuon na sa pamamahala at operasyunalisasyon ng mga serbisyong tinalakay.

## Pinagsanggunian ng Modyul


Christian Aid & Center for Disaster Preparedness. (2016). 49CARRAT-HOPE (Four Humanitarian Principles, Nine Humanitarian Standards Christian Aid Rapid Response Team HumanitarianOrientation for Partners'Empowerment) training manual. Unpublished.

Training Materials and Presentation of Balay Rehabilitation Center.

## Suportang Serbisyong Silohikal

Ano ang Sikolohikal?

*"Ang sakit ng kalingkingan ay dama ng buong katawan"* (Kawikaang Pilipino)

- "**Psycho**"
  - Mula sa salitang Griego na "psyche"
  - Nangangahulungan ng "hininga", "kaluluwa," "ispirito"
  - Sa modernong sikolohiya, pumapatungkol ito sa:
    - Gawi at mga nakagawian
    - Sarili o indibidwalidad kasama na ang pananaw, paniniwala, kaalaman at kakayahan
- "**Sosyal**" o "**Panlipunan**"
  - Pamilya
  - Kapitbahay
  - Pamayanan
  - Pagsasamang panlipunan
- **Psychosocial?**
  - *Wala ito sa bokabularyo ng Filipino. Gayunman, may sariling pagkaunawa ang mga Pilipino rito bilang isang konsepto o pananaw kaugnay ng mga tiyak na mga kaganapan sa ating buhay.*
  - Tungkol ito sa relasyon natin sa ating sarili, sa ibang mga tao, sa pamayanan, at sa mga kalagayang kinapalolooban natin.
  - Epekto sa ating pagkatao ng mga karanasan at mga sitwasyon, gayundin ang impluwensya natin sa ating kapaligiran at kalagayang iniiralan.

**Ano ang Kagalingang (Well-being) Sikolohikal?**


- Tinitiyak ang kagalingan at ang kakayahang maging maayos sa lahat ng aspeto ng buhay:
  - Nakakamit ang mga saligang pangkaligtasang pangangailangan.
  - Natutugunan ang mga pangangailangan upang umunlad na nakaayon sa edad, pisikal, intelektwal, at emosyunal.
  - Positibo at nakatutulong ang mga panlipunang relasyon.
  - Abot-kamay ng mga tao ang mga pangkabuhayan at panlipunang rekurso.
- **Aspeto ng 'Relief' sa Kultura ng Filipino**
  - **Ispiritwal**
    - Malusog na ispiritwalidad
    - Malakas na ugnayan sa Diyos
  - **Mental at Emosyunal**
    - Malusog na pag-iisip at damdamin
    - Kakayanang magbago ng takbo ng pag-iisip at paghihilom ng damdamin
  - **Pisikal**
    - Walang sakit, masigla at malakas ang pangangatawan
    - Pag-aalaga sa kalusugan at katawan
  - **Relasyon**
    - Malalim na ugnayan sa pamilya at iba
    - Paglutas ng mga tunggalian

- **Trabaho**
    - Ang trabaho ay dapat na nagbibigay ng kasiyahan at mataas na pagpapahalaga-sa-sarili
- **Laro**
    - Paglalaro at kasiyahan
    - Pagkakaroon ng libangan at aktibidad na pampalipas oras
- **Kapaligiran**
    - Pagiging bahagi ng matatag na mga institusyon (simbahan, paaralan, pamahalaan)
    - Pagkalinga sa kapaligiran

**Ano ang ating gagawin kapag ang mga biktima ng karahasan at krimen ay nangangailangan ng tulong?**

- Magbigay ng alalay, simpatya at tulong


**Figure 23. Crisis Affecting Psychosocial Wellbeing**




**Psychosocial Support (PSS)**

- Materyal at hindi-materyal na tulong para protektahan at iangat ang psychosocial na kagalingan
- Tiyak, planado at may intensyon (IASC, 2007)
- Ang pangunahing layon ay mapigilan, at ang benipesyaryo ay mga indibidwal na wala pang sintomas ng pagkakasakit sa isip.
- Nagtatawirang aktibidad para mapigilan at mabawasan ang mga negatibong epekto sa kagalingan ng indibidwal para maiangat ang kakayahan ng pamilya at pamayanan na makapagtulungan, makapagpatuloy sa kanilang araw araw na buhay, at makapaghilom (UNICEF).

**Figure 24. Psychosocial Support Services in Emergencies**



**Pagpoprograma ng Psychosocial na Tulong**

- **Saligang Seguridad at Serbisyo**
    - Pagkain at Nutrisyon
    - Tubig at Kalinisan/Sanitasyon
    - Kabuhayan
    - Sebisyong Pangkalusugan
    - Serbisyong Panlipunan
    - Serbisyong Pangkaalaman
- **Suporta ng Pamayanan at Pamilya**
    - Mga aktibidad na:
        - Nag-aangat ng pandama sa seguridad at kaligtasan
        - Nagbibigay ng tumpak at napapanahong impormasyon
        - Nagnonormalisa ng arawang buhay
        - Nageengganyo ng paglahok
        - Nagbabalik ng tiwala at kumpyansa
        - Higit na pagpapatatag (*Enhance resilience*)
    - Pagbalik sa trabaho at paaralan
    - Laro at aktibidad panlibangan
    - Aktibidad para sa pre-school/school-based
    - Mga organisasyon (*clubs*) para sa mga bata at kabataan
    - Mga relihiyoso at tradisyunal na seremonya
    - Kamalayan sa pamayanan
    - Mga grupo ng magulang
    - Paghahasa ng kasanayan
    - Pagsasanay sa mga mag-aaral (*Apprenticeships*)
    - Proyektong pangkabuhayan at maliitang pautang (micro-credit)
    - Pagbubuo ng mga pamamaraan (Schemes)

- **Suporta ng Pamayanan at Pamilya**
    - Pagbibigay ng gabay sa pagpapahusay ng mga pamamaraan ng pagiging magulang (*parenting methods*) na tanggap sa kultura ng pamilya at pamayanan
    - Alalayan ang mga magulang at myembro ng pamilya sa pagharap sa kanilang mga sariling kahirapan
    - Suportahan ang pagbubuo ng mga komite ng magulang (*parent committees*)
    - Magsagawa ng regular na dalaw sa pamilya para sa mga tagapag-alaga na nangangailangan ng karagdagang alalay
    - Suportahan ang abot-kamay na saligang serbisyo sa pamilya
    - Tulungan ang mga tagapag-alaga at guro para higit na makayanan ang buhay sa panahon at pagkaraan ng emergency sa pamamagitan ng pag-alalay sa kanilang coping skills, suporta sa pangangasiwa, at suporta ng mga kasamahan (*peer group support*)
    - Tulungan ang mga tagapag-alaga tulad ng mga guro, mga kasapi ng pamayanan at relihiyon, at mga manggagawang pangkalusugan na maalalayan ang kanilang mga anak

    - Pagsasanay ng guro: ang mga guro ang kadalasang pinakaepektibong daluyan sa pagtulong sa mga balisang (*distressed*) bata, gayunman, kailangang tiyakin na hindi magkatunggali ang pulitikal at etnikong paniniwala ng guro at mga bata,
    - Pagsasanay para sa mga personel pangkalusugan
    - Suportang *psychosocial* sa mga tagapag-alaga ng matatanda
    - Palakasin ang suporta ng kabataan at sa kapwa bata
    - Pagpapatuloy ng mga aktibidad na pangkultura at tradisyunal
    - Palakasin ang *social networks*

- **Nakatutok na Suporta**
    - Para sa mga hindi nakasasapat ang kasalukuyang umiiral na network ng suporta at wala namang clinical mental disorder (hal., case management, hotline, paunang lunas na sikolohikal, pagpapayo, at structured play activities)
- **Ispesyalisadong Serbisyo**
    - Sikolohikal at psychiatric support para sa mga may sakit sa pag-iisip, lulong sa droga at alkohol, may kapansanan o nawalan ng kakayahang magsalita, at yaong mga sobrang agresibo

**Mga Saligang Prinsipyo sa Kalusugang Mental at Psychosocial Support**

1. **Karapatang Pantao at Katarungan**
   Katarungan at walang diskriminasyon
2. **Paglahok**
   Maksimisasyon ng apektadong populasyon sa makataong tugon
3. ***Do No Harm***
   Pagiging sensitibo (sensitivity), may kaugnayan (relevance), at pagiging lihim (confidentiality)
4. **Pagbubuo mula sa Naririyan na Rekurso**
   Pagbubuo ng lokal na kakayahan, pagsuporta sa sariling-sikap at pagpapalakas sa mga rekursong nariiyan na
5. **Magkakarugtong na Sistema ng Suporta**
   Iwasan hangga't maaari ang sobrang sabog at stand-alone na mga serbisyo
6. **Maraming suson na suporta**
   Maraming suson at magkakatugmang suporta na nakatutugon sa pangangailangan ng iba't ibang grupo

**Mga Saligang Prinsipyo sa Kalusugang Mental at Psychosocial Support**


- Ang peacebuilding ay pagsisikap na tumukoy at suportahan ang mga istrukturang magpapalakas at magpapatibay ng katahimikan at kaayusan para maiwasang bumalik sa tunggalian' (The Centre on Conflict,Development and Peacebuilding).
- Mga hakbang na nakadisenyo para patatagin ang payapang relasyon at patibayin ang mga ginagamit na pulitikal, sosyo-ekonomiko at kultural na institusyon para mamagitan sa tunggalian, at palakasin ang iba pang mekanismo na maaaring makalikha o makasuporta sa mga kinakailangang kundisyon para mapanatili ang kapayapaan (Inter-Agency Network for Education in Emergencies).

**Makataong Pagkilos (Humanitarian Action)**

- Ang makataong pagkilos ay sumasaklaw sa kahandaan-sa-panahon-ng-kagipitan at pagtugon sa krisis. Kasama sa mga larangan ng pagkilos ang mga sumusunod:
- Paghahatid ng mga saligang serbisyo (hal., pagsasaka, koordinasyon at pamamahala ng kampo, maagang pagbawi, edukasyon, silungang pangkagipitan (emergency shelter), pangkagipitang komunikasyon (emergency communication), kalusugan, lohistika, nutrisyon, proteksyon at water, sanitation and hygiene o WASH)
- Koordinasyon ng makataong pagkilos at adbokasiya; Pamamahala at pagsusuri ng impormasyon; Koordinasyon ng sibilyan at militar; Pakikipag ugnayang pulitikal sa mga aktor sa antas ng pambansa at internasyunal; at Administrasyon ng proyekto.

**Figure 25. Proseso ng *Disaster Risk* Reduction at Pamamahala (DRRM) at Proseso ng Pagbubuong Pangkapayapaan (*Peace Building*)**





# Modyul 4

## PAANO PINAMAMAHALAAN ANG TUGONG PANGKAGIPITAN (EMERGENCY RESPONSE) PAMAMAHALA NG OPERASYON NG PANGKAGIPITANG TUGON

### Sesyon

**Sesyon 4.1**

Pagpili ng Magbebenipisyo

**Sesyon 4.2**

Pamamahala sa Tugong Pangkagipitan (Emergency Response Management)

Sesyon 4.1

# PAGPILI NG MAGBEBENEPISYO

## Layunin ng Pag-aaral

Sa dulo ng sesyon, magagawa na ng mga kalahok na:

- Tukuyin ang iba't ibang humanitarian actors at mga relasyon nila sa isa't isa batay sa kapangyarihang taglay nila, lalo na sa pagitan ng mga donors, responders at benepisyaryo;
- Talakayin ang pagtugon sa sakuna (disaster) sa antas ng indibidwal at pamilya; at
- Ilapat ang mga prinsipyo at pamantayang makatao sa pagtugon sa mga pinakabulnerableng grupo, lalo na sa mga taong may kapansanan, mga bata, at matatanda.

## Sulyap sa Sesyon

| Oras | Paksa | Pamamaraan |
|---|---|---|
| 120 min | Pagtatakda ng Criteria para sa Pagpili ng Beneficiary | |
| 15 min | | Ehersisyo |
| 45 min | | Palihan |
| 30 min | | Talakayang Plenaryo |

**Duration**

120 min

**Materials**

Biscuits
Metacards
Markers
Manila papers
Masking tape

**Preparation**

Ihanda ang power point presentation sa pagpili ng beneficiary

# Proseso

## Pagtatakda ng Criteria para sa Pagpili ng Benepisyaryo

**90 min**

### Ehersisyo: Dividing the Goods - 15 min

- Hatiin ang mga kalahok sa tatlong grupo. Ang mga grupo ay DAPAT na pantay-pantay na nakahati. Tiyakin na ang isang grupo ay binubuo ng 10%, ang isa ay binubuo ng 30%, at ang huli ay binubuo ng 60% ng kabuuang bilang ng mga kalahok.
- Ipamahagi ang katumbas na bilang ng pakete ng biskwit ("*relief*") sa bawat grupo. Hayaan silang tukuyin at pagkasunduan ang pamantayan sa pamamahagi ng *relief* (hal. sino sa mga kasapi ng grupo ang dapat na maunang mabigyan at bakit).
- Iproseso ang karanasan sa pamamagitan ng pagtatanong:
    - Anong mga kahirapan ang nasalubong ng bawat grupo sa pamamahagi ng relief?
    - Paano nalutas ang mga kahirapang ito?
    - Paano iuugnay ang ehersisyo sa mga tunay na nararanasan sa panahon ng pamamahagi ng *relief*?
- Ipaliwanag na ang ehersisyo ay naglalayong ihanda ang mga kalahok sa susunod na palihan kaugnay ng pagpili ng benepisyaryo.
- Pagulungin ang talakayan kaugnay ng kahalagahan na alamin ang target na mga benepisyaryo o pinakabulnerableng grupo, ano at gaano ang kanilang kailangan. Iugnay ang aktibidad na ito sa Power Walk sa Modyul 3, tiyakin na kasali ang lahat sa konsultasyong ginawa.

### Palihan - 45 min

- Pabalikin ang mga kalahok sa kani-kanilang *workshop groups*. Sabihan sila na alalahanin ang mga lumitaw na punto sa ginawa nilang pagtatasa ng mga kailangan (*simulation*). Batay sa kanilang nakita, atasan ang mga grupo na magbuo ng mga pamantayan sa pagpili at magpanukala ng listahan ng mga benepisyaryo para sa mga sumusunod na *relief packs*:
    - Group 1: Pagkain at NFIs
    - Group 2: WASH at *Evacuation Site*
    - Group 3: *Shelter Kits*
- Ihapag ng bawat grupo ang kanilang pamantayan sa pagpili. Paalalahanan ang mga kalahok na ilatag at ipagtanggol ang kanilang mga pamantayan at listahan ng mga benepisyaryo batay sa mga pamantayang makatao, may pagsasaalang-alang sa konteksto at kultura ng lokalidad, at gamit ang prinsipyo sa gender, ingklusyon at proteksyon.
- Maghapag ng mga katanungan sa bawat grupo na magpapatingkad sa kaibahan ng 'pagpili ng benepisyaryo' sa pagitan ng mga manggagawa sa *development* at *humanitarian*. Magbato ng mga pinakamahihirap na katanungan (hal. dapat bang isama sa listahan ang mga pormal/di-pormal na lider na kritikal sa pag-abot sa bulnerableng mga grupo?)

### Talakayang plenaryo - 30 min

- Pagkatapos makapag-ulat ng mga grupo, pagulungin na ang talakayang plenaryo at itanong ang mga sumusunod: Ano ang iyong naging pakiramdam sa ginawang proseso? Ano ang hamon na ginawa ng ehersisyo? Paano mo nakikitang magbabago ang pamantayan sa pagpili sa yugto ng rekoberi at rehabilitasyon?
- Idiin ang mga sumusunod:
  - Habang mahalagang pansinin ang bawat isang pagtingin sa pagpili ng partner na pamayanan para sa development work, malaking hamon para sa mga development workers ang paglalapat ng mga prinsipyong makatao na nakapokus sa mga pinakabulnerable sa pagpili ng mga benepisyaryo para sa kagyatang pagtugong pangkagipitan.
  - Sa kabila ng relatibong malaki na pondong humanitarian, ang mga rekurso ay hindi makasasapat kailanman para sa pangangailangan at kagustuhan ng bawat isa. Ang mga limitasyon ay tiyak na lilitaw sa tipo at dami ng rekurso na maibibigay at sa bilang ng benepisyaryo. Kailangang tandaan na ang pinakakaraniwang problemang lumilitaw sa panahon ng pangkagipitang tugon ay kapag hindi malinaw na nakalatag ang lahat ng pamantayan at makaisang panig ang pagpili ng mga benepisyaryo. Maaari ding maging tunggali ito sa development approaches na naghahanap ng higit na malawak na kalahok at kung saan ang lahat ay sangkot sa proseso. Higit pa rito, ang mga development strategies ay maaaring may ibang mga targets at preferences (hal., kasapi ng komunidad na aktibo sa organisasyon o nagtataguyod ng isang adbokasiya). Ang pagpili ng benepisyaryo ay mas madali kung mamimili lamang sa pagitan ng mayaman at mahirap, pero nagiging kumplikado kapag ito ay pamimili sa iba't ibang sektor sa hanay mismo ng mahirap na pawang biktima ng sakuna/disaster.

- Mahalaga na may malinaw na pagsapol sa iba't ibang mga prinsipyo at pamantayang makatao:
  - Walang kinikilingan
  - Walang kinakampihan
  - Paglahok at Maalam na pagpayag (informed consent)
  - Suporta sa lokal na kapasidad
  - May balansyadong kinatawan ng bulnerableng mamamayan

### Transisyon sa Sesyon 2

- Ang sesyon na ito ay nakadiin sa kahalagahan at kahirapan ng pagbubuo ng pamantayan sa pagpili ng benepisyaryo para tiyakin na ang pinakabulnerable ang mapili para sa kagyat na pagtugong pangkagipitan.
- Papaksain ng susunod na sesyon kung paanong ang mga kalakal at serbisyo ay maihahatid sa mga piniling beneficiaries.

# Pagpili ng Benepisyaryo

Bakit kailangang pumili?

Bakit hindi na lang bigyan ang lahat?

Bakit hindi na lamang ibagsak (air drop) ang mga kalakal sa mga nangangailangan?

- Para patibayin ang dignidad (dangal) na may pagmamahal, may habag at kababaang-loob

Paano kung limitado ang pondo ng LGU?

Ano ang mga pamantayan sa pagpili?

**Figure 26. Pamantayan sa Pagpili ng Benepisyaryo**





**Figure 27. Tumatagos (*Transparency*) at Paglahok ng Komunidad sa Pagpili ng Benepisyaryo**




**Figure 28. Mga Patnubay sa Kondukta ng Pagpili ng Beneficiary**

| Humanitarian consideration | Impartiality |
|---|---|
| Alleviate human suffering<br>Treat affected families as dignified humans | Provide assistance to those in need regardless of race,<br>nationality, or political alignment |
| **Neutrality**<br>Aid will be given according to the need of individuals, families, and communities not by political alignment or religion | **Cultural sensitivity**<br>Respect customs and traditions practiced in the community |

Receiving aid from other agencies may eventually exclude the poorest frombreceiving standards-compliant emergency response. How will you handle their frustration and anger?

This may include people who are opposed to your advocacy. Will you still respond to their needs?

Selecting may cause harm and conflict. How do you handle this?

Often, formal and informal leaders are excluded from the beneficiary list. How will this affect your allies and the community you are organizing?

Sesyon 4.2

# PAMAMAHALA SA PAGTUGONG PANGKAGIPITAN (EMERGENCY RESPONSE)

## Layunin ng Pag-aaral

Sa dulo ng sesyon, magagawa na ng mga kalahok na:

- Kilanlin ang iba't ibang larangan na pamahalaan ang pangkagipitang tugon;
- Ipatupad ang mga pamantayang makatao sa pamamahala sa pangkagapitang tugon para matiyak na makukuha ng mga benepisyaryo ang marapat na para sa kanila.

## Sulyap sa Sesyon

| Oras | Paksa | Pamamaraan |
|---|---|---|
| 90 min | Pag-ooperasyunalisa ng Emergency Response | |
| 60 min | | Palihan |
| 30 min | | Plenaryo sa pagpoproseso ng resulta ng palihan |

### Duration

90 min

### Materials

Printed case study
Metacards
Markers

Manila papers
Masking tape

### Preparation

Ihanda ang PowerPoint presentation tungkol sa Operationalizing Emergency Response

# Proseso

## Workshop

**60 min**

- Pabalikin ang mga kalahok sa kani-kanilang grupo. Mamahagi ng kopya ng case study sa lahat ng kalahok. Talakayin ang kaso. Atasan ang bawat grupo na gumawa ng plano para sa emergency relief operations batay sa scenario na nasa case study. Para magawa ito, sabihan ang mga kalahok na:
  - Suriin at ihanay ang mga pangunahing pangangailangan ng mga apektado;
  - Tukuyin ang pangkalahatang estratehiya para matugunan ang mga pangangailangan batay sa panloob at panlabas na kalagayan sa mga apektadong lugar;
  - Alamin ang mga ahensya at organisasyon na maaaring maging kapartner para isagawa ang mga estratehiya at makaagapay sa *response operations*;
  - Tukuyin ang kinakailangang lohistika at tao (*human resources*);
  - Gumawa ng mapa para sa pagpasok: at
  - Tukuyin ang paraan ng pamamahagi ng *relief goods*.
- Tanungin ang mga kalahok kung paano nila gagamitin ang Buod ng mga Pamantayang Humanitarian sa bawat yugto.

## Pagpoproseso sa Plenaryo ng mga Resulta ng Palihan

**30 min**

- Paghapagin ang bawat grupo ng resulta ng kanilang ginawa. Tanungin ang ibang grupo kung may isyung maaaring kaharapin ang grupong nag-uulat batay sa plano.
- Matapos makapag-ulat ang lahat ng grupo, tanungin sila ng mga alternatiba ayon sa case study. Hayaan ang mga kalahok na maghanap ng iba pang mga paraan o estratehiya, at tukuyin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mga alternatiba (Plano A, B, at C) o contingency plan para tiyakin na makararating pa rin ang kinakailangang serbisyo kahit magkaroon man ng mga hindi inaasahang pangyayari. Talakayin ang lahat ng maaaring lumitaw na usapin sa paghahatid ng serbisyo at pagbabalak para rito.
- Diinan ang mga sumusunod na punto:
  - Ang istrukturang pang-organisasyon ay nagtitiyak ng mahusay, epektibo at may pananagutang pangkagipitang tugon. Karaniwang nagiging suliranin ang kakapusan ng tauhan. Kung gayon, maaari namang magbigay ng higit sa isa o maraming tungkulin sa mga tao kung natitiyak na nakakamit ang mga itinakdang layunin at mahigpit na tumatalima sa mga prinsipyo.
  - Maliban sa mga nirekrut na mga istap at boluntir, mahalaga ring kinikilala ang papel na ginagampanan ng mga mamamayang apektado ng disaster. Pinasisigla natin ang paglahok ng mga tuwirang apektado ng mga kalamidad. Ito ay isang anyo ng *psychosocial support* na nakatutulong sa paghihilom ng mga *mild trauma* sa pamamagitan ng pagtatransporma sa mga biktima bilang mga *social agents*.

### Transisyon sa Ika-3 Bahagi

- Repasuhin ang mga susing aral simula ika-2 Bahagi ng Pagsasanay. Ang Ika-2 Bahagi ay pangunahing nakatutok sa paglalapat ng mga prinsipyo at pamantayang makatao sa pangkagipitang tugon: pagtatasa ng pangangailangan; pagpoprograma ng mga batayan at teknikal na serbisyo habang inilalagay sa pangunahing agos ang pagpapahalaga sa proteksyon, gender, ingklusyon, at adbokasiya; at pag-ooperasyonalisa ng pamamahala sa pangkagipitang tugon na nakatutok sa pagpili ng mga benepisyaryo para sa tugon/relief operations.
- Ang susunod na bahagi ng pagsasanay ay nakatutok sa mga kalahok – makataong manggagawa/mga boluntir. Tatalakayin dito kung paano tinitiyak ng kanilang organisasyon ang kalusugan, kaligtasan, at kagalingan (wellbeing) nila. Papaksain din dito ang kahalagahan ng pag-aalaga ng sarili at ng kanyang team.

### Pinagsanggunian ng Modyul


Christian Aid & Center for Disaster Preparedness. (2016). 49CARRAT-HOPE (Four Humanitarian Principles, Nine Humanitarian Standards Christian Aid Rapid Response Team Humanitarian Orientation for Partners' Empowerment) training manual. Unpublished.

# Pag-Ooperasyunalisa ng Emergency Response

*Ano ang mga kaganapan sa nakaraan kaugnay ng humanitarian response?*

- Mga Pandaigdigang Ganap at *Humanitarian Structures Timeline*
    - 1863 – Pagsilang ng Red Cross
    - 1864 – Ang Red Cross at ang Batas Humanitarian
    - 1914-1918 – Unang Digmaang Pandaigdig
      National Red Cross Societies
    - 1939-1945 – Ika-2 Digmaang Pandaigdig
      UN Charter
    - 1949 – Kumbensyong Geneva
    - 1859 – Labanan sa Solferino
      ICRC (International Committee of the Red Cross)
    - 1967-1970 – tunggaliang Biafra
    - 1994 – Rwandan Genocide
      Red Cross and People in Aid Codes: Sphere forms
    - 1997 – Sphere Handbook
    - 2003 – Pandaigdigang Partnership Kaugnay ng Pananagutang Humanitarian
    - Accountability Partnerships (HAP International) Forms
    - 2004 – Indian Ocean Tsunami
      Humanitarian Reform Project
      Cluster; CERF (Central Emergency Response Fund)
    - 2013 – Bagyong Haiyan / Yolanda
    - 2015 – Buod ng mga Pamantayang Humanitarian
    - 2016 – World Humanitarian Summit

**Figure 29. World Events and Humanitarian Structures Timeline**



## Pambungad

- **Pagtugon sa Disaster**
    - Probisyon ng serbisyong pangkagipitan at tulong publiko sa panahon at makaraan ang disaster para sumagip ng buhay, mabawasan ang epekto sa kalusugan, matiyak ang kaligtasan ng bawat isa, at makapagbigay ng mga batayang pangangailangan sa apektadong populasyon.

- **Kautusang Humanitarian (Humanitarian Imperative)**
    - Ang *humanitarian imperative* ay tungkol sa karapatan na tumanggap at mag-alok ng makataong tulong (*humanitarian assistance*). May mga pagkakataon na pinipigilan o tinatanggihan ng mga otoridad na makarating sa mga sibilyan ang makataong tulong dahil sa mga kadahilanang pulitikal o panseguridad.

- **Ang mga Prinsipyong Humanitarian**
    - Ang mga prinsipyong humanitarian ang gumagabay sa pagsasagawa ng makataong tugon. Ito ang nakatitik sa *charters* at *mission statements* ng mga organisasyong *humanitarian*.
        - **Pagpapakatao (Humanity)** – Dapat lutasin ang anuman at saan man ang pagdurusa ng tao.
        - **Walang Kinakampihan (Neutrality)** – ang mga *humanitarian actors* ay hindi dapat pumapanig sa alinmang kampong naglalabanan at/o hindi nasasangkot sa mga kontroberya sa pulitika, lahi, relihiyon at ideolohiya.
        - **Walang Kinikilingan (Impartiality)** – ang mga hakbang *humanitarian* ay isinasagawa sa **tanging batayan ng pangangailangan**, at nagbibigay ng pangunahing prioridad sa mga pinakakagyat na kaso, nang walang kinikilingang nasyunalidad, lahi, gender, pananampalataya, uri at opinyong pulitikal. Elemento: Walang diskriminasyon, Proporsyonalidad, at Walang suhetibong pagtatangi.
        - **Malaya (Independence)** – Ang hakbang *humanitarian* ay dapat na nagsasarili (*autonomous*) mula sa pulitikal, ekonomiko, military at/o anumang layunin na maaaring paninindigan ng mga *humanitarian actors* kung saan nagpapatupad ng mga makataong aksyon.


- **Pamantayang Humanitarian**

**Figure 30. Core Humanitarian Standard**





- ***Interoperability***
    - Ito ang naglalarawan ng pagsisikap na i-*optimize* ang pagtugon sa pangangailangan ng mga apektadong mamamayan sa pamamagitan ng epektibong pagpapagana ng sabay-sabay na iba't ibang sistema ayon sa inaasahang paraan na nakabatay sa kani-kanilang bentahe at hindi sila nagpapagamit (nako-coopt), at habang nahahayaan pa rin ang iba't ibang mga pagpapahalaga (values) (UN OCHA).


## Figure 31. Interoperability sa Pagtugon sa DRRM System sa Pilipinas




## Figure 32. Objectives of the Response Cluster in the Philippine DRRM System



## Figure 33. Kasapian ng Response Cluster sa Philippine DRRM System




## Figure 34. Istruktura ng Municipal DRRM Council sa Pilipinas




**Figure 35. Istruktura ng Barangay DRRM Committee sa Pilipinas**







**Figure 36. Pagkukumpara sa Pano ng National Disaster Response (NDRP) at sa UN Cluster System**

| National Disaster Response Plan (NDRP) | UN Cluster System |
|---|---|
| Pagkain at Non-Food Items | Seguridad sa Pagkain |
| | Tirahan |
| | Nutrisyon |
| Kalusugan | Kalusugan |
| Proteksyon | Proteksyon |
| Lohistika | Lohistika |
| Koordinasyon at Pamamahala sa Kampo | Koordinasyon at Pamamahala sa Kampo |
| Edukasyon | Edukasyon |
| Telekomunikasyong Pangkagipitan | Telekomunikasyong Pangkagipitan |
| NDRP | UN Cluster System |
| Pandaigdigang Relasyong Humanitarian | |
| Pamamahala sa mga Namatay at Nawawala | |
| Paghanap Pagsagip at Retrieval | |
| Batas at Kaayusan | |
| | Maagang Pagbawi |
| | WASH (Water, Sanitation, and Hygiene) |


**Figure 37. Humanitarian Landscape**





# 3
## Ikatlong Bahagi

# REKURSONG HUMANITARIAN



# Modyul 5

## REKURSONG TAO (HUMAN RESOURCES)

### Sesyon

Sesyon 5.1

Mga Prinsipyo ng Tungkulin sa Pangangalaga

Sesyon 5.2

Pangagalaga sa Sarili at sa Team

Sesyon 5.1

# MGA PRINSIPYO NG TUNGKULIN SA PANGANGALAGA

## Layunin ng Pag-aaral

Sa dulo ng sesyon, magagawa na ng mga kalahok na:

- Tukuyin ang mga prinsipyo at hakbang sa pagtitiyak ng kalusugan, kaligtasan at kagalingan ng mga istap at boluntir na nakasalang sa gawaing makatao; at
- Ilarawan ang mga estratehiya sa pangangalaga ng kalusugan, kaligtasan at kagalingan ng mga istap at boluntir na nasa gawaing makatao

## Sulyap sa Sesyon

| Oras | Paksa | Pamamaraan |
|---|---|---|
| 10 min | Pambungad sa Sesyon | Talakayang Plenary |
| 50 min | Mga Prinsipyo sa Pangngalaga ng mga Manggagawang Humanitarian | Talakayang Interaktib |

**Duration**

60 min

**Materials**

Pinaraming kopya ng mga prinsipyo sa pangangalaga ng mga manggagang humanitarian

Metacards
Markers

**Preparation**

Ihanda ang PowerPoint presentation tungkol sa Mga Prinsipyo sa pangangalaga ng mga Manggagawang Humanitarian

# Proseso

## Pambungad sa Sesyon

**10 min**

- Engganyuhin ang mga kalahok na alalahanin ang Komitment 7 at 8 ng buod ng mga Pamantayang Makatao. Ang mga komitment bang ito ay ginagamit sa kanilang lugar-trabahuhan?
- Sa maraming kaso, lalo na sa lokal na pamahalaaan (LGU) o lokal na NGO, ang kanilang sahod/alawans ay hindi katumbas ng nakaatang sa kanilang trabaho, mas malala pa ito sa mga panahon ng disaster.
- Paalalahanan ang mga kalahok na dapat tiyakin ng kanilang mga ahensya/upisina/organisasyon ang kanilang kaligtasan, dignidad, at karapatan.

## Mga Prinsipyo sa Pangangalaga ng mga Manggagawang Humanitarian

**50 min**

Talakayin ng maikli ang pitong prinsipyo sa pangangalaga ng mga manggagawang makatao (batay sa People in Aid Code of Good Practice). Ipaskil sa harapan ang kopya ng mga prinsipyo habang tinatalakay (ihanay ng pahalang mula sa kaliwa-pakanan).

- Sabihan ang mga kalahok na magsulat gamit ang mga may kulay na metacard (may nakatokang kulay sa bawat prinsipyo) kung paano ang bawat prinsipyo ay nailalapat sa kanilang pinapasukan. Ipaskil ang kanilang sagot sa harapan at ilagay/ihanay kung saang prinsipyo nabibilang ang kanilang aktwal na karanasan at kalagayan.
- Pagkatapos ipaskil ang kanilang mga sagot, itanong ang mga sumusunod:
    - Nakakatanggap ba kayong lahat ng pare-parehong benepisyo?
    - Anong mayroon ang ibang kalahok sa kanilang organisasyon na wala kayo? Kailangan nyo rin ba ang mga ito?
    - Ano ang kailangan ninyong lahat pero wala kayo?
- Sabihan ang mga kalahok na ibahagi ang kanilang mga ideya kaugnay nang kung paano pa higit na maipatutupad ang mga prinsipyo.
- Tukuyin ang mga sumusunod:
    - Dapat na isinasaisip at tinitiyak ng mga istap at boluntir sa makataong tugon ang kanilang kalusugan at kagalingan. Kaugnay nito, kinakailangang:
        - Tiyakin at hindi dapat naikukumpromiso ang kalusugan at kaligtasan ng mga kasamahan sa trabaho
        - Magbigay ng pidbak sa anumang mga usapin
        - Sundin ang mga hakbang pangseguridad
    - Sa kabilang banda, ang mga organisasyong makatao ay kailangang:
        - Magbigay ng panahon para tiyakin ang kaligtasan ng pamilya
        - Paunlarin ang mga patakaran sa: upisina at personal na seguridad, paglalakbay, ligal, kalusugan (pisikal at mental), pangkagipitang hakbang (hal., kailangang lumikas atbp.)
        - Magbigay ng kailangang benepisyo para sa *social protection*: Social Security System (SSS), PhilHealth, *accident insurance*



- Alamin ang medical at sikolohikal na kalusugan (*fitness*) at magsagawa ng mga tsek-ap at napapanahong bakuna
- Magbigay ng sapat na *briefing* sa mga istap at boluntir
- Magbigay ng *safety gear* at *survival kit*
- Tiyakin ang tuluy-tuloy na 24-na-oras na sistema ng komunikasyon
- Buuin ang *emergency payroll* para sa mga istap

# Mga Prinsipyo sa Pangangalaga ng mga Manggagawang Humanitarian

## Koda ng Mahuhusay na Praktika ng mga Manggagawang Humanitarian (People in Aid Code of Good Practice)

- **Unang Prinsipyo: Ang *human resource strategy* ay bahagi ng estratehiko at operasyunal na plano.**

  Aplikasyon: Tiyakin na ang plano ay nagpapahayag tungkol sa kahalagahan ng tao sa pagkakamit ng mga plano, gayundin sa mga plano sa pagbubuo ng kapasidad, sa probisyon sa rekurso para sa pagpapaunlad ng *human resource*, mga patakaran para sa pangangalaga ng mga istap at pamilya nila sa panahon ng kagipitan, at Code of Conduct.

- **Ika-2 Prinsipyo: Ang mga patakaran sa *human resource* ay patas, epektibo at *transparent.***

  Aplikasyon: Talakayin ang mga patakaran sa istap. Ang mga patakaran ay pinatutupad sa lahat. At regular na nirerepaso.

- **Ika-3 Prinsipyo: Malakas na suporta, pamamahala, at pamumuno sa istap ang susi sa epektibong pagtugon.**

  Aplikasyon: Maglagay ng tagapamahala na may sapat na kasanayan sa pamumuno, ipamilyarisa sila sa mga susing patakaran, at tiyakin na may mga rekurso sila para epektibong makapamahala. Maglunsad ng Emergency Orientation Program para sa lahat ng istap, buuin ang Drills EmployeeTracking System,at Family Emergency Plans

- **Ika-4 Prinsipyo: Makipag-dayalog sa mga istap tungkol sa mga bagay na makaaapekto sa kanilang trabaho at paunlarin ang kalidad at epektibidad ng ating mga patakaran at praktika.**

  Aplikasyon: Magsagawa ng regular na pulong ng istap, pulong ng mga team, pagtatasa-pagpaplano.

- **Ika- 5 Prinsipyo: Ang mga patakaran at praktika na nakatindig ay humihigop at nakapipili ng mga pwersang paggawa na may iba't ibang kasanayan at kapasidad para magampanan ang mga itinakda nating rekisitos.**

  Aplikasyon: Ang proseso ng pagsubok-at-pamimili ay dapat na epektibong tutukoy kung kakayanin ng aplikante ang stressful na kalagayan ng trabaho. Magsagawa ng regular na pagtatasa kung paano gumagampan ng gawain (performance appraisal).

- **Ika-6 na Prinsipyo: Ang pagsasanay at pagpapaunlad sa istap ay makatutulong para higit na mapagbuti ang kanilang propesyunal na gawain.**

  Aplikasyon: Kailangang nagsasagawa ng mahahalagang pagsasanay, pagpapaunlad at pag-aaral kapwa sa antas personal at propesyunal para matulungan ang mga istap na makagampan ng epektibo at propesyunal.

- **Ika-7 Prinsipyo: Ang seguridad, kalusugan at kaligtasan ng istap ang pangunahing responsibilidad ng organisasyon (duty of care).**

  Aplikasyon: Ang mga patakarang panseguridad ay dapat na mahigpit na nakalugar, ang mga istap ay dapat may kaalaman sa pag-aalaga ng sarili, pagpapabuti (wellness), sa pagsuporta ng kasamahan, at, pagbibigay ng rekursong medikal tulad ng *insurance*, *check-ups*, at *psychosocial workshops*.

Sesyon 5.2

# PANGANGALAGA NG SARILI AT TEAM

## Layunin ng Pag-aaral

Sa dulo ng sesyon, magagawa na ng mga kalahok na:

- Ipaliwanag ang kahalagahan ng pangangalaga sa sarili at sa team; at
- Ilarawan ang mga estratehiya para sa pangangalaga ng sarili at team bago, sa panahon at makaraan na tumulong sa disaster sa pinakabulnerableng grupo rito; lalo na sa mga may kapansanan, mga bata, at mga nakatatanda.

## Sulyap sa Sesyon

| Oras | Paksa | Pamamaraan |
|---|---|---|
| 60 min | Paano Kakayanin ang Stress | |
| 50 min | | Indibidwal na Ehersisyo: Meditation |
| 30 min | | Interaktib na Talakayan |

**Duration**

60 min

**Materials**

Laptop
LCD Projector

**Preparation**

Ihanda ang PowerPoint presentation sa Pangangalaga sa Sarili at Team

# Proseso

### Indibidwal na Ehersisyo: Meditation

**10 min**

Atasan ang mga kalahok na ipikit ang mga mata. Habang tumutugtog ang malamyos na musika, sabihan silang mag-*meditate* at magnilay sa:

- Ano ang NAIISIP nila habang nasa pangkagipitang tugon
- Ano ang NADARAMA nila habang nasa pangkagipitang tugon
- Ano ang GINAGAWA nila habang nasa pangkagipitang tugon

### Group Exercise: Talakayan at Role Play

**30 min**

- Hatiin ang mga kalahok sa 4 na grupo. Group 1 ang magtatalakay ng kung ano ang iniisip nila habang nangyayari ang pangkagipitang tugon. Group 2 ang magtatalakay ng kung ano ang kanilang nadarama habang nangyayari ang pangkagipitang tugon. Groups 3 at 4 ang magtatalakay ng kung ano ang ginagawa nila habang nangyayari ang pangkagipitang tugon.
- Atasan ang Group 1 at 2 na ibahagi ang mga punto na kanilang napagtalakayan. Atasan naman ang Group 3 at 4 na lumikha ng scenario para i-role play. Bigyan ng sapat na panahon ang Group 3 at 4 na i-role play ang kanilang mga hakbang.

### Interaktib na Talakayan

**20 min**

- Makaraan na maisagawa ng mga grupo ang lahat ng kanilang naisip, nadama, at mga ginawa pagkatapos ng pangkagipitang tugon, ay tukuyin naman ang lahat ng stress, pagod, kawalan ng tulog, atbp., na isinadula ng mga grupo na kailangang pakitunguhan para patuloy pa nilang kayanin na makatulong sa iba.
- Talakayin ang kahulugan at kahalagahan ng pangangalaga sa sarili at team, gayundin ang mga estratehiya sa pangangalaga sa sarili bago, sa panahon, at pagkatapos ng disaster.
- Tapusin ang sesyon sa pamamagitan ng pagpapaalala sa mga kalahok na alagaan ang sarili para maalagaan ang iba.

### Pinagsanggunian ng Modyul


Alberta Health Services. (2016). Responders stress and self-care during a disaster or emergency. Retrieved from http://www.albertahealthservices.ca/assets/healthinfo/mh/hi-amh-prov-mhpip- disaster-responders-stress-and-self-care.pdf

World Health Organization. (2013).Psychological first aid: Facilitator's manual for orienting field workers. Retrieved from http://www.who.int/iris/bitstream/10665/102380/1/9789241548618_eng. pdf

World Health Organization, War Trauma Foundation and World Vision International (2011).Psychological first aid: Guide for field workers. WHO: Geneva. Retrieved from http://whqlibdoc. who.int/publications/2011/9789241548205_eng.pdf

# Proseso

## Pangangalaga sa Sarili at sa Team

*Paano ka nangangalaga sa kalusugan, kaligtasan at kabutihan ng kasamahan mo sa team kapag tumutugon ka sa disaster?*

*Magbigay ng mga rekomendasyon na magtitiyak ng kalusugan, kaligtasan, at kabutihan ng kasapi ng iyong team.*

- Pangangalaga sa Sarili
  Pangalagaan ang sarili para maalagaang mabuti ang iba.

**Figure 38. Group Exercise sa Pag-iisip, Pagdama, at Paggawa**



**Pangkat 1**
Ano ang iyong **NAIISIP** pagkatapos ng emergency response?

**Pangkat 2**
Ano ang iyong **NARARAMDAMAN** pagkatapos ng emergency response?

**Pangkat 3-4**
Ano ang iyong **GINAGAWA** pagkatapos ng emergency response?

**Figure 39. Pag-aalaga ng Sarili Bago, Habang, at Pagkatapos ng Disasters**



## HABANG: Pag-manage ng Stress – Malusog na Pag-uugali sa Gawain at Buhay

**Stress**

- Bilang *aid worker*, maaaring sa pakiramdam mo ay ikaw ang responsable sa pangangalaga at kaligtasan ng mga tao.
- Maaari kang makasaksi o tuwirang makaranas ng mga grabeng sitwasyon tulad ng pagkawasak, pagkapinsala, kamatayan, o karahasan.
- Maaaring makarinig ka ng mga kwento ng mga taong dumanas ng matinding sakit at pagdurusa.
- Ang lahat ng mga karanasang ito ay maakakaapekto sa iyo at sa mga kasama mong tumutulong.

**Stressors**

- **Dalawang malalawak na kategorya ng stressors**
  Ang *stressor* ay anumang nagiging dahilan ng paglabas ng *stress hormones*. May dalawang malawak na kategorya ng stressor: **Physiological** (o pisikal) stressors at **Psychological** (sikolohikal) stressors.
  - **Physiological (o pisikal) Stressors**
    May mga stressors na bumibinat sa ating katawan (hal.: sobrang lamig/init na temperatura, pagkasugat, tuluy-tuloy na pagkakasakit, o sakit/hapdi).
  - **Psychological Stressors**
    Ito ay mga kaganapan, kalagayan, mga indibidwal, mga kumentaryo, o anumang inaakala nating negatibo o panganib sa ating kaligtasan.

**Tips**

- Sikaping magbigay ng panahon sa pagkain, pagpapahinga, at paglilibang kahit sa maiikling sandali.
- Sikaping sumunod sa makatwirang oras ng pagtatrabaho para hindi sobra-sobrang napapagod.
- Subukang hatiin ang mga bigat ng gawain sa mga kasamahan, magrelyebo sa gawain sa panahon ng katindihan ng krisis para tiyakin na nakakasiwang ng regular na pahinga.
- **Paunlarin ang Positibong Gawi**
  - Bawasan ang pag-inom ng alkohol, caffeine o nicotine at iwasan ang iligal na droga.
- **Social Support**
  - Kamustahin ang mga kasamahan at alamin ang kanilang kalagayan, at hayaan din silang kamustahin ka at alamin kung ano ang iyong kalagayan. Humanap ng mga paraan kung paano magkakatulungan sa isa't isa.
  - Makipag-usap sa kaibigan, mga mahal sa buhay o sa mga taong pinagtitiwalaan mong makapagbibigay tulong.
- **Magnilay**
  - Pag-isipan kung ano ang mga bagay na nakatulong sa iyo sa nakaraan at ano ang mga maaari mo pang gawin para maging matatag.
  - Alalahanin na hindi mo tungkulin na lutasin ang lahat ng suliranin ng mga tao. Gawin mo ang lahat ng iyong magagawa para tulungan ng mga tao ang kanilang sarili.

## PAGKATAPOS: Magpahinga, Bumawi, Magnilay

**Pagpapahinga at Pagninilay**

- Ang pagbibigay ng panahon para magpahinga at magnilay ay mahalagang bahagi ng pagtatapos ng iyong papel bilang tumutulong.
- Ang kalagayan ng disaster at ang mga pangangailangan ng mga taong natagpuan mo rito ay maaaring maging napakamapanghamon, at napakahirap na balikatin ang kanilang mga sakit at dusa.
- Pagkatapos tumulong sa disaster, maglaan ng panahon para pagnilayan ang karanasan para sa sarili at sa iba.

**Ang mga sumusunod na mungkahi ay maaaring makatulong sa iyong pagbawi/rekoberi:**

- Ikwento ang iyong karanasan sa pagtulong sa mga sitwasyon ng krisis sa iyong superbisor, kasamahan, o sa sinumang pinagtitiwalaan mo.
- Kilanlin kung anuman ang mga kaya at hindi mo kayang gawin para tulungan ang iba. Kahit sa maliliit na paraan.
- Matutunan na magnilay at tanggapin ang mga bagay na nagawa mo ng mahusay, mga bagay na hindi mo nagawa ng maayos, at ano ang mga limitasyon mo batay sa tiyak na mga sirkumstansya.
- Maglaan ng panahon, hangga't ipinahihintulot, na makapagpahinga at makapaglibang bago muling magsimula sa panibagong tungkulin sa gawain at buhay.

**Pangmatagalang rekoberi**

- Kapag nakaranas ka ng partikular na sintomas sa mahigit na isang buwan:
  - Nakababagabag na isipin kaugnay ng naganap
  - Matinding kaba at malalim na lungkot
  - Hindi makatulog
  - Pag-inom ng maraming alcohol/droga
- Ipinapayo na kumonsulta at makipagusap sa ispesyalista sa kalusugang mental.

# Modyul 6

## RE-ENTRY PLANNING



## Layunin ng Pag-aaral

Sa pagtatapos ng *re-entry planning*, ang mga kalahok ay maaari nang:

- Alamin ang mga programa, proyekto, at aktibidad (kasama na ang mga patakaran at mekanismo sa pagpapaunlad) na magagawa na ng kanilang mga upisina sa pagpapatupad ng mga prinsipyong makatao sa mga paghahanda at pagtugon sa mga kagipitan (pagtataya ng pangangailangan, pagtatasa, pagpoprograma ng mga batayan at teknikal na serbisyo, abp.);
- Magtakda ng isang taong action plan;at
- Tukuyin ang mga tao/komite na responsable sa bawat tungkulin/hakbang.

## Sulyap sa Sesyon


| Oras | Paksa | Pamamaraan |
|---|---|---|
| 10 min | Rationale at mga Layunin para sa Re-Entry Planning | Talakayang Plenaryo |
| 30 min | Re-Entry Planning | Palihan |

**Duration**



30 min

**Materials**



Laptop
LCD Projector

# Proseso

## Rationale at mga Layunin sa Re-Entry Planning

**10 min**


- Sabihan ang mga kalahok na pumaloob sa mga grupo ng ayon sa kinabibilangan nilang organisasyon.
- Ipaliwanag ang rationale at mga layunin sa re-entry planning.
    - Ang *re-entry* plan ay plano na binuo ng mga kalahok sa pagsasanay para ilapat ang kanilang mga natutunan nang mag-'*re-enter*' sila sa organisasyon. Ang pagbubuo nito ay mahalaga para tiyakin na ang mga kaalaman at kasanayan na natutunan nila ay maisasalin nila sa kanilang organisasyon. Sa pamamagitan nito, natututo rin ang organisasyon at makakaasa na mapaghuhusay pa nila sa proseso ang kanilang nagagawa.
    - Sa pagbubuo ng *re-entry plan*, mangangailangan ng panahon ang mga kalahok/trainees na pagnilayan ang kanilang mga natutunan, ganyundin ang kalagayan ng kanilang organisasyon (at kapartner na komunidad) at kung paanong ang mga natutunan ay makatutulong sa pagharap sa mga tiyak na usapin sa kanilang orgnisasyon at partner na komunidad.

## Palihan

**20 min**

Sabihan ang bawat grupo na sagutin ang mga sumusunod na katanungan:


- Batay sa mga natutunang aral mula sa pagsasanay at/o mga karanasan sa pagtugon ng iyong organisasyon:
    - Anu ang mga suliranin sa kapasidad kaugnay ng:
        - Mekanismo sa Kahandaan
        - Pagtatasa ng pangkagipitang pangangailangan
        - Pagbibigay halaga sa proteksyon, ingklusyon, at adbokasiya sa pagpoprograma ng *humanitarian response interventions*
        - Pagpoprogrograma ng mga batayang serbisyo
        - Pagpoprograma ng mga spesyal at teknikal na serbisyo
        - Pagpili ng benepisyaryo
        - Pagpaplano sa pagpaparating ng relief
    - Ano ang mga kailangan pang paunlarin na mga usapin sa susunod na taon?
    - Anong mga programa, proyekto,at aktibidad (PPAs) ang kailangang isagawa para makamit ito? Kailangan mong isasagawa ang mga aktibidad?
    - Sino ang mamumuno sa pagpapatupad ng bawat PPA?
- Sabihan ang mga kalahok na magsumite ng kopya ng *re-entry plans*.



# 4

## Ika-apat na Bahagi

# PAGSASANAY NG MGA TAGAPAGSANAY



# Modyul 7

## PRAKTIKUM

## Sesyon

### Sesyon 7.1

Pag-aaral ng Nakatatanda

### Sesyon 7.2

Praktikum

Sesyon 7.1

# PAG-AARAL PARA SA NAKATATANDA (ADULT LEARNING)

## Layunin ng Pag-aaral

Sa dulo ng sesyon, magagawa na ng mga kalahok na:

- Talakayin ang kahalagahan na gamitin ang pag-aaral para sa nakatatanda sa mga isinasagawang pagsasanay;
- Ilarawan ang mga katangian ng isang nakatatandang mag-aaral; at
- Tukuyin ang pamamaraan ng pagpapadaloy ng pag-aaral para sa nakatatanda.

## Sulyap sa Sesyon

| Oras | Paksa | Pamamaraan |
|---|---|---|
| 60 min | Pag-aaral para sa Nakatatanda | Interaktib na Talakayan |

**Duration**

60 min

**Materials**

Kopya ng aktibidad na "show me"
Craft papers / bond papers
Mga larawan / halimbawa ng mga konsepto

**Preparation**

Ihanda ang mga kagamitan
Praktisin ang "show me" (opsiyonal)

# Proseso

## Aktwal na Pagpapadaloy

**30 min**

- **Aktibidad 1:** Tagubilinan ang mga kalahok na saglit na alalahanin ang isang kaganapan o tagpo sa pagsasanay kung saan sila ay naging bahagi nito. Sabihan ang mga kalahok na maghati-hati ng tambalan at magtalakayan kung paano ito naging isang matagumpay na aktibidad-pagsasanay. Ibahagi ng bawat pares ang mga puntong inabot ng kanilang talakayan sa plenaryo.
    - Ibigay ang mga sumusunod na katanungan bilang gabay sa talakayan ng bawat pares.
        - Ano ang naramdaman mo habang patungo sa lugar na pagdarausan?
        - Paano ang iyong mga pangangailangan ay kinikilala ng tagapagsanay?
        - Anong mga aktibidad sa sesyon ang nakatulong para maabot ang iyong mga pangangailangan?
    - (opsyunal na aktibidad) "Show Me"
    - Talakayang plenaryo hinggil sa kahalagahan ng pag-aaral para sa nakatatanda.
    - Tipo ng mga kalahok
    - Mga katangian ng nakatatandang mag-aaral
    - **Aktibidad 2:** "Estilo ng Pagsasanay". Ano ang mahalaga sa iyo bilang tagapagsanay?

## Mga Konsepto sa Talakayan

**30 min**

**Kahalagahan ng Pag-aaral para sa Nakatatanda**

- Estilo ng pagaaral
    - Tradisyunal vs. *participatory learning*
    - Ang pag-aaral o pagkatuto ay hindi isang pagdedeposito ng kaalaman, mula sa guro tungo sa mag-aaral – ang konseptong pagbabangko ng edukasyon
    - Nagpapalitan ang tungkulin ng guro at ang tungkulin ng mag-aaral. Kapwa dapat maging mulat na ang mga mag-aaral ay maaring maging mga guro at ang mga guro ay maging mga mag-aaral. (Freire)
- Halimbawa ng mga tipo ng kalahok

**Mga katangian ng isang nakatatandang mag-aaral**

- Apektado ng:
    - Edad, Antas ng pag-unlad, Papel ng Nakatatanda, Karanasan, Pamamaraan ng pagaaral, Kapasidad na umunawa
- Mga Prinsipyo sa Pag-aaral para sa Nakatatanda (LEAPS)
    - Mga estilo ng pag-aaral (*Learning Styles*)
    - Karanasan (*Experience*)
    - Aplikasyon at Aksyon (*Application and Action*)
    - Pansariling pakinabang (*Personal Benefit*)
    - Sariling-Direksyon (*Self-Direction*)

**Mga metodolohiya sa Pag-aaral para sa Nakatatanda**

- Mga estilo ng pagsasanay
- Ano ang inaasahan ng mga nakatatandang mag-aaral?
  - **Expertise o mataas na antas ng kasanayan**
  - **Karanasan** paglalapat sa tunay na buhay o aplikasyon at pagtuturo
  - **Rationale:** Isang planado at lohikal na paraan(approach) hinggil sa kung bakit ang mga sesyon at mga aktibidad ay nakaayos batay sa sarili nitong lohika ng kaayusan
    - Lohikal na daloy/istruktura ng sesyon ng pag-aaral para pagaangin ang pagkatuto
    - Konsiderasyon sa mga limitasyon sa panahon at badyet
  - **Paninindigan:** Kahalagahan ng malinaw na pag-unawa sa nilalaman at kasanayan

**Pagpapadaloy na Kalahok ang Lahat/Pagaaral**

- Ang pagiging kasali ng lahat (ingklusibo) ay hindi lamang para sa mga may kapansanan. Ito ay tungkol sa pagbibigay ispasyo o pagkakataon kung saan ang bawat isa ay makalalahok at kumportable.
- Ang pagiging kasali ang lahat (ingklusibo) ay hindi lamang tungkulin ng tagapagsanay. Ito ay responsibilidad din ng mga kalahok.
- Gayunman, responsibilidad ng tagapagsanay na likhain ang espasyo at oportunidad na tuklasin ng grupo kung ano ang pagiging-ingklusibo para sa kanila.
- Bilang tagapagsanay, mahalagang inaalam kung sino ang wala sa loob ng kwarto at kung bakit maaaring magkaganoon. Makatutulong ito sa pagpaplano ng mga pagsasanay sa hinaharap.
- Ano ang mga pangangailangan ng isang tagapagpadaloy?

Ang atin bang aktibidad ay ingklusibo?

- Sino ang wala dito? Bakit?

Ang mga pangangailangan ba ng mga tagapagsanay at mga kalahok ay kapwa sapat na natutugunan?

## Tips

- Habang palagian mong sinisikap na unawain at tayain ang mga pangangailangan ng iyong mga kalahok, lalo at higit kang magiging isang matagumpay na tagapagsanay.
- Kahalagahan ng pagkatuto sa pamamagitan ng paggawa o praktika.
- Ang ating tungkulin ay ang padaluyin at isakatuparan ang pagaaral.

## Pinagsanggunian ng Modyul


Basic Instructors' Guide (BIG) for CBDRRM Manual, OCD-JICA

AusAID-DILG-CDP. Technical Assistance for Urban SettlerFamilies Project (2013-2015). 2015.

CDPFI. Trainer'sAcademy 2.

2015. ASB Indonesia. Inclusive Facilitation WorkshopFreire, Paulo. Principlesof Adult Learning.

Knowles, Malcolm.Principles of Adult Learning

Hope, A. and Timmel, S. Training for Transformation: A Handbook for Community Workers

**Figure 40. Mas Mataas na Antas ng Pagsangkot ay Nagbubunga ng Mas Mahusay na Pagunawa( Better Recall)**





**Figure 41. Mga Bagay na Kinukunsidera sa Hanay ng Nakatatandang Mag-aaral**



Mas madalas kaysa hindi...

1. Ang mga nakatatanda ay may sariling kusa kapag nasapol na nila ang pangangailangan.
2. Ang mga nakatatanda ay kadalasang abala o okupado sa pagreresolba ng suliranin at paghahanap ng solusyon sa mga arawang tungkulin.
3. Ang mga nakatatanda ay may malawak na karanasan at pinagbabatayang kaalaman na matutungtungan.
4. Ang mga nakatatanda ay nangangailangang kaagad na gamitin ang kanilang mga natutunang kaalaman.

**Figure 42. Disenyo ng Palihan: Pagkukumpara ng Tradisyunal at Participatory**

| Aspeto | Tradisyunal | Participatory |
|---|---|---|
| Pokus | Nilalaman | Mag-aaral |
| Pangunahing pangpapalagay | Kakapusan/kawalan ng kaalaman at kasanayan ng mag-aaral | May tipong kaalaman o upinyon batay sa kanyang karanasan ang mag-aaral na maibabahagi niya sa kapwa mag-aaral |
| Papel ng tagapagsanay | Tagapagturo | Tagapagpadaloy |
| Papel ng Mag-aaral | Tahimik na umupo at makinig at maging pasibo | Aktibong magbahagi ng karanasan, magbahagi ng ideya, magsuri, magplano at ilapat ang bagong natutunan |
| Proseso | Lektura. Isang direksyong pagpapasa ng kaalaman mula sa eksperto mula sa labas patungo sa mag-aaral | Pangkatang proseso na nakararating sa isip, puso at kaluluwa ng mag-aaral |
| Pangunahing layunin | Pagsasalin ng teknikal na laman mula sa isip ng tagapagturo patungo sa isip ng mag-aaral | Magkaroon ang mag-aaral ng magkakaugnay na kaalaman, kasanayan at aktitud na magagamit at mapakikinabangan nila sa tunay na buhay |

## Implikasyon ng Disenyo ng Palihan

- Participatory
- Simple-Komplikado
- Paggising sa mga Senses
- Indibidwal-Grupo
- Batay sa karanasan/Aplikasyon
- Katawan-Isip-Puso-Kaluluwa
- Nakabatay sa Konteksto

Karaniwan, may mga balakid o limitasyon tungkol sa panahon at badyet.

**Ang Siklo ng Pagsasanay**

- Yugto Bago-ang-Pagsasanay
    - Pagsasagawa ng Pagtatasa sa mga Pangangailangan ng Pagsasanay (TNA)
    - Pagdidisenyo ng Pagsasanay at Modyul sa Pagsasanay
    - Koordinasyon sa mga Kalahok
    - Mga Paghahandang Lohistikal
- **Sa Panahon ng Pagsasanay**
- **Yugto ng Aktwal na Pagsasanay**
    - Pangkabuuang Koordinasyon sa Pagsasanay/Pagpapadaloy
    - Pagpapadaloy ng Modyul
    - Dokumentasyon
    - Ebalwasyon
    - Mga Transaksyong Administratibo (*Administrative Transactions*)
- **Ebalwasyon**
    - Nakasulat o binibigkas
    - Publiko o Pribado
    - Nakabukas o Sarado
    - Grupo o indibidwal
    - May akda o wala (Authored or anonymous)
    - At/o nakakumbina sa iba't ibang pagkakasunud-sunod
- **Pagkatapos ng Pagsasanay**
    - Yugto Makaraan ang Pagsasanay
        - Kumprehensibong Ebalwasyon
        - Pagpipinal ng Ulat ng Pagsasanay
        - Pagsubaybay at Ebalwasyon ng Aplikasyon/Mga Kalahok
        - Sa susunod na 5.5 na araw... (*In the next 5.5 days...*)
    - Ang modyul ba ay angkop batay sa partikular na konteksto ng ating mga partners/mag-aaral)
        - Ito ba ay nagtataguyod ng mga prnsipyong nakapagpapalahok (*participatory principles*)?
        - Ito ba ay nagkukunsidera sa mga kakaibang katangian ng mga nakatatanda? Ito ba ay *gender sensitive*? Inilalagay ba nito sa unahan ang kapakanan ng mga bulnerableng sektor (mga bata, matanda, may kapansanan, kababaihan, LGBT)?
        - Mailalarga ko ba ito sa aking erya? Ano ang mga babaguhin ko?

## Pinagsanggunian ng Modyul


Chambers, Robert.2002. Participatory workshops: a sourcebook of 21 sets of ideas and activities. London: Earthscan Publications.

Hope, A. & Timmel, S. 1984. Training for Transformation 1. Gweru: Mambo Press.

Virginia Commonwealth University. No date. How adults lean (Session 2 of the Training Development Conference). http://www.people.vcu.edu/~albest/EDGE/Session2.pdf

**Sesyon 7.2**

# PRATIKUM

## Layunin ng Pag-aaral

Sa dulo ng sesyon, magagawa na ng mga kalahok na:

- Magtalakay ng isang sesyon mula sa Batayang Gabay para sa Instruktor (BIG)) mula sa Manwal ng CBDRRM;
- Tukuyin ang mga kalakasan na maaari pang paunlarin sa pagpapadaloy ng sesyon; at
- Tasahin ang kapwa mag-aaral sa kung paano nila pinadaloy ang kani-kaniyang mga sesyon.

## Sulyap sa Sesyon

| Oras | Paksa | Pamamaraan |
|---|---|---|
| 60 min | Proseso ng Prakticum | Interactive Discussion |
| | Ayusin ang Lugar | |
| | Praktikum | |
| | Pagbabahaginan ng Karanasan sa Panahon ng Praktikum | |
| | Pagsusuma | |

**Duration**

60 min

**Materials**

Tool Kits 1-5 (PowerPoint Presentations ng lahat ng modyul sa bawat kalahok)
5 laptop computers

5 LCD projectors
Iba pang material sa pagsasanay na maaaring hilingin ng mga kalahok

**Preparation**

Ihanda ang mga gagamitin
Praktisin ang "show me" (opsiyonal)

# Proseso

**Mga Paalala sa Tagapagpadaloy:**

- Huwag kalilimutan na gawin ang mga sumusunod na bagay sa dulo ng ika-4 na Araw:
  - Ang bawat grupo ay papipiliin ng modyul na pinakakumportable silang padaluyin at ang bawat isang miyembro ng grupo ay totokahan ng sesyon na isagawa at pangasiwaan ang praktikum.
  - Tagubilinan ang mga kalahok na basahin ang Annex 2 (Tips sa Pagpapadaloy) ng Batayang Gabay para sa mga Instruktor (BIG)) mula sa Manwal ng CBDRRM.
  - Tiyakin na ang mga kalahok ay may electronic copy ng toolkits/PowerPoint presentations isang araw bago ang praktikum para mabigyan sila ng sapat na panahon na mapag-aralan ang kanilang sesyon.
- Tayo ngayon ay nasa huling sesyon na ng ating limang araw na pagsasanay – ang praktikum. Ngayong natapos na natin ang lahat ng mga modyul, mayroon na tayong sapat na kaalaman para ilarga ang susunod na serye ng mga pagsasanay sa community-based disaster risk reduction and management (CBDRRM). Ang praktikum ang siyang magsisilbing patunay ng ating kahandaan. Ito rin ay magpapahintulot o magbibigay-daan sa atin para matuto hinggil sa mga larangan na nangangailangan pa ng ating pagpapaunlad bilang mga tagapagpadaloy/tagapagsanay.
- Bago tayo bumalik sa ating mga grupo at isagawa ang ating praktikum, pag-usapan muna natin ang proseso ng sesyong ito.

**Pangkatang Aktibidad: Praktikum**

- Ang praktikum ay isasagawa ng bawat grupo. Ang mga silid ay aayusin na ang bawat grupo ay hindi maaabala ng iba pang grupo (ang iba pang silid ay pwedeng magamit kung hindi okupado).
- Dalawang kinatawan mula sa team ng mga tagapagsanay ay uupo sa bawat grupo para pangasiwaan ang praktikum.
- Ang bawat kalahok ay bibigyan ng 15 minuto para padaluyin ang sesyon na naitoka sa kanya. Ang tagapagsanay ay maaaring magpasyang patigiling magpatuloy ang kalahok na magpatuloy kahit hindi pa tapos ang oras nito, kung siya ay nakapagpakita naman na nang sapat.
- Isang pagtatasa ang isasagawa matapos ang bawat sesyon upang makita ang pagganap ng bawat isang tagapagpadaloy upang magkaroon ng kabatiran sa kung saan naging maayos at saan ang kailangan pang paunlarin:
  - Ang tagapagpadaloy ay siyang mauunang magbigay ng kaniyang pagtatasa sa sarili niyang pagganap.
  - Ang bawat miyembro ng grupo ay magbibigay ng kanilang pagtatasa sa tagapagpadaloy. Upang makatipid sa panahon, ang mga punto na nauna ng naihapag ay hindi na kailangang paulit-ulit pang banggitin.
  - Ang mga miyembro ng pangkat ng tagapagsanay ang huling maghahapag ng kanilang mga punto ng pagtatasa.
  - Makaraang ang bawat kasapi ng grupo ay makatapos sa kanilang mga sesyon, isang kinatawan ang hihilingan na ibahagi ang kanilang mga napagtanto at/o mga tip sa pagpapadaloy na kanilang natutunan sa buong panahon ng mga talakayan (pagpoproseso ng plenaryo).

**Pagbubuod na Talakayan at Pagpoproseso: Pangkatang Aktibidad 6-1. Praktikum**

- Batiin ang bawat isang kalahok sa inilunsad na matagumpay na praktikum.
- Humingi ng boluntir mula sa bawat grupo para ibahagi ang kanilang mga reaksyon at/o mga tip sa pagpapadaloy na natutunan ng grupo sa buong panahon ng praktikum.
- Matapos ang pagbabahagi, tanungin ang iba pang mga grupo kung mayroon pang mga karagdagang paglilinaw, mga katanungan, o mga komento.
- Sumahin ang mga ibinahaging punto ng mga boluntaryo.
- Tagubilinan ang lahat ng mga kalahok na maghanda para sa panghuling aktibidad at okasyon o ritwal ng pagsasara.

# Praktikum

**Figure 43. Nakatutok sa Pag-unawa sa Konteksto ng mga Kalahok/mga Komunidad**




### Praktikum

Sabihin mo sa akin at aking makakalimutan. Ipakita mo sa akin at aking maaalala. Subalit hayaan mo lang ako at aking mauunawaan.

- Ang Karanasan ng CDP
    - Gayahin (*Simulated*)
    - "Tunay" (*on-site*)
- Mga aral mula sa PATATAG (isang kwento ng kaso)
    - Yugto Bago-ang-Pagsasanay
        - Pagbubuo ng Pangkat sa Pagsasanay
        - Pagsasagawa ng TNA
        - Pagdidisenyo ng Pagsasanay at mga Modyul ng Pagsasanay
        - Koordinasyon  sa mga Kalahok
        - Mga paghahanda sa Lohistika
        - Yugto ng Aktwal na Pagsasanay
        - Pangkabuuang Koordinasyon sa Pagsasanay/Pagpapadaloy
        - Pagpapadaloy ng Modyul
        - Dokumentasyon
        - Ebalwasyon
        - Mga Transaksyong Administratibo (Administrative Transactions)

## Mga Mayor na Aral mula sa PATATAG

1. Pagtatatag ng Pangkat ng Tagapagsanay/Pagsasanay
2. Pagdidisenyo ng pagsasanay
   - TNA
   - Kalinawan ng mga layunin at mensahe
   - Paglilinaw ng mensahe
   - "Pagdidisenyo ng Pangkat" ("*Team Designing*")
   - Mapanlikhang Metodolohiya
   - Pagyuyugto
   - Paglalaan ng Oras/Panahon (*Time Allotment*)
3. Pag-iimbita sa mga Tagapagsalita
   - Pagpili
   - Balon ng mga Tagapagsanay (Pool of Trainers)
   - Mga pagsasaayos hinggil sa disenyo para sa kanila
4. Pangangasiwa at Pagpapadaloy sa mga sesyon
   - Pangangasiwa sa Oras
   - Pagkukonsidera sa kanilang mga limitasyon at kapasidad
   - Mga Katanungan at mga Kasagutan
   - Kakayahang umangkop
   - Pagpili ng mga paksa "*to sacrifice*"
5. Suporta sa mga kalahok
   - Koordinasyon (bago at sa aktwal)
   - Sikolohikal na paghahanda

Pagbabalanse sa pagitan ng mga kalahok na makaranasan at mga wala o kapos pa

## Mga Aral mula sa mga "Practicum Learners"

Mga Aktibidad Bago-ang-Pagsasanay

1. Ang maayos na koordinasyon at preparasyon sa hanay ng mga miyembro ng pangkat ng mga tagapagsanay ay krusyal sa pagtitiyak ng madulas na daloy ng pagsasanay.
2. Ihanda ang lahat ng mga kinakailangang kagamitan (biswal, mga gamit sa palihan).
3. Pinag-aaralang mabuti ng mga Tagapagpadaloy/Tagapagsalita ang mga paksa upang hindi niya babasahin ang kanyang mga tatalakayin sa panahon ng pagsasanay at sapat at maayos na masasagot ang mga teknikal na katanungan mula sa mga kalahok.

Sa Aktawal na Pagsasanay

1. Simulan sa mga pampasiglang aktibidad na may kaugnayan sa paksa o pagsasanay.
2. Likhain ang maayos at madulas na ugnayan(rapport) sa mga kalahok (sa pamamagitan ng mga biro, kwento, mata sa matang kontak, at ibp.).
3. Magbato ng mga katanungan para mang-enganyo at magpalitaw ng mga ideya at mga karanasan mula sa mga kalahok (magsimula sa mga bagay na alam na nila).

4. Gumamit ng mga biswal na pangkiliti at magtutulak sa mga diskusyon (pelikula, mga larawan) at pupukaw sa malakas at malalim na mga damdamin o emosyon .
5. Gumamit ng mga salita/lenggwaheng panatag o kumportable ang mga kalahok.
6. Subukang gamitin ang pamamaraang nakabatay sa karanasan (experiential method) sa pagpapaliwanag sa mga lubhang malalalim na terminong teknikal (tulad ng greenhouse effect, liquefaction atbp)
7. Purihin ang mga kalahok sa kanilang mahusay na insights at output. Iwasan ang mga komentayo na makasasakit ng kanilang kalooban.
8. Ikumpara at pag-ibahin upang mailarawan ang mga punto.
9. Ang timpladong boses (modulated voice) ay makakatulong para makuha ang atensyon ng mga kalahok; ang mataas na antas ng enerhiya ay makakatulong din sa pagpapasigla ng mga kalahok.
10. Pamahalaan ng maayos ang oras/panahon habang tinitiyak na ang lahat ng paksa ay natatapos ng buo at/o napupuspos.
11. Community-based DRRM: Tiyakin na ang mekanismo sa DRRM ginawa mismo ng mga miyembro ng komunidad.

**Figure 44. Modyul Asaynment**

**Pagdidisenyo ng isang pagsasanay (Bago-ang-pagsasanay)**

| | |
|---|---|
| Pamagat ng pagsasanay | Batayang Pagsasanay sa Community-based Disaster Risk Reduction at Pamamahala |
| Mga pangkalahatang layunin | |
| Petsa at bilang ng araw | 2 araw |
| Barangay/pagdarausan | |
| Mga kalahok | |

| Laman ng Paksa | Layunin | Pamamaraan | Itatagal | Kailangang mga gamit | Responsable na tao | Badyet |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | |
| | | | | | | |

# ANNEX

## Mungkahing Template para sa *Re-Entry Planning*

Organisasyon: ______________________________

Petsa ng Paghahanda: ______________________________

| | Gaps | Programs, Projects and Activities | Time Frame | Person / Office Resposible |
|---|---|---|---|---|
| 1. Mekanismo sa Kahandaan | | | | |
| 2. Pagtatasa sa Pangkagipitang Pangangailangan | | | | |
| 3. Tungkol sa Pagpoprograma sa Batayang Serbisyo (Food, NFI, Shelter, WASH) | | | | |
| 4. Tungkol sa Pagpoprograma ng Espesyal na Serbisyong Teknikal (hal. Psychosocial Support, Peace Building) | | | | |
| 5. Tungkol sa Mainstreaming ng Proteksyon, Gender, Inklusyon, at mga Usapin ng Adbokasiya sa DRRM | | | | |
| 6. Tungkol sa Pagpili ng Benepisyaryo | | | | |
| 7. Tungkol sa Pagpaplano para sa Operasyon sa Paghahatid ng Relief | | | | |
| Iba pang Usapin ng DRRM | | | | |



## PRINTING SUPPORTED AND FUNDED BY

